رئاسة الشؤون الدينية
بالمسجد الحرام والمسجد النبوي

Filipino

فلبيني تجالوج

حِرَاسَةُ التَّوحِيدِ

# Pag-iingat sa Tawhid

Akda ni Ang Kanyang Kabunyian Shaykh
`Abdul`azīz bin `Abdullāh bin Bāz

ح جمعية خدمة المحتوى الإسلامي باللغات ، ١٤٤٧هـ

بن باز ، عبدالعزيز
حراسة التوحيد - فلبيني تجالوج. / بن باز ، عبدالعزيز ؛ جمعية
خدمة المحتوى الإسلامي باللغات - ط١. .- الرياض ، ١٤٤٧هـ

٢٢١ ص ؛ ..سم

رقم الإيداع: ١٤٤٧/٩٨٣٥
ردمك: ٩٧٨-٦٠٣-٥١٧-٠٧٢-٧

حِرَاسَةُ التَّوحِيدِ

# Pag-iingat sa Tawhid

لِسَمَاحَةِ الشَّيْخِ العَلَّامَةِ
عَبْدِ العَزِيزِ بْنِ عَبْدِ اللهِ بْنِ بَازٍ
رَحِمَهُ اللهُ

Akda ni Ang Kanyang Kabunyian Shaykh
`Abdul`azīz bin `Abdullāh bin Bāz

بِسْمِ اللهِ الرَّحمَنِ الرَّحِيمِ

# Pag-iingat sa Tawhid

## Ang Unang Mensahe

## Ang Tumpak na Paniniwala at ang Sumasalungat Dito

Ang papuri ay ukol kay Allāh – tanging sa Kanya. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa kanya na wala nang propeta matapos niya, sa mag-anak niya, at mga Kasamahan niya.

Sa pagpapatuloy, sapagkat tunay na yayamang ang Tumpak na Paniniwala ay ang saligan ng Relihiyong Islām at ang pundasyon ng Kapaniwalaan, talaga ngang nakita ko na kabilang sa mahalaga ang pag-uusap tungkol sa paksang ito, ang pagsusulat, at ang pag-aakda sa paglilinaw nito at pagpapaliwanag nito.

Bahagi ng nalalaman sa pamamagitan ng mga patunay na pangkapahayagan mula sa Qur'ān at

Sunnah na ang mga ginagawa at ang mga sinasabi ay natutumpak at natatanggap lamang kapag namutawi sa isang tumpak na pinaniniwalaan . Hinggil naman sa kung ang pinaniniwalaan ay hindi tumpak, tunay na nawawalang-saysay ang sumanga-sanga buhat dito na mga ginagawa at mga sinasabi, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿...وَمَن يَكۡفُرۡ بِٱلۡإِيمَٰنِ فَقَدۡ حَبِطَ عَمَلُهُۥ وَهُوَ فِي ٱلۡأٓخِرَةِ مِنَ ٱلۡخَٰسِرِينَ﴾

{... Ang sinumang tumanggi sa pananampalataya ay nawalang-kabuluhan nga ang gawa niya. Siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga lugi.} (Qur'ān 5:5)

Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَلَقَدۡ أُوحِيَ إِلَيۡكَ وَإِلَى ٱلَّذِينَ مِن قَبۡلِكَ لَئِنۡ أَشۡرَكۡتَ لَيَحۡبَطَنَّ عَمَلُكَ وَلَتَكُونَنَّ مِنَ ٱلۡخَٰسِرِينَ ٦٥﴾

{Talaga ngang ikinasi sa iyo at sa mga bago mo pa na talagang kung nagtambal ka [kay Allāh] ay talagang mawawalang-kabuluhan nga ang gawa

mo at talagang magiging kabilang ka nga sa mga lugi.} (Qur’ān 39:65)

Ang mga talata [ng Qur’ān] kaugnay sa kahulugang ito ay marami. Nagpatunay nga ang Malinaw na Aklat ni Allāh at ang Sunnah ng Sugo Niyang mapagkakatiwalaan (sumakanya mula sa Panginoon niya ang pinakamainam na basbas at pagbati) na ang Tumpak na Paniniwala ay nabubuod sa anim na bagay. Ang mga ito ay ang pananampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, mga kasulatan Niya, mga sugo Niya, Huling Araw, at sa pagtatakda: sa kabutihan nito at kasamaan nito. Ang anim na bagay na ito ay ang mga saligan ng tumpak na pinaniniwalaan na ibinaba ng Mahal na Aklat ni Allāh at isinugo dahil sa mga ito ang Sugo Niyang si Muḥammad (sumakanya ang basbas at ang bati ng kapayapaan). Tinatawag ang mga ito na mga Haligi ng Pananampalataya.

Nasaad nga ang mga patunay na nagdadamihan sa anim na saligang ito sa Qur’ān at Tumpak na Sunnah. Kabilang doon bilang halimbawa ang sumusunod

A. Ang mga patunay mula sa Qur’ān, na kabilang sa mga ito ang sabi ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

﴿لَّيۡسَ ٱلۡبِرَّ أَن تُوَلُّواْ وُجُوهَكُمۡ قِبَلَ ٱلۡمَشۡرِقِ وَٱلۡمَغۡرِبِ وَلَٰكِنَّ ٱلۡبِرَّ مَنۡ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَٱلۡيَوۡمِ ٱلۡأٓخِرِ وَٱلۡمَلَٰٓئِكَةِ وَٱلۡكِتَٰبِ وَٱلنَّبِيِّـۧنَ...﴾

{Ang pagsasamabuting-loob ay hindi na magbaling kayo ng mga mukha ninyo sa harap ng silangan at kanluran, subalit ang pagsasamabuting-loob ay ang sinumang sumampalataya kay Allāh, sa Huling Araw, sa mga anghel, sa kasulatan, at sa mga propeta; ...}

(Qur’ān 2:177)

Ang sabi pa Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿ءَامَنَ ٱلرَّسُولُ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيۡهِ مِن رَّبِّهِۦ وَٱلۡمُؤۡمِنُونَۚ كُلٌّ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَمَلَٰٓئِكَتِهِۦ وَكُتُبِهِۦ وَرُسُلِهِۦ لَا نُفَرِّقُ بَيۡنَ أَحَدٖ مِّن رُّسُلِهِۦ...﴾

{Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya,

sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] "Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya." ...} (Qur’ān 2:285)

Ang sabi pa Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓاْ ءَامِنُواْ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَٱلۡكِتَٰبِ ٱلَّذِي نَزَّلَ عَلَىٰ رَسُولِهِۦ وَٱلۡكِتَٰبِ ٱلَّذِيٓ أَنزَلَ مِن قَبۡلُۚ وَمَن يَكۡفُرۡ بِٱللَّهِ وَمَلَٰٓئِكَتِهِۦ وَكُتُبِهِۦ وَرُسُلِهِۦ وَٱلۡيَوۡمِ ٱلۡأٓخِرِ فَقَدۡ ضَلَّ ضَلَٰلَۢا بَعِيدًا ١٣٦﴾

{O mga sumampalataya, sumampalataya kayo kay Allāh, sa Sugo Niya, sa Aklat na ibinaba Niya sa Sugo Niya, at sa Kasulatang pinababa Niya bago pa niyan. Ang sinumang tumatangging sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga aklat Niya, sa mga sugo Niya, at sa Huling Araw ay naligaw nga sa isang pagkaligaw na malayo.} (Qur’ān 4:136)

Ang sabi pa Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿أَلَمۡ تَعۡلَمۡ أَنَّ ٱللَّهَ يَعۡلَمُ مَا فِي ٱلسَّمَآءِ وَٱلۡأَرۡضِۚ إِنَّ ذَٰلِكَ فِي كِتَٰبٍۚ إِنَّ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرٞ ٧٠﴾

{Hindi ka ba nakaalam na si Allāh ay nakaaalam sa anumang nasa langit at lupa. Tunay na iyon ay

nasa isang aklat. Tunay na iyon kay Allāh ay madali.} (Qur’ān 22:70)

B. Ang mga patunay mula sa Sunnah, na kabilang sa mga ito ang napatanyag na tumpak na ḥadīth na isinalaysay ni Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ niya mula sa ḥadīth ng pinuno ng mga mananampalataya na si `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) na si Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) ay nagtanong sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa pananampalataya saka nagsabi naman siya rito: **"Ang pananampalataya ay na sumampalataya ka kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga sugo Niya, at sa Huling Araw, at sumampalataya ka sa pagtatakda: sa kabutihan nito at kasamaan nito."**[1] Ang ḥadīth Nagtala nito ang Dalawang Shaykh, kalakip ng isang kakaunting pagkakaiba, mula sa ḥadīth ni Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya).

Nagsanga-sanga buhat sa anim na saligang ito

[1] Nagtala nito si Imām Muslim: 8.

ang bawat anumang kinakailangan sa Muslim ang paniwala rito at ang pananampalataya rito kaugnay sa karapatan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), kaugnay sa nauukol sa pagkabuhay, at iba pa riyan kabilang sa mga nauukol sa nakalingid, kabilang sa ipinabatid ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at ng Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan).

Ang paglilinaw sa anim na saligan ay gaya ng sumusunod:

## Ang Unang Saligan: Ang Pananampalataya kay Allāh (Napakataas Siya)

Ito ay naglalaman ng ilang usapin, na ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod: A. Ang pananampalataya na Siya ay ang Diyos na Totoo na karapat-dapat sa pagsamba, bukod sa anumang iba sa Kanya dahil sa pagiging Siya ay ang Tagalikha ng mga tao, ang Tagagawa ng maganda sa kanila, ang Tagapagsagawa ng mga pagtutustos sa kanila, ang Nakaaalam sa lihim nila at hayag nila, at ang Nakakakaya sa paggagantimpala sa

tagatalima sa kanila at sa pagpaparusa sa tagasuway sa kanila.

Nilikha nga ni Allāh ang dalawang pangunahing nilalang alang-alang sa pagsambang ito at ipinag-utos Niya ito sa kanila, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿وَمَا خَلَقۡتُ ٱلۡجِنَّ وَٱلۡإِنسَ إِلَّا لِيَعۡبُدُونِ ٥٦ مَآ أُرِيدُ مِنۡهُم مِّن رِّزۡقٖ وَمَآ أُرِيدُ أَن يُطۡعِمُونِ ٥٧ إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلرَّزَّاقُ ذُو ٱلۡقُوَّةِ ٱلۡمَتِينُ ٥٨﴾

{56. Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.

57. Hindi Ako nagnanais mula sa kanila ng anumang panustos at hindi Ako nagnanais na magpakain sila sa Akin.

58. Tunay na si Allāh ay ang Palatustos, ang May Lakas, ang Matibay.} (Qur’ān 51:56-58)

Nagsabi si Allāh:

﴿يَـٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ ٱعۡبُدُواْ رَبَّكُمُ ٱلَّذِي خَلَقَكُمۡ وَٱلَّذِينَ مِن قَبۡلِكُمۡ لَعَلَّكُمۡ تَتَّقُونَ ٢١ ٱلَّذِي جَعَلَ لَكُمُ ٱلۡأَرۡضَ فِرَٰشٗا وَٱلسَّمَآءَ بِنَآءٗ وَأَنزَلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ

مَآءٗ فَأَخۡرَجَ بِهِۦ مِنَ ٱلثَّمَرَٰتِ رِزۡقٗا لَّكُمۡۖ فَلَا تَجۡعَلُواْ لِلَّهِ أَندَادٗا وَأَنتُمۡ تَعۡلَمُونَ﴿٢٢﴾﴾

{21. O mga tao, sumamba kayo sa Panginoon ninyo na lumikha sa inyo at sa bago pa ninyo, nang sa gayon kayo ay mangingilag magkasala,

22. na gumawa para sa inyo ng lupa bilang himlayan at ng langit bilang silong, at nagpababa mula sa langit ng tubig kaya nagpalabas Siya sa pamamagitan nito ng mga bunga bilang panustos para sa inyo. Kaya huwag kayong gumawa para kay Allāh ng mga kaagaw samantalang kayo ay nakaaalam.} (Qur'ān 2:21-22)

Nagsugo nga si Allāh ng mga sugo at nagpababa ng mga kasulatan para sa paglilinaw ng katotohanang ito, pag-aanyaya tungo rito, at pagbibigay-babala laban sa sumasalungat dito gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿وَلَقَدۡ بَعَثۡنَا فِي كُلِّ أُمَّةٖ رَّسُولًا أَنِ ٱعۡبُدُواْ ٱللَّهَ وَٱجۡتَنِبُواْ ٱلطَّٰغُوتَ...﴾

{Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat

kalipunan ng isang sugo, na [nagsasabi]: "Sumamba kayo kay Allāh at umiwas kayo sa nagpapakadiyos."} (Qur’ān 16:36)

Nagsabi si Allāh:

﴿وَمَآ أَرۡسَلۡنَا مِن قَبۡلِكَ مِن رَّسُولٍ إِلَّا نُوحِيٓ إِلَيۡهِ أَنَّهُۥ لَآ إِلَٰهَ إِلَّآ أَنَا۠ فَٱعۡبُدُونِ ٢٥﴾

{Hindi Kami nagsugo bago mo pa ng anumang sugo malibang nagkakasi Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako, kaya sumamba kayo sa Akin.} (Qur’ān 21:25)

Nagsabi pa Siya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

﴿الر كِتَابٌ أُحْكِمَتْ آيَاتُهُ ثُمَّ فُصِّلَتْ مِنْ لَدُنْ حَكِيمٍ خَبِيرٍ ١ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا اللَّهَ إِنَّنِي لَكُمْ مِنْهُ نَذِيرٌ وَبَشِيرٌ ٢﴾

{1. Alif. Lām. Rā’. [Ito ay] isang Aklat na hinusto ang mga talata nito, pagkatapos dinetalye mula sa panig ng isang Marunong, isang Mapagbatid.

2. [Ipinasasabi sa Sugo:] "Na huwag kayong sumamba kundi kay Allāh. Tunay na ako para sa

inyo mula sa Kanya ay isang mapagbabala at isang mapagbalita ng nakagagalak."} (Qur’ān 11:1-2)

Ang reyalidad ng pagsambang ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) sa lahat ng ipinansasamba ng mga tao gaya ng du`ā’ (panalangin), khawf (pangamba), rajā’ (paghahangad), ṣalāh (pagdarasal), ṣawm (pag-aayuno), dhabḥ (pagkakatay), nadhr (pamamanata), at iba pa riyan kabilang sa mga uri ng pagsamba ayon sa paraan ng pagpapakumbaba sa Kanya, pagkaibig sa gantimpala Niya, at pangingilabot sa parusa Niya kalakip ng kalubusan ng pag-ibig sa Kanya at pagpapakaaba sa kadakilaan Niya.

Ang sinumang nagbulay-bulay sa Marangal na Qur’ān ay makatatagpo na ang nakararami rito ay ibinaba kaugnay sa dakilang saligang ito, gaya ng sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿إِنَّآ أَنزَلۡنَآ إِلَيۡكَ ٱلۡكِتَٰبَ بِٱلۡحَقِّ فَاعْبُدِ اللَّهَ مُخْلِصًا لَهُ الدِّينَ ٢ أَلَا لِلَّهِ
الدِّينُ الْخَالِصُ وَٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُواْ مِن دُونِهِۦٓ أَوۡلِيَآءَ مَا نَعۡبُدُهُمۡ إِلَّا لِيُقَرِّبُونَآ إِلَى

ٱللَّهِ زُلْفَىٰٓ إِنَّ ٱللَّهَ يَحْكُمُ بَيْنَهُمْ فِي مَا هُمْ فِيهِ يَخْتَلِفُونَۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِي مَنْ هُوَ كَٰذِبٌ كَفَّارٞ ٣﴾

{2. Tunay na Kami ay nagpababa sa iyo, ng Aklat kalakip ng katotohanan, kaya sumamba ka kay Allāh habang nagpapakawagas para sa Kanya sa Relihiyon.

3. Pansinin, ukol kay Allāh ang relihiyong wagas. Ang mga gumagawa sa bukod pa sa Kanya bilang mga katangkilik [ay nagsasabi]: "Hindi kami sumasamba sa kanila kundi upang magpalapit sila sa amin kay Allāh sa kadikitan." Tunay na si Allāh ay maghahatol sa pagitan nila hinggil sa anumang sila hinggil doon ay nagkakaiba-iba. Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa sinumang sinungaling [na nag-ugnay ng anak sa Kanya] na palatangging sumampalataya.} (Qur’ān 39:2-3)

Ang sabi pa Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوٓاْ إِلَّآ إِيَّاهُ...﴾

{Nagtadhana ang Panginoon mo na huwag

kayong sumamba maliban sa Kanya ...} (Qur’ān 17:23)

Ang sabi pa Niya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

﴿فَٱدۡعُواْ ٱللَّهَ مُخۡلِصِينَ لَهُ ٱلدِّينَ وَلَوۡ كَرِهَ ٱلۡكَٰفِرُونَ ١٤﴾

{Kaya dumalangin kayo kay Allāh habang mga nagpapakawagas sa Kanya sa relihiyon kahit pa man nasuklam ang mga tagatangging sumampalataya.} (Qur’ān 40:14)

Gayundin, ang sinumang nagbulay-bulay sa Pampropetang Sunnah ay makatatagpo sa pagpapahalaga sa malaking saligang ito rin. Kabilang doon ang naisalaysay sa Ṣāḥīḥān ayon kay Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: **"Ang karapatan ni Allāh sa mga tao ay na sumamba sila sa Kanya at hindi sila magtambal sa Kanya ng anuman."}**[1]

[1] Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārīy: 2856; at Imām Muslim: 30.

Napaloloob sa pananampalataya kay Allāh din ang pananampalataya sa lahat ng inobliga Niya sa mga lingkod Niya at isinatungkulin Niya sa kanila kabilang sa hayag na limang haligi ng Islām.

Ang mga ito ay ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh, ang pagpapanatili ng ṣalāh, ang pagbibigay ng zakāh, ang pag-aayuno sa Ramaḍān, ang [pagsasagawa ng] ḥajj sa Pinakababanal na Bahay ni Allāh ng sinumang nakayang [magkaroon] papunta roon ng isang daan, at ang iba pa riyan na mga tungkulin na inihatid ng Batas na dinalisay.

Ang pinakamahalaga sa mga haliging ito at ang pinakadakila sa mga ito ay ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh. Ang pagsaksing ito ay humihiling ng pagpapakawagas sa pagsamba para kay Allāh – tanging sa Kanya – at ng pagkakaila nito sa anumang iba sa Kanya. Ito ay ang kahulugan ng [pariralang] walang Diyos kundi si Allāh sapagkat ang kahulugan nito – gaya ng sinabi ng mga maalam (kaawaan sila ni Allāh) – ay walang sinasamba ayon sa karapatan (o katotohanan)

kundi si Allāh. Batay riyan, tunay na ang bawat anumang sinamba bukod pa kay Allāh gaya ng tao o anghel o jinn o iba pa riyan ay sinasamba sa kabulaanan. Ang sinasamba ayon sa karapatan (o katotohanan) ay si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya – gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿ذَٰلِكَ بِأَنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْحَقُّ وَأَنَّ مَا يَدْعُونَ مِن دُونِهِۦ هُوَ ٱلْبَٰطِلُ...﴾

{Iyon ay dahil si Allāh ay ang Katotohanan, dahil ang anumang dinadalanginan nila bukod pa sa Kanya ay ang kabulaanan,} (Qur'ān 22:62)

Nauna na ang paglilinaw na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay lumikha ng dalawang mahalagang nilalang dahil sa orihinal na saligang ito, nag-utos sa kanila nito, nagsugo dahil dito ng mga sugo Niya, at nagpababa dahil dito ng mga kasulatan Niya. Kaya kailangan sa tao na magbulay-bulay niyon nang maigi at magmuni-muni niyon nang madalas upang lumiwanag sa kanya ang kinasadlakan ng higit na marami sa mga Muslim na mabigat na pagkamangmang sa orihinal na saligan ito

hanggang sa sumamba sila kasama kay Allāh ng iba pa sa Kanya at nagbaling sila ng dalisay na karapatan Niya sa iba sa Kanya. Si Allāh ay ang pinagpapatulungan!

Bahagi ng pananampalataya kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ang pananampalataya na Siya ay ang Tagalikha ng nilalang, ang Tagapangasiwa ng mga pumapatungkol sa kanila, at ang Tagapatnugot sa kanila sa pamamagitan ng kaalaman Niya at kakayahan Niya kung paanong niloloob Niya (kaluwalhatian sa Kanya); na Siya ay ang Tagapagmay-ari ng Mundo at Kabilang-buhay at ang Panginoon ng mga nilalang sa kalahatan: walang Tagalikhang iba pa sa Kanya at walang Panginoong iba sa Kanya; na Siya ay nagsugo ng mga sugo at nagpababa ng mga kasulatan para sa pagsasaayos sa mga tao at pag-aanyaya sa kanila tungo sa may dulot ng kaligtasan nila at kaayusan nila sa madalian at matagalan; na Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay walang katambal sa lahat ng iyon. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

﴿ٱللَّهُ خَٰلِقُ كُلِّ شَيۡءٖۖ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَيۡءٖ وَكِيلٞ ٦٢﴾

na Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay walang katambal sa lahat ng iyon. Nagsabi Siya (napakataas Siya): (Qur’ān 39:62)

Nagsabi si Allāh:

﴿إِنَّ رَبَّكُمُ ٱللَّهُ ٱلَّذِي خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَ فِي سِتَّةِ أَيَّامٖ ثُمَّ ٱسۡتَوَىٰ عَلَى ٱلۡعَرۡشِۖ يُغۡشِي ٱلَّيۡلَ ٱلنَّهَارَ يَطۡلُبُهُۥ حَثِيثٗا وَٱلشَّمۡسَ وَٱلۡقَمَرَ وَٱلنُّجُومَ مُسَخَّرَٰتِۭ بِأَمۡرِهِۦٓۗ أَلَا لَهُ ٱلۡخَلۡقُ وَٱلۡأَمۡرُۗ تَبَارَكَ ٱللَّهُ رَبُّ ٱلۡعَٰلَمِينَ ٥٤﴾

{Tunay na ang Panginoon ninyo ay si Allāh na lumikha ng mga langit at lupa sa anim na araw, pagkatapos lumuklok Siya sa Trono. Nagbabalot Siya ng gabi sa maghapon na humahabol doon nang maliksi. [Lumikha Siya] ng araw, buwan, at mga bituin bilang mga pinagsisilbi ayon sa utos Niya. Pansinin, sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos. Napakamapagpala si Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang.} (Qur’ān 7:54)

Bahagi ng pananampalataya kay Allāh din ang pananampalataya sa mga pangalan Niyang pinakamagaganda at mga katangian Niyang pinakamatataas sa Mahal na Aklat Niya at napagtibay buhat sa Mapagkakatiwalaang Sugo

Niya nang walang taḥrīf (paglilihis ng kahulugan), walang ta`tīl (pagsira ng kahulugan nito), walang takyīf (pagdedetalye ng kahulugan), at walang tamthīl (paghahalintulad ng kahulugan).

﴿...لَيۡسَ كَمِثۡلِهِۦ شَيۡءٞۖ وَهُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلۡبَصِيرُ﴾

{Walang katulad sa Kanya na anuman, at Siya ay ang Madinigin, ang Nakakikita.} (Qur’ān 42:11)

Kaya kinakailangan na tanggapin kung paanong nasaad nang walang [pagtatanong kung] papaano kasama ng pananampalataya sa ipinahiwatig nito na mga dakilang kahulugan, na siyang mga paglalarawan para kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at kinakailangan ang maglarawan sa Kanya (napakataas Siya) sa pamamagitan ng mga ito sa paraang naaangkop sa Kanya nang walang pakikipagwangis sa nilikha Niya sa anuman sa mga katangian Niya, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya): Nagsabi pa Siya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

﴿فَلَا تَضۡرِبُواْ لِلَّهِ ٱلۡأَمۡثَالَۚ إِنَّ ٱللَّهَ يَعۡلَمُ وَأَنتُمۡ لَا تَعۡلَمُونَ ٧٤﴾

{Kaya huwag kayong maglahad para kay Allāh

ng mga paghahalintulad. Tunay na si Allāh ay nakaaalam samantalang kayo ay hindi nakaaalam.} (Qur'ān 16:74)

Ito ay ang paniniwala ng mga Alagad ng Sunnah at Jamā`ah (Bukluran) kabilang sa mga Kasamahan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga tagasunod nila sa paggawa ng mabuti kaugnay sa mga pangalan ni Allāh at mga katangian Niya. Ang mga ito ay ang ipinaabot ni Imām Abulḥasan Al-Ash`arīy (kaawaan siya ni Allāh) sa aklat na Al-Maqālāt `An Aṣḥāb Al-Ḥadīth wa Ahl As-Sunnah (Ang mga Sinabi Tungkol sa mga Kasamahan ng Ḥadīth at mga Alagad ng Sunnah). Nagpaabot ng mga ito ang iba pa sa kanya kabilang sa mga alagad ng kaalaman at pananampalataya.

Nagsabi si Al-Awzā`īy (kaawaan siya ni Allāh): Tinanong sina Az-Zuhrīy at Makḥūl tungkol sa mga talata ng mga katangian [ni Allāh] kaya nagsabi silang dalawa: "Tanggapin ninyo ang mga ito kung

paanong nasaad ang mga ito."[1]

Nagsabi si Al-Awzā`īy rin (kaawaan siya ni Allāh): Kami noon at ang mga tagasunod ay marami, na nagsasabi: "Tunay na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay nasa trono Niya. Sumasampalataya kami sa anumang nasaad sa Sunnah tungkol sa mga katangian [ni Allāh]."[2]

Nagsabi si Al-Walīd bin Muslim (kaawaan siya ni Allāh): Tinanong sina Mālik, Al-Awzā`īy, Al-

---

[1] Nagtala nito sina Al-Lālakā'īy sa Sharḥ Uṣūl Al-I`tiqād (Pagbibigay-linaw sa mga Saligan ng Paniniwala), p. 735; at Ibnu `Abdilbarr sa Jāmi` Al-`Ilm Wa Faḍluhu (Tagatipon ng Kaalaman at Kainaman Nito), p. 1901 subalit ang pananalita ng mga ḥadīth ay kapalit sa mga talata ng mga katangian at ang pananalita nito: "Isalaysay ninyo ang mga ḥadīth na ito kung paanong nasaad ang mga ito at huwag kayong makipagdebate hinggil sa mga ito."

[2] Nagtala nito si Al-Bayhaqīy sa Al-Asmā' wa Aṣ-Ṣifāt (Ang mga Pangalan at ang mga Katangian), p. 865. Sumang-ayon sa katumpakan ng isnād nito si Ibnu Taymiyah sa Al-Ḥamawīyah (Ang Ḥamawita, p. 269.) Nagsabi si Adh-Dhahabīy sa Al-`Arḍ (Ang Paglalahad), 2/223: Ang mga tagapagsalaysay nito ay mga imām na mapagkakatiwalaan.

Layth bin Sa`d, at Sufyān Ath-Thawrīy (kaawaan sila ni Allāh) tungkol sa mga pabatid na nasasaad kaugnay sa mga katangian [ni Allāh] kaya nagsabi sila sa kalahatan: "Tanggapin ninyo ang mga ito kung paanong nasaad nang walang [pagtatanong kung] papaano."[1]

Noong tinanong si Rabī`ah bin Abī `Abdirraḥmān, ang Shaykh ni Mālik (ang awa ni Allāh ay sumakanila), tungkol sa istiwā' (pagluklok ni Allāh sa trono), nagsabi siya: "Ang pagluklok ay hindi nakalingid [ang kahulugan] at ang [tanong kung] papaano ay hindi naiisip. Mula kay Allāh ang mensahe, tungkulin ng Sugo ang pagpapaabot na malinaw at kailangan sa atin ang paniniwala."[2] Noong tinanong si Imām Mālik

---

[1] Nagtala nito sina Al-Lālakā'īy sa Sharḥ Uṣūl Al-I`tiqād (Pagbibigay-linaw sa mga Saligan ng Paniniwala), p. 930; at Al-Bayhaqīy sa Al-Asmā' wa Aṣ-Ṣifāt (Ang mga Pangalan at ang mga Katangian), p. 955.

[2] Nagtala nito sina Al-Lālakā'īy sa Sharḥ Uṣūl Al-I`tiqād (Pagbibigay-linaw sa mga Saligan ng Paniniwala), p. 665; at Al-Bayhaqīy sa Al-Asmā' Wa

(kaawaan siya ni Allāh) tungkol doon, nagsabi siya: "Ang pagluklok [ni Allāh sa trono] ay nalalaman, ang [tanong kung] papaano ay nakalingid [ang kaalaman], ang pananampalataya rito ay kinakailangan, at ang pagtatanong tungkol dito ay bid`ah." Pagkatapos nagsabi siya sa tagapagtanong: "Wala akong nakikita sa iyo kundi isang lalaki ng kasagwaan." Nag-utos siya na paalisin ito kaya pinalabas ito.[1] Naisalaysay nga ang kahulugang ito rin ayon sa ina ng mga mananampalataya na si Ummu Salamah (malugod si Allāh sa kanya).[2]

---

Aṣ-Ṣifāt (Ang mga Pangalan at ang mga Katangian), p. 868.

[1] Nagtala nito sina Al-Lālakā'īy sa Sharḥ Uṣūl Al-I`tiqād (Pagbibigay-linaw sa mga Saligan ng Paniniwala), p. 664; Abū Na`īm sa Ḥilyah Al-Awliyā' (Hiyas ng mga Katangkilik), 6/325; at Al-Bayhaqīy sa Al-Asmā' Wa Aṣ-Ṣifāt (Ang mga Pangalan at ang mga Katangian), p. 867.

[2] Nagtala nito sina Al-Muzakkīy sa Al-Muzakkīyāt (Ang mga Tagapagbusilak), p. 29; at Al-Lālakā'īy sa Sharḥ Uṣūl Al-I`tiqād (Pagbibigay-linaw sa mga Saligan ng Paniniwala), p. 663.

Nagsasabi si Imām Abū `Abdirraḥmān bin Al-Mubārak (kaawaan siya ni Allāh): "Nakaaalam tayo sa Panginoon natin (kaluwalhatian sa Kanya) na Siya ay nasa ibabaw ng mga langit Niya sa trono Niya, na nakahiwalay mula sa nilikha Niya."[1]

Ang pananalita ng mga imām kaugnay sa paksang ito ay lubhang marami, na hindi maaaring masipi sa panayam na ito. Ang sinumang nagnais ng kabatiran sa marami roon ay sumangguni sa isinulat ng mga maalam sa Sunnah kaugnay sa paksang ito tulad ng aklat na "As-Sunnah" ni `Abdullāh bin Al-Imām Aḥmad; ng aklat na "At-Tawḥīd" ng kapita-pitagang Imām Muḥammad bin Khuzaymah; ng aklat na "As-Sunnah" ni Abūlqāsim Al-Lālakā'īy Aṭ-Ṭabarīy; ng aklat na "As-Sunnah" ni Abū Bakr bin Abī `Āṣim; at ng sagot ni Shaykh Al-Islām Ibnu Taymiyah sa mga mamamayan ng Ḥamāh, na isang dakilang sagot na marami ang katuturan, na ipinaliwanag niya rito

[1] Nagtala nito sina Ad-Dārimīy sa Ar-Radd `Ala Al-Jahmīyah (Ang Tugon sa Jahmismo), p.67; at Al-Bayhaqīy sa Al-Asmā' Wa Aṣ-Ṣifāt (Ang mga Pangalan at ang mga Katangian), p. 903.

(kaawaan siya ni Allāh) ang paniniwala ng mga Alagad ng Sunnah at sinipi niya rito ang marami sa pananalita nila at ang mga patunay na pambatas at pangkaisipan sa katumpakan ng pinaniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah at kabulaanan ng pinaniwalaan ng mga kahidwaan nila.

Gayundin ang mensahe niyang tinagurian sa [tawag na `Aqīdah] Tudmurīyah. Tinalakay nga niya rito ang usapin at nilinaw nga niya rito ang pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah sa pamamagitan ng mga patunay na ipinaabot (panteksto) at pangkaisipan at ang pagtugon sa mga tagasalungat sa naghahayag ng totoo. Napabubulaanan ang kabulaanan para sa bawat sinumang tumingin doon kabilang sa mga alagad ng kaalaman nang may maayos na pakay at pagkaibig sa pag-alam sa totoo. Buod: Ang pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah at Pagkakabuklod sa paksa ng mga pangalan at mga katangian ay na sila ay nagpatibay para kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ng pinagtibay Niya para sa sarili Niya sa Aklat Niya o pinagtibay para sa Kanya ng Sugo Niyang si

Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa Sunnah nito nang pagpapatibay na walang paghahalintulad. Nagpawalang-kinalaman sila sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) sa pakikipagwangis sa nilikha Niya nang pagpapawalang-kinalamang walang-kaugnayan sa ta`ṭīl kaya nagtamo sila ng kaligtasan sa pagkakasalungatan. Gumawa sila ayon sa mga patunay sa kabuuan ng mga ito dala ng pagtutuon mula kay Allāh dahil bahagi ng kalakaran ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa sinumang kumapit sa katotohanan na nagpadala Siya kalakip niyon ng mga sugo Niya at nag-ukol naman ito doon ng naaabot nito at nagpakawagas ito para sa Kanya sa paghahanap niyon na magtuon Siya rito sa katotohanan at maglantad Siya ng katwiran Niya, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿بَلۡ نَقۡذِفُ بِٱلۡحَقِّ عَلَى ٱلۡبَٰطِلِ فَيَدۡمَغُهُۥ فَإِذَا هُوَ زَاهِقٞۚ...﴾

{Bagkus nagbabalibag Kami ng katotohanan sa kabulaanan kaya dumudurog ito niyon saka biglaang iyon ay pumaparam.} (Qur’ān 21:18)

Nagsabi si Allāh:

﴿وَلَا يَأۡتُونَكَ بِمَثَلٍ إِلَّا جِئۡنَٰكَ بِٱلۡحَقِّ وَأَحۡسَنَ تَفۡسِيرًا٣٣﴾

{Hindi sila nagdadala sa iyo ng isang paghahalintulad malibang naghatid Kami sa iyo ng katotohanan at isang higit na maganda sa pagpapaliwanag.} (Qur’ān 25:33)

Ang sinumang sumalungat sa mga Alagad ng Sunnah kaugnay sa pinaniwalaan nila sa paksa ng mga pangalan at mga katangian [ni Allāh], tunay na siya ay nasasadlak – at walang pagkaiwas sa pakikipagsalungatan sa mga patunay na ipinaabot at pinag-isipan – sa maliwanag na pagsasalungatan sa bawat anumang pinagtitibay niya at ikinakaila niya. Bumanggit nga si Al-Ḥāfiḍ Ibnu Kathīr (kaawaan siya ni Allāh) sa napatanyag na pagpapakahulugan niya ng isang magandang pananalita kaugnay sa paksang ito. Iyon ay sa sandali ng pagsasalita niya sa sabi ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

﴿إِنَّ رَبَّكُمُ ٱللَّهُ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَ فِى سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ ٱسۡتَوَىٰ عَلَى ٱلۡعَرۡشِ...﴾

{Tunay na ang Panginoon ninyo ay si Allāh na

lumikha ng mga langit at lupa sa anim na araw, pagkatapos lumuklok Siya sa Trono.}

(Qur’ān 7:54)

Minamagaling ang pagpapaabot nito rito dahil sa kasukdulan ng benepisyo nito sapagkat nagsabi siya (kaawaan siya ni Allāh) ng hinggil dito:

"Ang mga tao kaugnay sa usaping ito ay may lubhang maraming sinasabi na hindi ito ang lugar ng paglalahad ng mga iyon. Tatahak lamang tayo sa usaping ito ayon sa doktrina ng Maayos na Kanunuan na sina Mālik, Al-Awzā`īy, Ath-Thawrīy, Al-Layth bin Sa`d, Ash-Shāfi`īy, Aḥmad, Isḥāq bin Rāhawayhi, at iba pa sa kanila kabilang sa mga imām ng mga Muslim sa matanda at makabagong panahon. Ito ay ang patanggap sa mga ito kung paanong nasaad nang walang takyīf (pagdedetalye ng kahulugan), walang tashbīh (pagwawangis ng kahulugan), at walang ta`ṭīl (pagsira ng kahulugan). Ang hayag na sumasagi sa mga isipan ng mga tagapagwangis ay ikinakaila kay Allāh sapagkat tunay na si Allāh ay hindi nakawawangis ng anuman kabilang sa nilikha Niya.

﴿...لَيۡسَ كَمِثۡلِهِۦ شَيۡءٞۖ وَهُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلۡبَصِيرُ﴾

{Walang katulad sa Kanya na anuman, at Siya ay ang Madinigin, ang Nakakikita.} (Qur'ān 42:11) Bagkus ang usapin ay gaya ng sinabi ng mga imām. Kabilang sa kanila si Nu`aym bin Ḥammād al-Khuzā`īy, ang Shaykh ni Imām Al-Bukhārīy, na nagsabi: 'Ang sinumang nagwangis kay Allāh sa nilikha Niya ay tumangging sumampalataya. Ang sinumang nagkaila ng anumang ipinanlarawan ni Allāh sa sarili Niya ay tumanggi ngang sumampalataya.[1] Sa anumang ipinanlarawan ni Allāh sa sarili Niya ni ng Sugo Niya ay walang pagwawangis. Kaya ang sinumang nagpatibay para kay Allāh (napakataas Siya) mula sa anumang nasaad sa mga tahas na talata at mga tumpak na pabatid sa paraang naaangkop sa kapitaganan kay Allāh at nagkaila para kay Allāh ng mga kakulangan ay tumahak nga sa landas ng

[1] Nagtala nito si Adh-Dhahabīy sa Al-`Ulūw (Ang Kaitaasan), p.464. Nagsabi si Al-Albānīy sa Mukhtaṣar Al-`Ulūw (Pinaiksi ng Kaitaasan), p.184: Ito ay tumpak na isnād, na ang mga tagapagsalaysay nito ay mga mapagkakatiwalaang nakikilala.

patnubay.'"[1] Nagwakas ang pananalita ni Ibnu Kathīr (kaawaan siya ni Allāh).

Napaloloob sa pananampalataya kay Allāh, gayundin, ang paniniwala na ang pananampalataya ay pagsabi at paggawa, na nadaragdagan sa pamamagitan ng pagtalima at nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway; na hindi pinapayagan ang takfīr (pagtuturing ng kawalang-pananampalataya) sa isa sa mga Muslim dahil sa [pagkagawa ng] anumang kabilang sa mga pagsuway na mababa sa Shirk at kawalang-pananampalataya, gaya ng pangangalunya, pagnanakaw, pakikinabang sa patubo, pag-inom ng mga pampalasing, kasuwailan sa mga magulang, at iba pa riyan kabilang sa malalaking kasalanan, hanggat hindi nagtuturing na ipinahihintulot iyon, batay sa sabi ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya)

﴿إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَغۡفِرُ أَن يُشۡرَكَ بِهِۦ وَيَغۡفِرُ مَا دُونَ ذَٰلِكَ لِمَن يَشَآءُ...﴾

{Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatawad na

---

[1] Tafsīr Ibnu Kathīr, 3/426–427

tambalan Siya at magpapatawad naman Siya sa anumang mababa pa roon sa sinumang loloobin Niya.} (Qur’ān 4:48) at yayamang napagtibay sa mga ḥadīth na mutawātir (nagkakasunud-sunuran sa salaysay) buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na kabilang sa mga ito ang sabi Niya: **"Tunay na si Allāh ay magpapalabas mula sa Impiyerno ng sinumang sa puso nito ay may kasimbigat ng buto ng mustasa na pananampalataya."**[1]

## Ang Ikalawang Saligan: Ang Paniniwala sa mga Anghel

Ito ay naglalaman ng dalawang usapin: Ang Unang Usapin. Ang paniniwala sa mga angel sa pagbubuod. Iyon ay na maniwala tayo na si Allāh ay may mga anghel na nilikha Niya para sa pagtalima sa Kanya. Naglarawan Siya sa kanila na sila ay:

﴿وَقَالُواْ ٱتَّخَذَ ٱلرَّحۡمَٰنُ وَلَدٗاۗ سُبۡحَٰنَهُۥۚ بَلۡ عِبَادٞ مُّكۡرَمُونَ ٢٦ لَا يَسۡبِقُونَهُۥ

[1] Nagtala nito si Imām Al-Bukhārīy: 22 mula sa ḥadīth ni Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya).

بِٱلۡقَوۡلِ وَهُم بِأَمۡرِهِۦ يَعۡمَلُونَ٢٧ يَعۡلَمُ مَا بَيۡنَ أَيۡدِيهِمۡ وَمَا خَلۡفَهُمۡ وَلَا
يَشۡفَعُونَ إِلَّا لِمَنِ ٱرۡتَضَىٰ وَهُم مِّنۡ خَشۡيَتِهِۦ مُشۡفِقُونَ٢٨﴾

Nagsabi sila: "Gumawa ang Napakamaawain ng anak." Kaluwalhatian sa Kanya; bagkus mga lingkod na pinarangalan [sila].

{27. Hindi sila nangunguna sa Kanya sa pagsabi samantalang sila sa utos Niya ay gumagawa.

28. Nakaaalam Siya sa anumang nasa pagitan ng mga kamay nila at anumang nasa likuran nila. Hindi sila nakapamamagitan maliban para sa sinumang kinalugdan Niya. Sila, dahil sa takot sa Kanya, ay mga nababagabag.} (Qur'ān 21:26-28)

Sila ay maraming klase, na kabilang sa kanila ang mga itinalaga sa pagpasan ng Trono [ni Allāh], kabilang sa kanila ang mga tagabantay ng Paraiso at Impiyerno, at kabilang sa kanila ang mga itinalaga sa pag-iingat sa mga gawa ng tao. Ang Ikalawang Usapin. Ang paniniwala sa mga Anghel sa paraang padetalye. Iyon ay sa pamamagitan ng paniniwala natin sa sinumang pinangalanan ni

Allāh at ng Sugo Niya kabilang sa kanila gaya nina Jibrīl (Gabriel) na itinalaga sa pagkakasi, Mīka’īl (Miguel) na itinalaga sa pagpapaulan, Mālik na tagatanod ng Impiyerno, at Isrāfīl na itinalaga sa pag-ihip ng tambuli. Nasaad din ang pagbanggit sa kanila sa mga tumpak na ḥadīth, na kabilang sa mga ito ang napagtibay sa Ṣaḥīḥ ayon kay `Ā’ishah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: **"Nilikha ang mga anghel mula sa liwanag, nilikha ang mga jinn mula sa liyab ng apoy, at nilikha si Adan mula sa inilarawan sa inyo."}**[1] Nagsadokumento nito si Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ niya.

## Ang Ikatlong Saligan. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan. Ito ay naglalaman din ng dalawang usapin:

Ang Unang Usapin. Ang pananampalataya sa mga kasulatan ayon sa pagbubuod. Iyon ay dahil si Allāh ay nagpababa ng mga kasulatan sa mga

[1] Nagtala nito si Imām Muslim: 2996 mula sa ḥadīth ni `Ā’ishah (malugod si Allāh sa kanya.)

propeta Niya at mga sugo Niya para sa paglilinaw ng karapatan Niya at pag-aanyaya tungo sa Kanya, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿لَقَدۡ أَرۡسَلۡنَا رُسُلَنَا بِٱلۡبَيِّنَٰتِ وَأَنزَلۡنَا مَعَهُمُ ٱلۡكِتَٰبَ وَٱلۡمِيزَانَ لِيَقُومَ ٱلنَّاسُ بِٱلۡقِسۡطِ...﴾

{Talaga ngang nagsugo Kami ng mga sugo Namin kalakip ng mga malinaw na patunay at nagpababa Kami kasama sa kanila ng kasulatan at timbangan upang magpanatili ang mga tao ng pagkamakatarungan.} (Qur’ān 57:25) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿كَانَ ٱلنَّاسُ أُمَّةٗ وَٰحِدَةٗ فَبَعَثَ ٱللَّهُ ٱلنَّبِيِّـۧنَ مُبَشِّرِينَ وَمُنذِرِينَ وَأَنزَلَ مَعَهُمُ ٱلۡكِتَٰبَ بِٱلۡحَقِّ لِيَحۡكُمَ بَيۡنَ ٱلنَّاسِ فِيمَا ٱخۡتَلَفُواْ فِيهِ...﴾

{Ang mga tao noon ay kalipunang nag-iisa, saka [nagkaiba-iba sila kaya] nagpadala si Allāh ng mga propeta bilang mga tagapagbalita ng nakagagalak at mga tagapagbabala. Nagpababa Siya kasama sa kanila ng kasulatan kalakip ng katotohanan upang humatol sa pagitan ng mga tao sa anumang nagkaiba-iba sila hinggil doon.} (Qur’ān 2:213)

Ang Ikalawang Usapin. Ang pananampalataya sa mga kasulatan sa paraang padetalye. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsampalataya natin sa anumang pinangalanan ni Allāh mula sa mga ito gaya ng Tawrāh (Torah), Injīl (Ebanghelyo), Zabūr (Salmo), at Qur'ān. Naniniwala tayo na ang Qur'ān ay ang pinakamainam sa mga ito, ang pangwakas sa mga ito, ang tagapangibabaw sa mga ito, at ang tagapagpatotoo para sa mga ito. Ito ay ang kinakailangan sa buong Kalipunan na sundin at ipahatol kasama ng natumpak na sunnah ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay nagpadala sa Sugo Niyang si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) bilang sugo sa lahat ng mga tao at mga jinn, nagpababa sa kanya ng Qur'ān na ito upang humatol sa pamamagitan nito sa gitna nilal, at gumawa rito bilang pagpapagaling sa [sakit na] nasa mga dibdib, bilang paglilinaw para sa bawat bagay, bilang patnubay, at bilang awa para sa mga mananampalataya, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿وَهَٰذَا كِتَٰبٌ أَنزَلۡنَٰهُ مُبَارَكٞ فَٱتَّبِعُوهُ وَٱتَّقُواْ لَعَلَّكُمۡ تُرۡحَمُونَ١٥٥﴾

{Ito ay isang Aklat na pinababa Namin, na pinagpala, kaya sumunod kayo rito at mangilag kayong magkasala, nang sa gayon kayo ay kaaawaan,} (Qur'ān 6:155) Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿...وَنَزَّلۡنَا عَلَيۡكَ ٱلۡكِتَٰبَ تِبۡيَٰنٗا لِّكُلِّ شَيۡءٖ وَهُدٗى وَرَحۡمَةٗ وَبُشۡرَىٰ لِلۡمُسۡلِمِينَ﴾

{Nagbaba Kami sa iyo ng Aklat bilang pagpapalinaw para sa bawat bagay, bilang patnubay, bilang awa, at bilang balitang nakagagalak para sa mga Muslim.} (Qur'ān 16:89) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿قُلۡ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِنِّي رَسُولُ ٱللَّهِ إِلَيۡكُمۡ جَمِيعًا ٱلَّذِي لَهُۥ مُلۡكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضِۖ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ يُحۡيِۦ وَيُمِيتُۖ فَـَٔامِنُواْ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِ ٱلنَّبِيِّ ٱلۡأُمِّيِّ ٱلَّذِي يُؤۡمِنُ بِٱللَّهِ وَكَلِمَٰتِهِۦ وَٱتَّبِعُوهُ لَعَلَّكُمۡ تَهۡتَدُونَ١٥٨﴾

{Sabihin mo: "O mga tao, tunay na ako ay Sugo ni Allāh sa inyo *nang lahatan, na ukol sa Kanya ang paghahari sa mga langit at lupa. Walang Diyos kundi Siya; nagbibigay-buhay Siya at nagbibigay-

kamatayan Siya. Kaya sumampalataya kayo kay Allāh at sa Sugo Niya, ang Propeta na iliterato, na sumasampalataya kay Allāh at sa mga salita Niya. Sumunod kayo sa kanya, nang sa gayon kayo ay mapapatnubayan."} (Qur'ān 7:158) Ang mga talata [ng Qur'ān] kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

## Ang Ikaapat na Saligan. Ang Pananampalataya sa mga Sugo

Ito ay naglalaman gayundin ng dalawang usapin: Ang Unang Usapin. Ang pananampalataya sa mga sugo ayon sa pagbubuod. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsampalataya natin na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay nagsugo sa mga lingkod Niya ng mga sugong kabilang sa kanila bilang mga tagapagbalita ng nakagagalak, mga tagapagbabala, at mga tagapag-anyaya tungo sa katotohanan. Kaya ang sinumang tumugon sa kanila ay magtatamo ng kaligayahan at ang sinumang sumalungat sa kanila ay magigindapat sa kabiguan at pagsisisi. Ang pangwakas sa kanila at ang pinakamainam sa

kanila ay ang Propeta nating si Muḥammad bin `Abdullāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), gaya ng sinabi ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَلَقَدۡ بَعَثۡنَا فِي كُلِّ أُمَّةٖ رَّسُولًا أَنِ ٱعۡبُدُواْ ٱللَّهَ وَٱجۡتَنِبُواْ ٱلطَّٰغُوتَ...﴾

{Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na [nagsasabi]: "Sumamba kayo kay Allāh at umiwas kayo sa nagpapakadiyos."} (Qur’ān 16:36) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿رُّسُلٗا مُّبَشِّرِينَ وَمُنذِرِينَ لِئَلَّا يَكُونَ لِلنَّاسِ عَلَى ٱللَّهِ حُجَّةُۢ بَعۡدَ ٱلرُّسُلِ...﴾

{[Nagsugo Kami ng] mga sugo bilang mga tagapagbalita ng nakagagalak at mga tagapagbabala upang hindi magkaroon ang mga tao laban kay Allāh ng isang katwiran matapos ng [pagsusugo sa] mga sugo.} (Qur’ān 4:165) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿مَّا كَانَ مُحَمَّدٌ أَبَآ أَحَدٖ مِّن رِّجَالِكُمۡ وَلَٰكِن رَّسُولَ ٱللَّهِ وَخَاتَمَ ٱلنَّبِيِّـۧنَ...﴾

{Si Muḥammad ay hindi ama ng isa sa mga

lalaki ninyo, subalit ang Sugo ni Allāh at ang pangwakas sa mga propeta. Laging si Allāh sa bawat bagay ay Maalam.} (Qur'ān 33:40)

Ang Ikalawang Usapin. Ang pananampalataya sa mga sugo sa paraang padetalye. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsampalataya natin sa paraang pagdedetalye at pagtukoy sa sinumang pinangalanan ni Allāh mula sa kanila o pinagtibay ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang pagpapangalan doon gaya nina Noe, Hūd, Ṣāliḥ, Abraham, at iba pa sa kanila — basbasan ni Allāh at pangalagaan sila, ang mga mag-anak nila, at ang mga tagasunod nila.

## Ang Ikalimang Saligan. Ang Pananampalataya sa Huling Araw

Ito ay naglalaman ng:

Pananampalataya sa bawat ipinabatid ni Allāh at ng Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na mangyayari matapos ng kamatayan gaya ng pagsubok sa libingan, pagdurusa roon, at kaginhawahan doon; at mangyayari sa Araw ng Pagbangon gaya ng mga

hilakbot, mga kasawiang-palad, [pagtawid sa] ṣirāt (landasin), pagtitimbang [ng mga gawa], pagtutuos, pagganti, at pagbubuklat ng mga kalatas [ng mga gawa] sa gitna ng mga tao kaya may kukuha ng talaan niya sa pamamagitan ng kanang kamay niya at may kukuha ng talaan niya sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya o nang patalikod sa likod niya.

Napaloloob din doon ang pananampalataya sa ḥawḍ (lawa) na inuman ng Propeta nating si Muḥammad at ang pananampalataya sa Paraiso at Impiyerno, pagkakita ng mga mananampalataya sa Panginoon nila (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya), pakikipag-usap Niya sa kanila, at iba pa riyan kabilang sa nasaad sa Marangal na Qur'ān at Tumpak na Sunnah ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Kinakailangan sa tao ang pananampalataya roon sa kabuuan niyon at ang paniniwala roon sa paraang nilinaw ni Allāh at ng Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

## Ang Ikaanim na Saligan. Ang Pananampalataya sa Pagtatakda

Naglalaman ang pananampalataya rito ng apat na sangkap:

Ang Unang Usapin. Ang pananampalataya na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay nakaalam na ng anumang nangyari at anumang mangyayari at nakaalam ng mga kalagayan ng mga lingkod Niya, mga panustos sa kanila, mga taning nila, mga gawa nila, at iba pa riyan kabilang sa mga pumapatungkol sa kanila: walang nakakukubli sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) na anuman mula roon, gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿...وَٱعۡلَمُوٓاْ أَنَّ ٱللَّهَ بِكُلِّ شَيۡءٍ عَلِيمٞ﴾

{at alamin ninyo na si Allāh sa bawat bagay ay Maalam.} (Qur'ān 2:231) Nagsabi pa Siya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

﴿...لِتَعۡلَمُوٓاْ أَنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَيۡءٖ قَدِيرٞ وَأَنَّ ٱللَّهَ قَدۡ أَحَاطَ بِكُلِّ شَيۡءٍ عِلۡمَۢا﴾

{upang makaalam kayo na si Allāh sa bawat bagay ay May-kakayahan, at na si Allāh ay pumaligid nga sa bawat bagay sa kaalaman.} (Qur'ān 65:12)

Ang Ikalawang Usapin. Ang pananampalataya na si Allāh ay sumulat na ng bawat itinakda Niya at itinadhana Niya, gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿قَدۡ عَلِمۡنَا مَا تَنقُصُ ٱلۡأَرۡضُ مِنۡهُمۡۖ وَعِندَنَا كِتَٰبٌ حَفِيظُۢ ٤﴾

{Nakaalam nga Kami sa anumang ibinabawas ng lupa mula sa kanila. Sa piling Namin ay may isang talaang mapag-ingat.} (Qur'ān 50:4) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿...وَكُلَّ شَيۡءٍ أَحۡصَيۡنَٰهُ فِيٓ إِمَامٖ مُّبِينٖ﴾

{Sa bawat bagay ay nag-isa-isa Kami sa isang talaang malinaw.} (Qur'ān 36:12) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿أَلَمۡ تَعۡلَمۡ أَنَّ ٱللَّهَ يَعۡلَمُ مَا فِي ٱلسَّمَآءِ وَٱلۡأَرۡضِۚ إِنَّ ذَٰلِكَ فِي كِتَٰبٍۚ إِنَّ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرٞ ٧٠﴾

{Hindi ka ba nakaalam na si Allāh ay nakaaalam

sa anumang nasa langit at lupa. Tunay na iyon ay nasa isang aklat. Tunay na iyon kay Allāh ay madali.} (Qur'ān 22:70)

Ang Ikatlong Usapin: Ang pananampalataya sa kalooban Niyang natutupad sapagkat ang anumang niloob Niya ay mangyayari at ang anumang hindi Niya niloob ay hindi mangyayari, gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿...إِنَّ ٱللَّهَ يَفۡعَلُ مَا يَشَآءُ﴾

{Tunay na si Allāh ay gumagawa ng anumang nililoob Niya.} (Qur'ān 22:18) Nagsabi pa Siya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

﴿إِنَّمَآ أَمۡرُهُۥٓ إِذَآ أَرَادَ شَيۡـًٔا أَن يَقُولَ لَهُۥ كُن فَيَكُونُ ٨٢﴾

{Tanging ang utos Niya, kapag nagnais Siya ng isang bagay, ay na magsabi rito: "Mangyari," saka mangyayari ito.} (Qur'ān 36:82) Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَمَا تَشَآءُونَ إِلَّآ أَن يَشَآءَ ٱللَّهُ رَبُّ ٱلۡعَٰلَمِينَ ٢٩﴾

{at hindi kayo magloloob maliban na lumuob si

Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang.}

(Qur’ān 81:29)

Ang Ikaapat na Usapin: Ang pananampalataya sa paglikha ni Allāh (napakataas Siya) ng lahat ng mga umiiral sapagkat walang tagalikha na iba pa sa Kanya at walang panginoon na iba sa Kanya, gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿ٱللَّهُ خَٰلِقُ كُلِّ شَيۡءٖۖ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَيۡءٖ وَكِيلٞ ٦٢﴾

Si Allāh ay ang Tagalikha ng bawat bagay at Siya sa bawat bagay ay Pinananaligan. (Qur’ān 39:62) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ ٱذۡكُرُواْ نِعۡمَتَ ٱللَّهِ عَلَيۡكُمۡۚ هَلۡ مِنۡ خَٰلِقٍ غَيۡرُ ٱللَّهِ يَرۡزُقُكُم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ وَٱلۡأَرۡضِۚ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَۖ فَأَنَّىٰ تُؤۡفَكُونَ ٣﴾

{O mga tao, alalahanin ninyo ang biyaya ni Allāh sa inyo. May tagalikha kayang iba pa kay Allāh, na nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? Walang Diyos kundi Siya, kaya paanong nalilinlang kayo?} (Qur’ān 35:3)

Kaya ang pananampalataya sa pagtatakda ay sumasaklaw sa apat na usaping ito sa kabuuan ng

mga ito gaya ng siyang pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah at Bukluran, na kasalungatan sa sinumang nagkaila sa ilan doon kabilang sa mga kampon ng mga bid`ah.

Kabilang sa mga mahalagang usapin sa tumpak na paniniwala na pinaniniwalaan ng mga Alagad ng Sunnah ang pag-ibig alang-alang kay Allāh, ang pagkamuhi alang-alang kay Allāh, ang pakikipagtangkilikan alang-alang kay Allāh, at ang pakikipag-away alang-alang kay Allāh. Ito ay ang paniniwala sa walā’ (pakikipagtangkilik) at barā’ (pakikipagwalang-kaugnayan). Ito ay bahagi ng pananampalataya kay Allāh (napakataas Siya).

Kaya naman ang mananampalataya ay umiibig sa mga mananampalataya at nakikipagtangkilikan sa kanila, at nasusuklam sa mga tagatangging sumampalataya at nakikipag-awayan sa kanila. Nasa pangunguna sa mga mananampalataya kabilang sa Kalipunang ito ang mga Kasamahan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) gaya ng siyang napagtibay sa ganang mga Alagad ng Sunnah at Bukluran sapagkat ang mga ito ay umiibig sa kanila, nakikipagtangkilikan

sa kanila, at naniniwala na sila ay ang pinakamabuti sa mga tao matapos ng mga propeta batay sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{"Ang pinakamabuti sa mga henerasyon ay ang henerasyon ko, pagkatapos ang mga susunod sa kanila, pagkatapos ang mga susunod sa mga ito."}**[1] Napagkasunduan sa katumpakan nito.

Naniniwala sila na ang pinakamainam sa mga ito ay si Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq, pagkatapos si `Umar Al-Fārūq, pagkatapos si `Uthmān Dhunnūrayn, pagkatapos si `Alīy Al-Murtaḍā – malugod si Allāh sa kanilang lahat. Matapos ng mga ito ang natitira sa sampung [Kasamahang binalitaan ng pagpasok sa Paraiso], pagkatapos ang natitira sa mga Kasamahan – malugod si Allāh sa kanilang lahat. Nagpipigil sila [sa pagpuna] sa anumang napagtalunan sa pagitan ng mga Kasamahan at naniniwala sila na ang mga ito kaugnay roon ay

---

[1] Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārīy: 3651, at Imām Muslim: 2533 mula sa ḥadīth ni `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya).

mga nagsisikap [sa pagtalos ng tama], na ang sinumang tumama ay may dalawang pabuya at ang sinumang nagkamali ay may isang pabuya.

Umiibig sila sa mag-anak ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na mga mananampalataya sa kanya, at tumatangkilik sila sa mga ito. Tumatangkilik sila sa mga maybahay ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na mga ina ng mga mananampalataya, at dumadalangin sila ng pagkalugod sa mga ito sa kalahatan. Nagpapakawalang-kaugnayan sila sa pamamaraan ng Rawāfiḍ na nasusuklam sa mga Kasamahan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nang-aalipusta sa mga ito, at nagpapakalabis-labis sa pagpipitagan sa mag-anak [ng Sugo] at nag-aangat sa mga ito higit sa kalagayan ng mga ito na pinaglagyan sa mga ito ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Nagpapakawalang-kaugnayan din sila sa pamamaraan ng Nawāṣib na namemerhuwisyo sa mag-anak [ng Sugo] sa sabi o gawa.

Ang nabanggit nating ito sa kabuuan nito ay

napaloloob sa tumpak na pinaniniwalaan na ipinadala ni Allāh dahil dito ang Sugo Niyang si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan). Ito ay ang paniniwalang kinakailangang paniwalaan, kapitan, panatilihan, at ingatan laban sa nakikisalungatan dito. Ito ay ang paniniwala ng maliligtas na pangkat, ang mga Alagad ng Sunnah at Bukluran, na nagsabi kaugnay rito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi matitigil ang isang pangkatin kabilang sa Kalipunan ko na mga nananaig dahil sa katotohanan, na hindi nakapipinsala sa kanila ang sinumang nagkanulo sa kanila hanggang sa dumating ang utos ni Allāh habang sila ay gayon."**[1] Sa isang salaysay: **"Hindi matitigil ang isang pangkatin kabilang sa Kalipunan ko sa pagiging nasa katotohanan, na inaadya."**[2]

[1] Nagtala nito si Imām Muslim: 1920 mula sa ḥadīth ni Thawbān (malugod si Allāh sa kanya).
[2] Nagtala nito si Imām Ibnu Mājah: 3952 mula sa ḥadīth ni Thawbān (malugod si Allāh sa kanya). Sumang-ayon sa katumpakan nito sina Ibnu Ḥibbān: 6714, at Al-Ḥākim: 8653.

Nagsabi siya (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga): **{"Nagkahati-hati ang mga Hudyo sa pitumpu't isang pangkatin. Nagkahati-hati ang mga Kristiyano sa pitumpu't dalawang pangkatin. Magkakahati-hati ang Kalipunang ito sa pitumpu't tatlong pangkatin, na ang kabuuan ng mga ito ay [mapupunta] sa Apoy maliban sa iisa." Nagsabi kami: "Sino po sila, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ang sinumang batay sa tulad ng anumang ako ay batay roon at ang mga Kasamahan ko."}**[1]

## Ang mga Paniniwalang Tagakontra sa Tumpak na Pinaniniwalaan

Ang mga nalilihis palayo sa paniniwalang ito at

---

[1] Nagtala nito si Imām At-Tirmidhīy: 2641 mula sa ḥadīth ni `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanya). Nagsabi si Al-Munāwīy sa Fayḍ Al-Qadīr (Kasaganahan ng May-kakayahan): 5/347. Nasaad dito si `Abdurraḥmān bin Ziyād Al-Afrīqīy. Nagsabi si Adh-Dhahabīy na sumang-ayon sila sa kahinaan nito. Sumang-ayon naman sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`: 5343.

ang mga tumatahak sa laban dito ay maraming klase. Kabilang sa kanila ang mga mananamba ng mga anito, mga diyus-diyusan, mga anghel, mga walīy, mga jinn, mga punong-kahoy, mga bato, at iba pa sa mga iyan. Ang mga ito ay hindi tumugon sa paanyaya ng mga sugo; bagkus sumalungat ang mga ito sa kanila at nagmatigas ang mga ito sa kanila, gaya ng ginawa ng liping Quraysh at mga pangkat ng mga Arabe laban sa Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ang mga ito ay humihiling sa mga sinasamba ng mga ito na tumugon sa mga pangangailangan, magpagaling ng mga maysakit, at mag-adya laban sa mga kaaway; at nag-aalay para sa kanila at namamanata para sa kanila. Noong nagmasama niyon sa mga ito ang Sugo ni Allāh at nag-utos sa mga ito ng pagpapakawagas sa pagsamba para kay Allāh lamang, nagtaka ang mga ito roon, nagmasama ang mga ito sa kanya, at nagsabi ang mga ito [ayon sa pagkakasipi ng Qur’ān]:

﴿أَجَعَلَ ٱلْـَٔالِهَةَ إِلَـٰهًا وَٰحِدًا ۖ إِنَّ هَـٰذَا لَشَىْءٌ عُجَابٌ ٥﴾

{Gumawa ba siya sa mga diyos bilang nag-iisang diyos? Tunay na ito ay talagang isang bagay na kataka-taka."} (Qur’ān 38:5)

Hindi natitigil na siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nag-aanyaya sa kanila tungo kay Allāh, nagbababala sa kanila laban sa Shirk, at nagbibigay-linaw sa kanila ng reyalidad ng ipinaaaanyaya sa kanila hanggang sa pumatnubay si Allāh mula sa kanila ng sinumang pinatnubayan Niya. Pagkatapos pumasok sila matapos niyon sa Relihiyon ni Allāh nang pulu-pulutong saka nangibabaw ang Relihiyon ni Allāh higit sa nalalabi sa mga relihiyon matapos ng isang tuluy-tuloy na pag-aanyaya at isang mahabang pakikibaka mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila), at mga tagasunod nila sa paggawa ng mabuti. Pagkatapos nag-iba ang mga kalagayan at nanaig ang pagkamangmang sa higit na marami sa mga nilikha kaya nanumbalik ang marami sa relihiyon ng Kamangmangan dahil sa pagpapakalabis-labis sa pagpipitagan sa mga propeta at mga walīy, pagdalangin sa mga ito,

pagpapasaklolo sa mga ito, at iba pa riyan na mga uri ng Shirk. Hindi sila nakaalam sa kahulugan ng [paniniwalang] walang Diyos kundi si Allāh kung paanong nakaalam sa kahulugan nito ang mga tagatangging sumampalataya ng mga Arabe. Si Allāh ay ang pinagpapatulungan!

Hindi natigil ang Shirk na ito sa paglaganap sa mga tao hanggang sa panahon nating ito dahilan sa pananaig ng pagkamangmang at [dahilan] sa layo ng panahong ito sa panahon ng pagkapropeta.

Ang maling akala ng mga nahuli kabilang sa kanila ay ang maling akala ng mga una. Ito ay ang sabi nila:

﴿...هَٰٓؤُلَآءِ شُفَعَٰٓؤُنَا عِندَ ٱللَّهِ...﴾

{"Ang mga ito ay ang mga tagapagpamagitan namin sa ganang kay Allāh."} (Qur’ān 10:18) at ang sabi pa nila:

﴿...مَا نَعۡبُدُهُمۡ إِلَّا لِيُقَرِّبُونَآ إِلَى ٱللَّهِ زُلۡفَىٰٓ...﴾

{"Hindi kami sumasamba sa kanila kundi upang magpalapit sila sa amin kay Allāh sa kadikitan."} (Qur’ān 39:3) Nagpawalang-saysay

nga si Allāh sa maling akalang ito at naglinaw Siya na ang sinumang sumamba sa iba pa sa Kanya, maging sino man iyon, nagtambal nga iyon sa Kanya at tumangging sumampalataya, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿وَيَعۡبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا يَضُرُّهُمۡ وَلَا يَنفَعُهُمۡ وَيَقُولُونَ هَٰٓؤُلَآءِ شُفَعَٰٓؤُنَا عِندَ ٱللَّهِ...﴾

{Sumasamba sila bukod pa kay Allāh sa hindi nakapipinsala sa kanila at hindi nagpapakinabang sa kanila, at nagsasabi sila: "Ang mga ito ay ang mga tagapagpamagitan namin sa ganang kay Allāh."} (Qur’ān 10:18) Kaya tumugon si Allāh sa kanila (kaluwalhatian sa Kanya) sa pamamagitan ng sabi Niya:

﴿قُلۡ أَتُنَبِّـُٔونَ ٱللَّهَ بِمَا لَا يَعۡلَمُ فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَلَا فِي ٱلۡأَرۡضِۚ سُبۡحَٰنَهُۥ وَتَعَٰلَىٰ عَمَّا يُشۡرِكُونَ ١٨﴾

{Sabihin mo: "Nagbabalita ba kayo kay Allāh hinggil sa hindi Niya nalalaman sa mga langit ni sa lupa? Kaluwalhatian sa Kanya at *napakataas Siya higit* sa anumang itinatambal nila."} (Qur’ān 10:18)

Kaya nilinaw Niya (napakataas Siya) sa talatang ito na ang pagsamba sa iba pa sa Kanya kabilang sa mga propeta at mga walīy o iba pa sa kanila ay ang Malaking Shirk, kahit pa tinawag ito ng mga tagagawa nito ng iba pa riyan. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

﴿...وَٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُواْ مِن دُونِهِۦٓ أَوۡلِيَآءَ مَا نَعۡبُدُهُمۡ إِلَّا لِيُقَرِّبُونَآ إِلَى ٱللَّهِ زُلۡفَىٰٓ...﴾

{... Ang mga gumagawa sa bukod pa sa Kanya bilang mga katangkilik [ay nagsasabi]: "Hindi kami sumasamba sa kanila kundi upang magpalapit sila sa amin kay Allāh sa kadikitan." ...} (Qur’ān 42:6) Pagkatapos tumugon si Allāh (napakataas Siya) sa kanila sa pamamagitan ng sabi Niya:

﴿...إِنَّ ٱللَّهَ يَحۡكُمُ بَيۡنَهُمۡ فِي مَا هُمۡ فِيهِ يَخۡتَلِفُونَۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهۡدِي مَنۡ هُوَ كَٰذِبٞ كَفَّارٞ﴾

{Tunay na si Allāh ay maghahatol sa pagitan nila hinggil sa anumang sila hinggil doon ay nagkakaiba-iba. Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa sinumang sinungaling [na nag-ugnay ng anak sa Kanya] na palatangging

sumampalataya.} (Qur’ān 39:3)

Kaya nagpalinaw Siya (kaluwalhatian sa Kanya) sa pamamagitan niyon na ang pagsamba nila sa iba pa sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin, pangamba, pag-aasam, at tulad niyon ay kawalang-pananampalataya sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) at nagpasinungaling sa kanila sa sabi nila na ang mga diyos nila ay nagpapalapit sa kanila sa Kanya sa kadikitan.

Kabilang sa mga paniniwalang pangkawalang-pananampalatayang kumukontra sa tumpak na paniniwala at sumasalungat sa inihatid ng mga sugo (sumakanila ang basbas at ang pangangalaga) ay ang pinaniniwalaan ng mga ateista sa panahong ito kabilang sa mga tagasunod nina Karl Marx, Vladimir Lenin, at iba pa sa kanila kabilang sa mga tagapag-anyaya ng ateismo at kawalang-pananampalataya, maging pinangalanan man nila iyon ng Sosyalismo o Komunismo o Ba`thismo o iba pa roon kabilang sa mga pangalan [ng mga ideyolohiya] sapagkat tunay na kabilang sa mga prinsipyo ng mga ateistang ito ay [ang paniniwalang] walang Diyos

at ang buhay ay materyal.

Kabilang sa mga prinsipyo nila ay ang pagkakaila sa muling pagkabuhay, ang pagkakaila sa Paraiso at Impiyerno, at ang kawalang-pananampalataya sa mga relihiyon sa kabuuan ng mga ito. Ang sinumang tumingin sa mga aklat nila at nag-aral ng lagay nila ay makaaalam niyon nang tiyakan. Walang duda na ang paniniwalang ito ay tagakontra sa lahat ng mga relihiyong makalangit at tagapagpahantong sa mga alagad nito sa pinakamasagwa sa mga kahihinatnan sa Mundo at Kabilang-buhay.

Kabilang sa mga paniniwalang tagakontra sa totoo ang pinaniniwalaan ng ilan sa mga Ṣūfīy na ang ilan sa tinatawag nila bilang mga walīy ay nakikitambal kay Allāh sa pangangasiwa at namamatnugot sa mga pumapatungkol sa Daigdig. Tinatawag nila ang mga ito na mga quṭb (suhay), mga watd (tulos), mga ghawth (saklolo), at iba pa riyan na mga pantawag na inimbento nila para sa mga diyos nila. Ito ay Shirk sa Pagkapanginoon. Ito ay kabilang sa pinakapangit sa mga uri ng Shirk kay Allāh (napakataas Siya).

Ang sinumang nagbulay-bulay sa Shirk ng mga nauna kabilang sa mga kampon ng Kamangmangan at naghambing nito sa Shirk na lumaganap sa gitna ng mga nahuli, makatatagpo siya na ang Shirk ng mga nahuli ay higit na mabigat at higit na sukdulan. Ang paglilinaw niyan ay gaya ng sumusunod: Na ang mga tagatangging sumampalataya ng mga Arabe sa Panahon ng Kamangmangan ay namukod nga sa dalawang usapin: Ang Unang Usapin: Na sila ay hindi nangyaring nagtatambal sa Pagkapanginoon. Ang pagtatambal lamang nila ay sa Pagsamba sapagkat sila noon ay kumikilala sa Pagkapanginoon ukol kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) – tanging sa Kanya – gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿وَلَئِن سَأَلۡتَهُم مَّنۡ خَلَقَهُمۡ لَيَقُولُنَّ ٱللَّهُ...﴾

{Talagang kung nagtanong ka sa kanila kung sino ang lumikha sa kanila ay talagang magsasabi nga silang si Allāh.} (Qur’ān 43:87) Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿قُلۡ مَن يَرۡزُقُكُم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ وَٱلۡأَرۡضِ أَمَّن يَمۡلِكُ ٱلسَّمۡعَ وَٱلۡأَبۡصَٰرَ وَمَن

يُخۡرِجُ ٱلۡحَيَّ مِنَ ٱلۡمَيِّتِ وَيُخۡرِجُ ٱلۡمَيِّتَ مِنَ ٱلۡحَيِّ وَمَن يُدَبِّرُ ٱلۡأَمۡرَۚ
فَسَيَقُولُونَ ٱللَّهُۚ فَقُلۡ أَفَلَا تَتَّقُونَ ٣١﴾

{Sabihin mo: "Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? O sino ang nagmamay-ari ng pandinig at mga paningin? Sino ang nagpapalabas ng buhay mula sa patay at ang nagpapalabas ng patay mula sa buhay? Sino ang nangangasiwa sa kapakanan?" Magsasabi sila na si Allāh, kaya sabihin mo: "Kaya hindi ba kayo mangingilag magkasala?"} (Qur'ān 10:31) Ang mga talata [ng Qur'ān] kaugnay sa kahulugang ito ay lubhang marami.

Ang Ikalawang Usapin: Na ang Shirk nila sa Pagsamba ay hindi nangyaring palagian. Nangyayari lamang ito noon sa kalagayan ng kariwasaan samantalang sa kalagayan naman ng kagipitan, tunay na sila ay nagpapakawagas para kay Allāh sa pagsamba, gaya ng sinabi ni Allāh (napakataas Siya):

﴿فَإِذَا رَكِبُواْ فِي ٱلۡفُلۡكِ دَعَوُاْ ٱللَّهَ مُخۡلِصِينَ لَهُ ٱلدِّينَ فَلَمَّا نَجَّىٰهُمۡ إِلَى ٱلۡبَرِّ
إِذَا هُمۡ يُشۡرِكُونَ ٦٥﴾

{Kapag nakasakay sila sa daong ay dumadalangin sila kay Allāh habang mga nagpapakawagas para sa Kanya sa relihiyon. Ngunit noong nagligtas Siya sa kanila patungo sa katihan, biglang sila ay nagtatambal [sa Kanya]} (Qur'ān 29:65)

Hinggil naman sa mga tagapagtambal na mga nahuli, tunay na sila ay nagdagdag sa mga nauna sa dalawang punto: Ang Unang Punto: Ang Shirk ng ilan sa kanila ay sa Pagkapanginoon. Ang Ikalawang Punto: Ang Shirk nila ay sa [sandali ng] kariwasaan at kagipitan, gaya ng pagkakaalam niyon ng sinumang nakihalo sa kanila, nagsiyasat sa mga kalagayan nila, at nakakita sa ginagawa nila sa tabi ng libingan ni Al-Ḥusayn, ni Al-Badawīy, at ng iba pa sa dalawang ito sa Ehipto; sa tabi ng libingan ni Al-`Aydarūs sa Aden, ni Al-Hādī sa Yemen, ni Ibnu `Arabīy sa Sirya, at ni Shaykh `Abdulqādir Al-Jilānīy sa Iraq; at sa iba pa sa mga ito na mga napatanyag na libingan na nagpakalabis sa pagpipitagan sa mga ito at ang mga madlang-tao at nagtuon sa mga ito ng marami sa karapatan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at

kapita-pitagan). Nangaunti ang nagmamasama sa kanila niyon at naglilinaw sa kanila ng katotohanan ng Tawḥīd, na nagpadala si Allāh dahil dito ng Propeta Niyang si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ng bago pa niya na mga sugo (sumakanila ang basbas at ang pangangalaga) noong bago pa niya. Tunay na tayo ay kay Allāh at tunay na tayo ay sa Kanya mga magbabalik.

Kabilang sa mga paniniwalang tagakontra sa tumpak na pinaniniwalaan sa paksa ng mga pangalan at mga katangian [ni Allāh] ang mga paniniwala ng mga kampon ng mga bid`ah kabilang sa Jahmīyah, Mu`tazilah, at sinumang tumahak sa landas nila sa pagkakaila sa mga katangian ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), pag-aalis sa kahulugan ng binanggit para sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) na mga katangian ng kalubusan at paglalarawan sa Kanya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa katangian ng mga di-umiiral, mga walang-buhay, at mga imposible. Napakataas si Allāh higit sa sinasabi nila ayon sa kataasang malaki!

Napaloloob doon ang sinumang nagkaila sa ilan sa mga katangian [ni Allāh] at nagpatibay sa ilan sa mga ito gaya ng paniniwala ng Ashā`irah. Ang mga ito ay naoobliga, dahil sa pinagtibay nila na mga katangian, ng [pagkilala sa] katapat ng tinakasan nila sa mga katangian na ikinaila nila. Nagbigay-pakahulugan sila sa mga patunay ng mga ito, kaya naman sumalungat sila dahil doon sa mga patunay na panteksto at pangkatwiran, at nagkasalungatan sila kaugnay roon nang maliwanag na pagkakasalungatan.

Hinggil naman sa mga Alagad ng Sunnah at Bukluran, pinagtibay nga nila para kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ang pinagtibay Niya para sa sarili Niya o pinagtibay para sa Kanya ng Sugo Niyang si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) na mga pangalan at mga katangian ayon sa kalubusan. Nagpawalang-kinalaman sila sa Kanya sa pakikipagwangis sa nilikha Niya ayon sa pagpapawalang-kinalamang walang-kaugnayan sa bahid ng ta`ṭīl (pag-aalis ng kahulugan), kaya gumawa sila ayon sa mga patunay sa kabuuan ng

mga ito, hindi sila naglihis [ng kahulugan], hindi sila nag-alis [ng kahulugan], at naligtas sila mula sa pagkakasalungatan na kinasadlakan ng iba pa sa kanila, gaya ng naunang paglilinaw niyan.

Ito ay ang landas ng kaligtasan at kaligayahan sa Mundo at Kabilang-buhay. Ito ay ang Landasing Tuwid na tinahak ng Kanunuan ng Kalipunang ito at mga pinuno nito. Walang mag-aayos sa huli sa kanila kundi ang ikinaaayos ng una sa kanila, ang pagsunod sa Qur'ān at Sunnah at ang pag-iwan sa anumang sumalungat sa dalawang ito. Humihiling tayo kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) na magpanumbalik Siya sa Kalipunang Islām sa katinuan nito, na magparami Siya rito ng mga tagapag-anyaya sa patnubay, at na magtuon Siya sa mga pinuno ng mga Muslim at mga maalam nila tungo sa pakikidigma sa Shirk, pagpuksa rito, at pagbibigay-babala laban sa mga kaparaanan nito; tunay na Siya ay Madinigin, Malapit. Si Allāh ay ang Katangkilik sa pagtutuon. Kasapatan sa atin si Allāh at kay inam ang Pinananaligan. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan Niya. Basbasan ni

Allāh at pangalagaan ang Lingkod Niya at Sugo Niya na Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak nito, at ang mga Kasamahan nito.

***

بِسْمِ اللهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

## Ang Ikalawang Mensahe:

## Hinggil sa Kahatulan ng Pagpapasaklolo sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang papuri ay ukol kay Allāh. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Sugo ni Allāh, sa mag-anak niya, mga Kasamahan Niya, at sinumang napatnubayan sa pamamagitan ng patnubay niya.

Sa pagsisimula, naglathala nga ang diyaryong Kuwayti na Al-Mujtama` sa isyu nitong ika-15 na inilimbag noong 19/4/1390 Hijrah (24/06/1970 CE) ng mga taludtod sa ilalim ng pamagat: Sa Pag-alaala ng Marangal na Kaarawan ng Propeta. Ang mga ito ay mga taludtod na naglalaman ng pagpapasaklolo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at pagpapaadya sa kanya para sa pagpapatalos sa Kalipunang Islām, pag-aadya rito, at pagliligtas dito mula sa kinasadlakan nito na pagkakawatak-watak at pagkakaiba-iba, kalakip ng lagda ng isang nagpangalan sa sarili niya bilang

Āminah. Ito ay isang teksto mula sa mga taludtod na tinutukoy:

O Sugo ni Allāh, magpatalos ka sa isang nakaaalam... sumisiklab ang digmaan at nasusunog ang sinumang nagpaningas nito

O Sugo ni Allāh, magpatalos ka sa isang kalipunan... na sa kadiliman ng pagdududa ay tumagal nga ang gala nito

O Sugo ni Allāh, magpatalos ka sa isang kalipunan... na sa mga kalituhan ng dalamhati ay nawala ang pagkakita nito.

Hanggang sa nagsabi siya:

Madaliin mo ang pag-aadya gaya ng pagmamadali mo nito... sa araw ng Badr nang tinawag mo ang Diyos.

Kaya napalitan ang kaabahan ng isang tagumpay na kahanga-hanga... tunay na kay Allāh ay may mga hukbong hindi mo nakikita

Ganito nagbabaling ang manunulat na ito ng panawagan niya at pagpapasaklolo niya sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), habang

humihiling mula sa kanya ng pagpapatalos sa Kalipunang Islām ng pagmamadali sa pag-aadya habang nakalilimot o namamangmang na ang pag-aadya ay nasa kamay ni Allāh – tanging sa Kanya – at hindi nasa kamay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ni sa iba pa sa kanya na mga nilikha, gaya ng sinabi ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa Malinaw na Aklat Niya:

﴿...وَمَا النَّصْرُ إِلَّا مِنْ عِنْدِ اللَّهِ الْعَزِيزِ الْحَكِيمِ﴾

{Wala ang pagkaadya malibang mula sa ganang kay Allāh, ang Makapangyarihan, ang Marunong,} (Qur’ān 3:126) Nagsabi pa Siya (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya):

﴿إِنْ يَنْصُرْكُمُ اللَّهُ فَلَا غَالِبَ لَكُمْ وَإِنْ يَخْذُلْكُمْ فَمَنْ ذَا الَّذِي يَنْصُرُكُمْ مِنْ بَعْدِهِ...﴾

{Kung mag-aadya sa inyo si Allāh ay walang dadaig sa inyo. Kung magtatatwa Siya sa inyo ay sino itong mag-aadya sa inyo matapos na Niya?} (Qur’ān 3:160)

Ang gawaing ito ng pagdalangin at pagpapasaklolo ay ang isang pagbaling ng isang

uring kabilang sa mga uri ng pagsamba sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya): Nalaman nga sa pamamagitan ng teksto at ijmā` na iyon ay hindi pinapayagan at na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay lumikha ng nilikha upang sumamba sila sa Kanya at nagpadala ng mga sugo at nagpababa ng mga kasulatan para maglinaw ng pagsambang iyon at mag-anyaya tungo roon gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ﴿٥٦﴾﴾

{Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.} (Qur’ān 51:56) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَسُولًا أَنِ اعْبُدُوا اللَّهَ وَاجْتَنِبُوا الطَّاغُوتَ...﴾

{Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na [nagsasabi]: "Sumamba kayo kay Allāh at umiwas kayo sa nagpapakadiyos."} (Qur’ān 16:36) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَمَا أَرْسَلْنَا مِنْ قَبْلِكَ مِنْ رَسُولٍ إِلَّا نُوحِي إِلَيْهِ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنَا

﴿فَاعۡبُدُونِ ٢٥﴾

{Hindi Kami nagsugo bago mo pa ng anumang sugo malibang nagkakasi Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako, kaya sumamba kayo sa Akin.} (Qur'ān 21:25) Nagsabi pa Siya (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya):

﴿الر كِتَابٌ أُحۡكِمَتۡ آيَاتُهُ ثُمَّ فُصِّلَتۡ مِن لَّدُنۡ حَكِيمٍ خَبِيرٍ ١ أَلَّا تَعۡبُدُوا إِلَّا اللَّهَ إِنَّنِي لَكُم مِّنۡهُ نَذِيرٌ وَبَشِيرٌ ٢﴾

{1. Alif. Lām. Rā'. [Ito ay] isang Aklat na pinahusay ang mga talata nito, pagkatapos dinetalye mula sa panig ng isang Marunong, isang Mapagbatid.

2. [Ipinasasabi sa Sugo:] "Na huwag kayong sumamba kundi kay Allāh. Tunay na ako para sa inyo mula sa Kanya ay isang mapagbabala at isang mapagbalita ng nakagagalak."} (Qur'ān 11:1-2)

Kaya nagbigay-liwanag Siya (napakataas Siya) sa mga isinatahasang talatang ito na Siya ay hindi lumikha ng dalawang pangunahing nilalang kundi upang sumamba sila sa Kanya – tanging sa Kanya:

walang katambal sa Kanya. Naglinaw Siya na Siya ay nagsugo ng mga sugo (sumakanila ang basbas at ang pangangalaga) para sa pag-uutos ng pagsambang ito at pagsaway laban sa kasalungatan nito. Nagpabatid Siya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) na Siya ay nagsatahasan ng mga talata sa Aklat Niya at nagdetalye ng mga ito upang hindi sambahin ang iba pa sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya).

Nalalaman na ang pagsamba ay nangangahulugan ng paniniwala sa kaisahan ni Allāh at pagtalima sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ipinag-uutos Niya at pag-iwan sa mga sinasaway Niya. Nag-utos nga si Allāh at nagpabatid Siya niyon sa maraming talata, na kabilang sa mga ito ang sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ...﴾

{Hindi sila inutusan kundi upang sumamba sila kay Allāh bilang mga nagpapakawagas para sa Kanya sa Relihiyon bilang mga makatotoo,} (Qur’ān 98:5) Ang sabi pa Niya (kamahal-mahalan

Siya at kapita-pitagan):

﴿وَقَضَى رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ...﴾

{Nagtadhana ang Panginoon mo na huwag kayong sumamba kundi sa Kanya} [Al-Isra: 23] Ang sabi pa Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿إِنَّآ أَنزَلۡنَآ إِلَيۡكَ ٱلۡكِتَٰبَ بِٱلۡحَقِّ فَٱعۡبُدِ ٱللَّهَ مُخۡلِصٗا لَّهُ ٱلدِّينَ ٢ أَلَا لِلَّهِ ٱلدِّينُ ٱلۡخَالِصُۚ وَٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُواْ مِن دُونِهِۦٓ أَوۡلِيَآءَ مَا نَعۡبُدُهُمۡ إِلَّا لِيُقَرِّبُونَآ إِلَى ٱللَّهِ زُلۡفَىٰٓ إِنَّ ٱللَّهَ يَحۡكُمُ بَيۡنَهُمۡ فِي مَا هُمۡ فِيهِ يَخۡتَلِفُونَۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهۡدِي مَنۡ هُوَ كَٰذِبٞ كَفَّارٞ ٣﴾

{2. Tunay na Kami ay nagpababa sa iyo, [O Propeta Muḥammad,] ng Aklat kalakip ng katotohanan, kaya sumamba ka kay Allāh habang nagpapakawagas para sa Kanya sa Relihiyon.

3. Pansinin, ukol kay Allāh ang relihiyong wagas. Ang mga gumagawa sa bukod pa sa Kanya bilang mga katangkilik [ay nagsasabi]: "Hindi kami sumasamba sa kanila kundi upang magpalapit sila sa amin kay Allāh sa kadikitan." Tunay na si Allāh ay maghahatol sa pagitan nila hinggil sa anumang

sila hinggil doon ay nagkakaiba-iba. Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa sinumang sinungaling [na nag-ugnay ng anak sa Kanya] na palatangging sumampalataya.} (Qur’ān 39:2-3)

Ang mga talata kaugnay sa kahulugang ito ay marami at ang lahat ng mga ito ay nagpapatnubay sa pagkakinakailangan ng pagpapakawagas sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya – at pagwaksi ng pagsamba sa iba sa Kanya kabilang sa mga propeta at iba pa sa kanila.

Walang duda na ang pagdalangin ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga uri ng pagsamba at pinakamasaklaw sa mga ito kaya kinailangan ang pagpapakawagas dito para kay Allāh – tanging sa Kanya, gaya ng sinabi Niya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

﴿فَادْعُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ وَلَوْ كَرِهَ الْكَافِرُونَ﴾

{Kaya dumalangin kayo kay Allāh habang mga nagpapakawagas para sa Kanya sa Relihiyon kahit pa man nasuklam ang mga tagatangging sumampalataya.} (Qur’ān 40:14) Nagsabi pa Siya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

﴿وَأَنَّ الْمَسَاجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا مَعَ اللَّهِ أَحَدًا﴾

{Na ang mga masjid ay ukol kay Allāh, kaya huwag kayong manalangin kasama kay Allāh sa isa man.} (Qur'ān 72:18) Ang pagpapanutong ito ng pagbubukod-tangi kay Allāh sa pagdalangin ay sumasaklaw sa lahat ng mga nilikha gaya ng mga propeta at iba pa sa kanila. Ang sabi Niya:

﴿وَلَا تَدْعُ مِنْ دُونِ اللَّهِ مَا لَا يَنْفَعُكَ وَلَا يَضُرُّكَ فَإِن فَعَلْتَ فَإِنَّكَ إِذًا مِّنَ ٱلظَّٰلِمِينَ﴾

{Huwag kang dumalangin sa bukod pa kay Allāh, na hindi nagpapakinabang sa iyo ni nakapipinsala sa iyo sapagkat kung ginawa mo, tunay na ikaw samakatuwid ay kabilang sa mga tagalabag sa katarungan."} (Qur'ān 10:106) Ito ay isang pakikipag-usap sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nalalaman na si Allāh ay nangalaga nga sa kanya laban sa Shirk. Ang ninanais lamang doon ay ang pagbibigay-babala sa iba sa kanya, pagkatapos nagsabi Siya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya):

﴿وَلَا تَدْعُ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا يَنفَعُكَ وَلَا يَضُرُّكَ فَإِنْ فَعَلْتَ فَإِنَّكَ إِذًا

﴿مِنَ الظَّالِمِينَ١٠٦﴾

{Huwag kang dumalangin sa bukod pa kay Allāh, na hindi nagpapakinabang sa iyo ni nakapipinsala sa iyo sapagkat kung ginawa mo, tunay na ikaw samakatuwid ay kabilang sa mga tagalabag sa katarungan."} (Qur'ān 10:106) Ito ay isang pakikipag-usap sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ang ninanais sa kanya ay ang pagbibigay-babala sa iba sa kanya dahil nalalaman na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay nagsanggalang sa Sugo Niya laban sa Shirk. Pagkatapos nagpaigting si Allāh (napakataas Siya) sa pagsaway at pagbibigay-babala sapagkat nagsabi Siya:

﴿...فَإِنْ فَعَلْتَ فَإِنَّكَ إِذًا مِنَ الظَّالِمِينَ﴾

{... sapagkat kung ginawa mo, tunay na ikaw samakatuwid ay kabilang sa mga tagalabag sa katarungan."} Ang kawalang-katarungan, kapag itinaguri ito, ay tunay na ito ay tinutukoy rito ang Malaking Shirk, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿...وَالْكَافِرُونَ هُمُ الظَّالِمُونَ﴾

{Ang mga tagatangging sumampalataya ay ang mga tagalabag sa katarungan.} (Qur'ān 2:254) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿...إِنَّ الشِّرْكَ لَظُلْمٌ عَظِيمٌ﴾

{tunay na ang pagtatambal ay talagang isang kawalang-katarungang sukdulan.} (Qur'ān 31:13) Kaya naman talagang kung ang pinapanginoon ng anak ni Adan (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga), kung sakaling dumalangin siya sa iba pa kay Allāh, siya ay magiging kabilang sa mga tagalabag sa katarungan, kaya papaano na ang iba pa sa kanya?

Kaya naman nalaman sa pamamagitan ng mga talatang ito at ng iba pa sa mga ito na ang pagdalangin sa iba pa kay Allāh – gaya ng mga patay, mga punong-kahoy, mga anito, at iba pa sa mga ito – ay isang pagtatambal kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at isang pagkakaila sa paniniwala sa kaisahan ni Allāh sa pagsamba – na siyang layon ng paglikha ni Allāh sa

dalawang pangunahing nilalang, pagsusugo ng mga sugo, at pagpapababa ng mga kasulatan – at isang tagakontra sa kahulugan ng: Walang Diyos kundi si Allāh, na nagkakaila sa pagsamba sa iba pa kay Allāh at nagpapatibay nito kay Allāh – tanging sa Kanya, gaya ng sabi ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿ذَٰلِكَ بِأَنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلۡحَقُّ وَأَنَّ مَا يَدۡعُونَ مِن دُونِهِۦ هُوَ ٱلۡبَٰطِلُ وَأَنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلۡعَلِيُّ ٱلۡكَبِيرُ ٦٢﴾

{Iyon ay dahil si Allāh ay ang Katotohanan, dahil ang anumang dinadalanginan nila bukod pa sa Kanya ay ang kabulaanan, at dahil si Allāh ay ang Mataas, ang Malaki.} (Qur'ān 22:62)

Ito ay ang batayang panuntunan ng Relihiyon at pundasyon ng Kapaniwalaan. Hindi natutumpak ang mga pagsamba kundi matapos ng katumpakan ng batayang panuntunang ito gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿وَلَقَدْ أُوحِيَ إِلَيْكَ وَإِلَى الَّذِينَ مِنْ قَبْلِكَ لَئِنْ أَشْرَكْتَ لَيَحْبَطَنَّ عَمَلُكَ وَلَتَكُونَنَّ مِنَ الْخَاسِرِينَ ٦٥﴾

{Talaga ngang ikinasi sa iyo at sa mga bago mo pa na talagang kung nagtambal ka [kay Allāh] ay talagang mawawalang-kabuluhan nga ang gawa mo at talagang magiging kabilang ka nga sa mga lugi.} (Qur’ān 39:65) Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿...وَلَوْ أَشْرَكُوا لَحَبِطَ عَنْهُمْ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ﴾

{Kung sakaling nagtambal sila ay talaga sanang nawalang-kabuluhan para sa kanila ang dati nilang ginagawa.} (Qur’ān 6:88)

Mula sa naunang nabanggit, napaglilinawan na ang Relihiyong Islām at ang pagsaksi na: "Walang Diyos kundi si Allāh" ay may dalawang dakilang batayan.

A. Na walang sambahin kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya – kaya naman ang sinumang dumalangin sa mga patay kabilang sa mga propeta at iba pa sa kanila o dumalangin sa mga anito o mga punong-kahoy o mga bato o iba pa sa mga ito kabilang sa mga nilikha o nagpasaklolo sa kanila o nagpakalapit-loob sa kanila sa pamamagitan ng mga pag-aalay at mga

pamamanata o nagdasal sa kanila o nagpatirapa sa kanila, gumawa nga siya sa kanila bilang mga panginoon bukod pa kay Allāh, gumawa nga siya sa kanila bilang mga kaagaw sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya), at sumalungat nga siya at nagkaila sa kahulugan ng: Walang Diyos kundi si Allāh.

B. Na hindi sambahin si Allāh (napakataas Siya) kundi ayon sa Batas ng Propeta Niya at Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan). Kaya naman ang sinumang gumawa ng bid`ah sa Relihiyon na anumang hindi pinayagan ni Allāh, hindi siya nakapagsakatotohanan ng kahulugan ng pagsaksi na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh, hindi magpapakinabang sa kanya ang gawa niya, at hindi ito tatanggapin mula sa kanya. Nagsabi si Allāh (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya):

﴿وَقَدِمْنَا إِلَىٰ مَا عَمِلُوا مِنْ عَمَلٍ فَجَعَلْنَاهُ هَبَاءً مَنْثُورًا ﴿٢٣﴾﴾

{Tutuon Kami sa anumang ginawa nila na gawain saka gagawa Kami rito na alabok na ikinalat.} (Qur’ān 25:23) Ang tinutukoy ng mga gawang nababanggit sa talata ay mga gawa ng

sinumang namatay sa pagtatambal kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

Napaloloob sa mga ito rin ang mga gawaing pambid`ah na hindi pumayag sa mga ito si Allāh kaya tunay na ito sa Araw ng Pagbangon ay magiging alabok na ikinalat dahil sa pagiging ang mga ito ay hindi nakisang-ayon sa dinalisay na Batas Niya, gaya ng sinabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nagpauso kaugnay sa nauukol sa aming ito ng hindi bahagi nito, ito ay tatanggihan."** Napagkasunduan sa katumpakan nito.

Ang buod ng masasabi ay na ang manunulat na ito ay nagtuon nga ng pagpapasaklolo nito at panalangin nito sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at umayaw sa Panginoon ng mga nilalang na nasa kamay Niya ang pag-aadya, ang pagpinsala, at ang pagpapakinabang samantalang walang nasa kamay ng iba pa sa Kanya na anuman mula roon.

Walang duda na ito ay isang mabigat na buktot na kawalang-katarungan. Nag-utos nga si Allāh

(kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ng pagdalangin sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya). Nangako Siya sa sinumang dumadalangin sa Kanya ng pagtugon at nagbanta Siya sa sinumang nagmalaki sa pagtanggi roon ng pagpapasok sa Impiyerno gaya ng sinabi Niya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

﴿وَقَالَ رَبُّكُمُ ادْعُونِي أَسْتَجِبْ لَكُمْ إِنَّ الَّذِينَ يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِي سَيَدْخُلُونَ جَهَنَّمَ دَاخِرِينَ ﴿٦٠﴾﴾

{Nagsabi ang Panginoon ninyo: "Dumalangin kayo sa Akin, tutugon Ako sa inyo." Tunay na ang mga nagmamalaki sa [pag-ayaw sa] pagsamba sa Akin ay papasok sa Impiyerno na mga nagpapakaaba.} (Qur’ān 40:60) Ibig sabihin: mga minamaliit na hamak. Kaya nagpatunay ang mga marangal na talatang ito na ang pagdalangin ay isang pagsamba; at na ang sinumang nagmalaki sa pagtanggi roon, ang kanlungan niya ay Impiyerno. Kaya kapag ito ay naging kalagayan ng sinumang nagmalaki sa pagtanggi sa pagdalangin kay Allāh, magiging papaano na ang kalagayan ng sinumang dumalangin sa iba pa sa Kanya at umayaw sa

Kanya samantalang Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang Malapit, ang Tagapagmay-ari ng bawat bagay, at ang Nakakakakaya sa bawat bagay, gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ أُجِيبُ دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ فَلْيَسْتَجِيبُوا لِي وَلْيُؤْمِنُوا بِي لَعَلَّهُمْ يَرْشُدُونَ ١٨٦﴾

{Kapag nagtanong sa iyo ang mga lingkod Ko tungkol sa Akin, tunay na Ako ay malapit: sumasagot Ako sa panalangin ng dumadalangin kapag dumalangin siya sa Akin kaya tumugon sila sa Akin at sumampalataya sila sa Akin, nang sa gayon sila ay magagabayan.} (Qur’ān 2:186) Nagpabatid nga ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa tumpak na ḥadīth na ang pagdalangin ay ang pagsamba. Nagsabi siya sa anak ng tiyuhin niya, si `Abdullāh bin `Abbās, (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): **"Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya. Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya sa dako mo. Kapag humiling ka, humiling ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh."** (Nagtala nito si Imām At-Tirmidhīy at ang iba pa

sa kanya.)

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang namatay habang siya ay dumadalangin sa isang kaagaw para kay Allāh, papasok siya sa Apoy."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy.) Nasaad sa Ṣaḥīḥān ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay tinanong: {Aling pagkakasala ang pinakamabigat? Nagsabi siya: **"na gumawa ka para kay Allāh ng isang kaagaw samantalang Siya ay lumikha sa iyo."}** Ang kaagaw ay ang kapareha at ang katulad. Kaya naman ang sinumang dumalangin sa iba pa kay Allāh o nagpasaklolo roon o namanata roon o nag-alay roon o nagbaling para roon ng anuman sa pagsamba bukod pa sa naunang nabanggit, gumawa nga siya roon bilang kaagaw, maging iyon man ay isang propeta o isang walīy o isang hari o isang jinn o isang anito o iba pa roon kabilang sa mga nilikha.

Dito ay maaaring may magsasabi: "Kaya ano naman ang kahatulan sa paghiling sa taong buhay na nakadalo ayon sa nakakaya niya at

pagpapasaklolo sa kanya kaugnay sa mga bagay-bagay na pisikal na nakakaya niya?" Ang sagot ay na ito ay hindi kabilang sa Shirk; bagkus kabilang sa mga bagay-bagay na karaniwang pinapayagan sa mga Muslim, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya) sa kuwento ni Moises:

﴿...فَاسْتَغَاثَهُ الَّذِى مِنْ شِيعَتِهِ عَلَى الَّذِى مِنْ عَدُوِّهِ...﴾

{Nagpasaklolo sa kanya ang kabilang sa kakampi niya laban sa kabilang sa kaaway niya.} (Qur’ān 28:15) Gaya ito ng sinabi Niya (napakataas Siya) sa kuwento rin ni Moises:

﴿فَخَرَجَ مِنْهَا خَائِفًا يَتَرَقَّبُ...﴾

{Kaya lumisan siya mula roon habang kinakabahang nag-aantabay.} (Qur’ān 28:21) Gaya ito kapag nagpapasaklolo ang tao sa mga kasamahan niya sa digmaan at iba pa rito kabilang sa mga pangyayaring nagaganap sa mga tao at nangangailangan sila sa mga ito ng ilan sa kanila.

Nag-utos nga si Allāh sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na magpabatid sa Kalipunan niya na siya ay hindi nagmamay-ari

para sa isa ng isang kapakinabangan ni isang kapinsalaan sapagkat nagsabi si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿قُلْ إِنَّمَا أَدْعُو رَبِّي وَلَا أُشْرِكُ بِهِ أَحَدًا ﴿٢١﴾ قُلْ إِنِّي لَا أَمْلِكُ لَكُمْ ضَرًّا وَلَا رَشَدًا ﴿٢٢﴾﴾

{21. Sabihin mo: "Dumadalangin ako sa Panginoon ko lamang at hindi ako nagtatambal sa Kanya ng isa man."

22. Sabihin mo: "Tunay na ako ay hindi nakapagdudulot sa inyo ng isang pinsala ni isang paggabay."} (Qur'ān 72:20-21) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿قُلْ لَا أَمْلِكُ لِنَفْسِي نَفْعًا وَلَا ضَرًّا إِلَّا مَا شَاءَ اللَّهُ وَلَوْ كُنْتُ أَعْلَمُ الْغَيْبَ لَاسْتَكْثَرْتُ مِنَ الْخَيْرِ وَمَا مَسَّنِيَ السُّوءُ إِنْ أَنَا إِلَّا نَذِيرٌ وَبَشِيرٌ لِقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿١٨٨﴾﴾

{Sabihin mo: "Hindi ako nakapagdudulot para sa sarili ko ng pakinabang ni pinsala maliban sa niloob ni Allāh. Kung sakaling nangyaring ako ay nakaaalam sa nakalingid, talaga sanang nakapagparami ako ng kabutihan at hindi

sumaling sa akin ang kasagwaan. Walang iba ako kundi isang mapagbabala at isang mapagbalita ng nakagagalak para sa mga taong sumasampalataya."} (Qur'ān 7:188)

Ang mga talata kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

Kabilang sa nalalaman na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi dumadalangin kundi sa Panginoon niya, gaya ng napagtibay ayon sa kanya na siya noon sa Araw ng Badr ay nagpapasaklolo kay Allāh, nagpapaadya sa Kanya laban sa kaaway niya, at nangungulit doon." Nagsasabi siya: "O Panginoon ko, tuparin Mo sa akin ang ipinangako Mo sa akin," hanggang sa nagsabi ang pinakamalaking napakatapat na si Abū Bakr (malugod si Allāh dito): "Kasapatan sa iyo, O Sugo ni Allāh, sapagkat tunay na si Allāh ay tutupad sa iyo ng ipinangako Niya sa iyo." Nagpababa si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) kaugnay roon ng sabi Niya (napakataas Siya):

﴿إِذۡ تَسۡتَغِيثُونَ رَبَّكُمۡ فَٱسۡتَجَابَ لَكُمۡ أَنِّي مُمِدُّكُم بِأَلۡفٖ مِّنَ ٱلۡمَلَٰٓئِكَةِ مُرۡدِفِينَ ٩﴾

{[Banggitin] noong nagpapasaklolo kayo sa Panginoon ninyo ay tumugon Siya sa inyo, [na nagsasabi]: "Tunay na Ako ay mag-aayuda sa inyo ng isang libo mula sa mga anghel na mga nagkakasunud-sunod."} (Qur’ān 8:9) Nagpaalaala sa kanila si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa mga talatang ito ng pagpapasaklolo nila. Nagpabatid Siya na Siya ay tumugon sa kanila sapagkat nag-ayuda Siya sa kanila ng mga anghel para magbalita ng pag-aadya at kapanatagan. Naglinaw Siya (kaluwalhatian sa Kanya) na ang pag-aadya ay hindi mula sa mga anghel at ito lamang ay ang pag-aadya mula sa ganang Kanya sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

﴿وَمَا النَّصْرُ إِلَّا مِنْ عِنْدِ اللَّهِ...﴾

{Wala ang pag-aadya kundi mula sa ganang kay Allāh} (Qur’ān 3:126) Nagsabi pa Siya (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya):

﴿وَلَقَدْ نَصَرَكُمُ اللَّهُ بِبَدْرٍ وَأَنْتُمْ أَذِلَّةٌ فَاتَّقُوا اللَّهَ لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ١٢٣﴾

{Talaga ngang nag-adya sa inyo si Allāh sa [labanan sa] Badr habang kayo ay mga kaaba-aba;

kaya mangilag kayong magkasala kay Allāh, nang sa gayon kayo ay magpapasalamat.} (Qur'ān 3:123) Naglinaw Siya (napakataas Siya) sa talatang ito na Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang Tagapag-adya sa kanila sa Araw ng Badr kaya naman nalaman dahil doon na ang ibinigay Niya sa kanila na sandata at lakas at ang inayuda Niya sa kanila na mga anghel, ang lahat ng iyon ay kabilang sa mga kadahilanan ng pagkaadya, pagbabalita ng nakagagalak, at kapanatagan at ang pagkaadya ay hindi mula sa mga ito; bagkus ito ay mula sa ganang kay Allāh – tanging sa Kanya. Kaya papaano naglalakas-loob ang manunulat na ito o ang iba pa sa kanya na magtuon siya ng pagpapasaklolo niya at paghiling niya ng pag-aadya mula sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at umayaw siya sa Panginoon ng mga nilalang, ang Tagapagmay-ari ng bawat bagay, at ang Nakakakaya sa bawat bagay.

Walang duda na ito ay kabilang sa pinakapangit na kamangmangan, bagkus kabilang sa pinakamabigat na Shirk. Kaya naman ang kinakailangan sa manunulat ay na magbalik-loob

siya kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa isang tapat na pagbabalik-loob. Ang tapat na pagbabalik-loob ay ang naglalaman ng ilan sa mga gawain: A. Ang pagsisisi sa kinasadlakan; B. Ang pagkalas sa kinasadlakan; C. Ang pagtitika sa hindi panunumbalik doon bilang pagdakila kay Allāh, bilang pagpapakawagas para sa Kanya, bilang pagsunod sa utos Niya, at bilang pangingilag sa sinaway Niya. Ito ay ang tapat na pagbabalik-loob. Mayroong ikaapat na gawaing natatangi kapag ang paggawa ng masagwa ay kaugnay sa karapatan ng mga nilikha: D. Ang pagsauli ng karapatan sa karapat-dapat dito o ang pagpapaumanhin nito sa kanya.

Nag-utos nga si Allāh sa mga lingkod Niya ng pagbabalik-loob at nangako Siya sa kanila ng pagtanggap nito, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿...وَتُوبُوا إِلَى اللَّهِ جَمِيعًا أَيُّهَ الْمُؤْمِنُونَ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ﴾

{Magbalik-loob kayo kay Allāh nang lahatan, O mga mananampalataya, nang sa gayon kayo ay magtatagumpay.} (Qur’ān 24:31) Nagsabi naman

siya sa panig ng mga Kristiyano:

﴿أَفَلَا يَتُوبُونَ إِلَى اللَّهِ وَيَسْتَغْفِرُونَهُ وَاللَّهُ غَفُورٌ رَحِيمٌ﴿٧٤﴾﴾

{Kaya hindi ba sila nagbabalik-loob kay Allāh at humihingi ng tawad sa Kanya? Si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain.} (Qur'ān 5:74) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَالَّذِينَ لَا يَدْعُونَ مَعَ اللَّهِ إِلَهًا آخَرَ وَلَا يَقْتُلُونَ النَّفْسَ الَّتِي حَرَّمَ اللَّهُ إِلَّا بِالْحَقِّ وَلَا يَزْنُونَ وَمَنْ يَفْعَلْ ذَلِكَ يَلْقَ أَثَامًا﴿٦٨﴾ يُضَاعَفْ لَهُ الْعَذَابُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ وَيَخْلُدْ فِيهِ مُهَانًا﴿٦٩﴾ إِلَّا مَنْ تَابَ وَآمَنَ وَعَمِلَ عَمَلًا صَالِحًا فَأُولَئِكَ يُبَدِّلُ اللَّهُ سَيِّئَاتِهِمْ حَسَنَاتٍ وَكَانَ اللَّهُ غَفُورًا رَحِيمًا﴿٧٠﴾﴾

{68. [Sila] ang mga hindi nananalangin kasama kay Allāh sa isang diyos na iba pa, hindi pumapatay ng taong ipinagbawal ni Allāh malibang ayon sa karapatan, at hindi nangangalunya. Ang sinumang gumawa niyon ay makatatagpo siya ng kaparusahan sa kasalanan:

69. pag-iibayuhin para sa kanya ang pagdurusa sa Araw ng Pagbangon at mamalagi siya roon na

hinahamak,

70. maliban sa sinumang nagbalik-loob, sumampalataya, at gumawa ng gawang maayos sapagkat ang mga iyon ay papalitan ni Allāh ng mga gawang maganda ang mga gawang masagwa nila. Laging si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain.} (Qur’ān 25:68-70) Nagsabi pa si Allāh:

﴿وَهُوَ الَّذِى يَقْبَلُ التَّوْبَةَ عَنْ عِبَادِهِ وَيَعْفُو عَنِ السَّيِّئَاتِ وَيَعْلَمُ مَا تَفْعَلُونَ ﴿٢٥﴾﴾

{Siya ay ang tumatanggap ng pagbabalik-loob buhat sa mga lingkod Niya, nagpapaumanhin sa mga masagwang gawa, nakaaalam sa ginagawa ninyo,} (Qur’ān 42:25)

May natumpak na ḥadīth ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Siya ay nagsabi: **"Ang Islām ay nagwawasak ng anumang bago nito. Ang pagbabalik-loob ay lumalagot sa anumang bago nito."**

Isinatitik nga ang mga pinaiksing pangungusap na ito dahil sa bigat ng Shirk at pagiging ito ay pinakamabigat sa mga pagkakasala at dala ang

pagkalinlang dahil sa namutawi mula sa manunulat na ito at dahil sa pagkakinakailangan ng pagpapayo alang-alang kay Allāh at alang-alang sa mga lingkod Niya. Humihiling ako kay Allāh (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) na magpakinabang siya dahil dito, na magsaayos Siya ng mga kalagayan natin at mga kalagayan ng mga Muslim nang lahatan, at na magmagandang-loob Siya sa atin nang lahatan ng pagkaunawa sa Relihiyon at katatagan dito at magkupkop Siya sa atin at sa mga Muslim laban sa mga kasamaan ng mga sarili natin at mga masagwa sa mga gawain natin; tunay na Siya ay ang Katangkilik doon at ang Nakakakakaya roon.

Basbasan ni Allāh, pangalagaan Niya, at pagpalain Niya ang Lingkod Niya at Sugo Niyang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak nito, at ang mga Kasamahan nito.

***

بِسْمِ اللهِ الرَّحمَنِ الرَّحِيمِ

# Ang Ikatlong Mensahe:

## Hinggil sa Kahatulan ng Pagpapasaklolo sa mga Jinn at mga Demonyo at Pamamanata sa Kanila

Mula kay `Abdul`azīz bin `Abdullāh bin Bāz tungo sa sinumang nakakikita nito kabilang sa mga Muslim. Magtuon nawa sa akin si Allāh at sa kanila para sa pagkapit sa Relihiyon Niya at pagpapakatatag dito. Āmīn!

Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh at ang mga biyaya Niya

Sa pagpapatuloy, nagtanong nga sa akin ang ilan sa mga kapatid tungkol sa ginagawa ng ilan sa mga mangmang na pagdalangin sa iba pa kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya), at pagpapaayuda rito sa mga mahalagang bagay gaya ng pagdalangin sa mga jinn, pagpapasaklolo sa kanila, at pamamanata sa kanila. Kabilang doon din ang pagsabi ng ilan sa kanila: "O Pito," ibig sabihin: Pito sa mga pinuno ng mga jinn, "kunin ninyo siya,

baliin ninyo ang mga buto niya, inumin ninyo ang dugo niya, gutay-gutayin ninyo siya, O Pito, gumawa kayo ng ganito!" O ang pagsabi nila: "Kunin ninyo siya, O mga jinn ng tanghali, O mga jinn ng hapon!" Ito ay umiiral nang marami sa mga dakong timog. Kabilang sa naisasama sa gawaing ito ang pagdalangin sa mga patay kabilang sa mga propeta, mga maaayos na tao, at iba pa sa kanila; ang pagdalangin sa mga anghel at ang pagpapasaklolo sa kanila. Ito sa kabuuan nito at ang mga kawangis nito ay nagaganap sa marami sa mga nauugnay sa Islām dala ng kamangmangan mula sa kanila at dala ng paggaya-gaya sa mga bago nila. Marahil nagpadali ang ilan sa kanila roon at nangatwiran sa pagsabi na: "Ito ay isang bagay na nangyayari sa dila, na hindi kami nagpapakay nito at hindi kami nananadya nito."

Nagtanong din siya sa akin tungkol sa kahatulan ng pakikipag-asawahan sa sinumang nakilala sa mga gawaing ito; at ng mga hayop na kinatay nila, pagdasal para sa kanila, at pagdarasal sa likuran nila; tungkol sa paniniwala sa mga salamangkero at mga manghuhula gaya ng

sinumang nag-aangkin ng pagkakaalam sa karamdaman at mga kadahilanan nito sa simpleng pagmamasid niya sa isang bagay mula sa nasaling ng katawan ng maysakit gaya ng turban, pantalon, belo, at mga kawangis niyan.

Ang sagot: Ang papuri ay ukol kay Allāh – tanging sa Kanya. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa kanya na wala nang propeta matapos niya at ukol sa mag-anak niya, Kasamahan niya, at sinumang napatnubayan dahil sa kanila hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

Sa pagpapatuloy, tunay na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay lumikha nga ng dalawang pangunahing nilalang upang sumamba sila sa Kanya bukod sa bawat anumang iba sa Kanya at upang magtangi sila sa Kanya sa pagdalangin, pagpapasaklolo, pag-aalay, pamamanata, at nalalabi sa mga pagsamba. Ipinadala nga Niya ang mga sugo dahil doon at ipinag-utos Niya sa kanila ito. Pinababa Niya ang mga makalangit na kasulatan na ang pinakadakila sa mga ito ay ang Marangal na Qur’ān nang may paglilinaw roon, pag-aanyaya tungo roon, at

pagbibigay-babala sa mga tao laban sa pagtatambal sa Kanya at pagsamba sa iba pa sa Kanya. Ito ay ang batayang panuntunan ng mga batayang panuntunan at ang pundasyon ng Kapaniwalaan at Relihiyon. Ito ang kahulugan ng pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at ang reyalidad na walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh sapagkat ito ay nagkakaila sa pagkadiyos at pagsamba sa iba pa kay Allāh at pagpapatibay nito – ibig sabihin: ang pagsamba – kay Allāh: tanging sa Kanya, bukod sa anumang iba sa Kanya kabilang sa nalalabi sa mga nilikha. Ang mga patunay rito mula sa Aklat ni Allāh at Sunnah ng Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) ay lubhang marami, na kabilang sa mga ito ang sabi Niya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya):

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ﴿٥٦﴾﴾

{Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.} (Qur’ān 51:56) Ang sabi pa Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَقَضَى رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ...﴾

{Nagtadhana ang Panginoon mo na huwag kayong sumamba kundi sa Kanya} [Al-Isra: 23] Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

﴿وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ...﴾

"Hindi sila inuutusan kundi upang sumamba sila kay Allāh bilang mga nagpapakawagas para sa Kanya sa Relihiyon bilang mga makatotoo," (Qur'ān 98:5) Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

﴿وَقَالَ رَبُّكُمُ ادْعُونِي أَسْتَجِبْ لَكُمْ إِنَّ الَّذِينَ يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِي سَيَدْخُلُونَ جَهَنَّمَ دَاخِرِينَ ٦٠﴾

{Nagsabi ang Panginoon ninyo: "Dumalangin kayo sa Akin, tutugon Ako sa inyo." Tunay na ang mga nagmamalaki sa [pag-ayaw sa] pagsamba sa Akin ay papasok sa Impiyerno na mga nagpapakaaba.} (Qur'ān 40:60) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ أُجِيبُ دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ...﴾

{Kapag nagtanong sa iyo ang mga lingkod Ko tungkol sa Akin, tunay na Ako ay malapit: sumasagot Ako sa panalangin ng dumadalangin

kapag dumalangin siya sa Akin...} (Qur’ān 2:186)

Nilinaw Niya (kaluwalhatian sa Kanya) sa mga talatang ito na Siya ay lumikha ng dalawang pangunahing nilalang para sa pagsamba sa Kanya at na Siya ay nagtadhana – ibig sabihin: nag-utos at nagtagubilin – sa mga lingkod Niya sa isinatatahasang bahagi ng Qur’ān at ayon sa dila ng Sugo (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) na walang sambahin kundi ang Panginoon nila.

Nagbigay-liwanag Siya (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan) na ang pagdalangin ay isang dakilang pagsamba, na ang sinumang nagmalaki sa pagtanggi rito ay papasok sa Impiyerno. Nag-utos Siya sa mga lingkod Niya na dumalangin sila sa Kanya – tanging sa Kanya – at nagpabatid Siya na Siya ay Malapit, na sumasagot ng panalangin nila kaya kinakailangan sa lahat ng mga lingkod na magtangi sa Panginoon nila sa pagdalangin dahil ito ay isang uri ng pagsamba na nilikha sila alang-alang dito at inutusan sila nito. Nagsabi Siya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya):

﴿قُلْ إِنَّ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ﴿١٦٢﴾ لَا شَرِيكَ لَهُ وَبِذَٰلِكَ أُمِرْتُ وَأَنَا أَوَّلُ الْمُسْلِمِينَ﴿١٦٣﴾﴾

{162. Sabihin mo: "Tunay na ang dasal ko, ang pag-aalay ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang

163. walang katambal sa Kanya. Gayon nag-utos sa akin, at ako ay una sa mga Muslim."} (Qur'ān 6:162-163)

Kaya nag-utos si Allāh sa Propeta Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) na magpabatid sa mga tao na ang dasal niya, ang pag-aalay niya: ang pagkatay ng hayop, ang buhay niya, at ang kamatayan niya ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang – walang katambal sa Kanya. Batay roon, ang sinumang nag-alay para sa iba pa kay Allāh ay nagtambal nga kay Allāh gaya ng kung sakaling nagdasal siya sa iba pa kay Allāh dahil si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay gumawa sa pagdarasal at pag-aalay na magkasama, at nagpabatid na ang dalawang iyon ay ukol kay Allāh – tanging sa Kanya: walang katambal sa

Kanya. Kaya ang sinumang nag-alay para sa iba pa kay Allāh kabilang sa mga jinn, mga anghel, mga patay, at iba pa sa kanila, na nagpapakalapit-loob sa kanila sa pamamagitan niyon, siya ay gaya ng nagdasal sa iba pa kay Allāh. Nasaad naman sa tumpak na ḥadīth na ang Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) ay nagsabi: **"Isinumpa ni Allāh ang sinumang nag-alay ng hayop sa iba pa kay Allāh."** Nagtala nito si Imām Aḥmad sa isang magandang sanad ayon kay Ṭāriq bin Shihāb (malugod si Allāh sa kanya) ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay nagsabi: **{May naparaang dalawang lalaki sa mga tao na may anito na hindi nilalampasan ng isa hanggang sa makapaghandog siya roon ng isang bagay. Kaya nagsabi sila sa isa sa dalawa: "Maghandog ka." Nagsabi naman siya: "Wala sa aking isang bagay na maihahandog ko." Nagsabi sila sa kanya: "Maghandog ka kahit na isang langaw." Kaya naghandog siya ng langaw saka hinayaan nila ang landas niya. Kaya papasok siya sa Apoy. Nagsabi naman sila sa isa pa:**

**"Maghandog ka." Nagsabi naman siya: "Ako ay hindi naging ukol na maghandog ng isang bagay sa isa man bukod pa kay Allāh – kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya." Kaya tinaga nila ang leeg niya, kaya papasok siya sa Paraiso.}**

Kaya kapag ang sinumang naghandog sa anito at tulad nito ng langaw at tulad nito ay nagiging isang tagapagtambal na nagiging karapat-dapat sa pagpasok sa Impiyerno, papaano na ang sinumang dumadalangin sa mga jinn, mga anghel, at mga walīy; papaano na ang sinumang nagpapasaklolo sa kanila, namamanata sa kanila, at naghahandog sa kanila ng mga kinatay na hayop, na naghahangad sa pamamagitan niyon ng pag-iingat ng yaman niya o paggaling ng maysakit niya o kaligtasan ng mga hayop niya at pananim niya; papaano na ang sinumang gumagawa niyon dala ng pangamba sa kasamaan ng mga jinn at tulad niyan? Walang duda na ang sinumang gumawa nito at mga kawangis nito ay higit na marapat na maging tagapagtambal na karapat-dapat sa pagpasok sa Impiyerno kaysa sa taong ito na

naghandog ng langaw sa anito.

Kabilang sa nasaad hinggil doon din ang sabi Niya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya):

﴿إِنَّآ أَنزَلۡنَآ إِلَيۡكَ ٱلۡكِتَٰبَ بِٱلۡحَقِّ فَٱعۡبُدِ ٱللَّهَ مُخۡلِصٗا لَّهُ ٱلدِّينَ ٢ أَلَا لِلَّهِ ٱلدِّينُ ٱلۡخَالِصُۚ وَٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُواْ مِن دُونِهِۦٓ أَوۡلِيَآءَ مَا نَعۡبُدُهُمۡ إِلَّا لِيُقَرِّبُونَآ إِلَى ٱللَّهِ زُلۡفَىٰٓ إِنَّ ٱللَّهَ يَحۡكُمُ بَيۡنَهُمۡ فِي مَا هُمۡ فِيهِ يَخۡتَلِفُونَۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهۡدِي مَنۡ هُوَ كَٰذِبٞ كَفَّارٞ ٣﴾

{2. Tunay na Kami ay nagpababa sa iyo, [O Propeta Muḥammad,] ng Aklat kalakip ng katotohanan, kaya sumamba ka kay Allāh habang nagpapakawagas para sa Kanya sa Relihiyon.

3. Pansinin, ukol kay Allāh ang relihiyong wagas. Ang mga gumagawa sa bukod pa sa Kanya bilang mga katangkilik [ay nagsasabi]: "Hindi kami sumasamba sa kanila kundi upang magpalapit sila sa amin kay Allāh sa kadikitan." Tunay na si Allāh ay maghahatol sa pagitan nila hinggil sa anumang sila hinggil doon ay nagkakaiba-iba. Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa sinumang sinungaling [na nag-ugnay ng anak sa Kanya] na

palatangging sumampalataya.} (Qur’ān 39:2-3) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَيَعْبُدُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ مَا لَا يَضُرُّهُمْ وَلَا يَنْفَعُهُمْ وَيَقُولُونَ هَؤُلَاءِ شُفَعَاؤُنَا عِنْدَ اللَّهِ قُلْ أَتُنَبِّئُونَ اللَّهَ بِمَا لَا يَعْلَمُ فِي السَّمَاوَاتِ وَلَا فِي الْأَرْضِ سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى عَمَّا يُشْرِكُونَ ١٨﴾

{Sumasamba sila bukod pa kay Allāh sa hindi nakapipinsala sa kanila at hindi nagpapakinabang sa kanila, at nagsasabi sila: "Ang mga ito ay ang mga tagapagpamagitan namin sa ganang kay Allāh." Sabihin mo: "Nagbabalita ba kayo kay Allāh hinggil sa hindi Niya nalalaman sa mga langit ni sa lupa? Kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya higit sa anumang itinatambal nila."}

(Qur’ān 10:18)

Nagpabatid si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa dalawang talatang ito na ang mga tagapagtambal ay gumawa bukod pa sa Kanya ng mga katangkilik kabilang sa mga nilikha, na sinasamba nila kasama sa Kanya dahil sa pangangamba, paghahangad, pag-aalay, pamamanata, pagdalangin, at tulad niyan, habang

mga nag-aakala na ang mga katangkilik na iyon ay nagpapalapit-loob kay Allāh sa sinumang sumamba sa mga iyon at namamagitan para sa kanila sa kay Allāh. Pagkatapos nagpasinungaling sa kanila si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya); nagbigay-liwanag Siya sa kabulaanan nila; tumawag Siya sa kanila bilang mga sinungaling, mga tagatangging sumampalataya, at mga tagapagtambal; at nagpawalang-kinalaman Siya sa sarili Niya sa pagtatambal nila sapagkat nagsabi Siya (kamahal-mahalan Siya at kataas-taasan):

﴿...سُبْحَانَهُ وَتَعَالَىٰ عَمَّا يُشْرِكُونَ﴾

{Kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya higit sa anumang itinatambal nila.} (Qur'ān 16:1) Kaya nalaman dahil doon na ang sinumang gumawa sa isang anghel o isang propeta o isang jinn o isang punong-kahoy o isang bato, bilang dinadalanginan kasama kay Allāh, pinagpapasaklolohan, at pinag-aalayan dahil sa pamamanata at paghahandog dala ng paghahangad ng Pamamagitan nito sa kay Allāh at pagpapalapit-loob nito kay Allāh o dala ng

paghahangad ng pagpapagaling sa maysakit o pangangalaga sa ari-arian o kaligtasan ng nakaliban o anumang nakawangis niyon, nasadlak nga siya sa ganitong mabigat na Shirk at buktot na trahedya, na nagsabi si Allāh hinggil dito:

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَٰلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ وَمَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدِ افْتَرَىٰ إِثْمًا عَظِيمًا ﴿٤٨﴾﴾

{Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatawad na tambalan Siya at magpapatawad naman Siya sa anumang mababa pa roon sa sinumang loloobin Niya. Ang sinumang nagtatambal kay Allāh ay gumawa-gawa nga ng isang kasalanang sukdulan.} (Qur’ān 4:48) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿...إِنَّهُ مَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَاهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ أَنْصَارٍ﴾

{Tunay na ang sinumang nagtatambal kay Allāh ay nagkait nga si Allāh sa kanya ng Paraiso at ang kanlungan niya ay ang Apoy. Walang ukol sa mga tagalabag sa katarungan na mga tagaadya.} (Qur’ān 5:72)

Ang Pamamagitan ay matatamo lamang sa Araw ng Pagbangon para sa mga alagad ng Tawḥīd at pagpapakawagas, hindi para sa mga alagad ng Shirk, gaya ng sinabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noong sinabi sa kanya: "O Sugo ni Allāh, sino ang pinakamaligaya sa mga tao sa Pamamagitan mo?" Nagsabi naman siya: **"Ang sinumang nagsabi na walang Diyos kundi si Allāh nang wagas mula sa puso niya."** Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang bawat propeta ay may panalanging tinutugon ngunit nagmadali ang bawat propeta sa panalangin niya. Tunay na ako ay naglaan ng panalangin ko sa isang Pamamagitan para sa Kalipunan ko sa Araw ng Pagbangon saka ito ay ipatatamo, kung niloob ni Allāh, sa sinumang namatay mula sa Kalipunan ko habang hindi nagtatambal kay Allāh ng anuman."**

Ang mga sinaunang tagapagtambal ay sumasampalataya na si Allāh ay Panginoon nila, Tagalikha nila, at Tagatustos nila. Nahumaling lamang sila sa mga propeta, mga walīy, mga

anghel, mga punong-kahoy, mga bato, at mga kawangis niyan habang naghahangad ng Pamamagitan ng mga iyon sa kay Allāh at pagpapalapit-loob nila sa Kanya, gaya ng naunang nabanggit sa mga talata. Hindi nagpawalang-sala sa kanila si Allāh doon; bagkus nagmasama si Allāh sa kanila sa Dakilang Aklat Niya. Tumawag Siya sa kanila bilang mga tagatangging sumampalataya at mga tagapagtambal. Nagpasinungaling Siya sa kanila sa pag-aakala nila na ang mga diyos na ito ay mamamagitan para sa kanila at magpapalapit-loob sa kanila kay Allāh sa kadikitan. Hindi nagpawalang-sala sa kanila ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan); bagkus nakipaglaban sa kanila ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa Shirk na ito hanggang sa magpakawagas sila sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya – bilang pagsasagawa sa sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَقَاتِلُوهُمْ حَتَّىٰ لَا تَكُونَ فِتْنَةٌ وَيَكُونَ الدِّينُ لِلَّهِ...﴾

{Makipaglaban kayo sa kanila hanggang sa walang mangyaring panliligalig at ang relihiyon ay

sa kay Allāh.} (Qur’ān 2:193) Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Inutusan ako na makipaglaban sa mga tao hanggang sa sumaksi sila na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh, magpanatili sila ng dasal, at magbigay sila ng zakāh. Kaya kapag gumawa sila niyon, maisasanggalang sila mula sa akin sa mga buhay nila at mga ari-arian nila malibang ayon sa karapatan ng Islām. Ang pagtutuos sa kanila ay nasa kay Allāh."** Ang kahulugan ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"hanggang sa sumaksi sila na walang Diyos kundi si Allāh"** ay: hanggang sa magtangi sila kay Allāh sa pagsamba bukod sa bawat anumang iba sa Kanya.

Talaga nang ang mga tagapagtambal noon ay nangangamba sa mga jinn at nagpapakupkop sa mga iyon kaya naman nagpababa si Allāh (napakataas Siya) kaugnay roon ng sabi Niya:

﴿وَأَنَّهُۥ كَانَ رِجَالٞ مِّنَ ٱلۡإِنسِ يَعُوذُونَ بِرِجَالٖ مِّنَ ٱلۡجِنِّ فَزَادُوهُمۡ رَهَقٗا ٦﴾

{Na noon ay may mga lalaki ng tao na

nagpapakupkop sa mga lalaki ng jinn, kaya dumagdag ang mga ito sa kanila ng isang kabigatan (takot).} (Qur'ān 72:6) Nagsabi ang mga pantas ng pagpapakahulugan sa marangal na talata: Ang kahulugan ng sabi na:

﴿...فَزَادُوهُمْ رَهَقًا﴾

{kaya dumagdag ang mga ito sa kanila ng isang kabigatan} ay: isang pangingilabot at pangamba dahil ang mga jinn ay nagpapalalo sa sarili ng mga ito at nagpapakamalaki kapag nakakita ang mga ito na ang mga tao ay humihiling ng pagkupkop dahil doon. Sa sandaling iyon, nagdaragdag ang mga ito sa kanila ng pagpapangamba at pagpapangilabot nang sa gayon magparami sila ng pagsamba sa mga ito at pagdulog sa mga ito.

Tumumbas nga si Allāh sa mga Muslim kapalit ng paghiling na pagkupkop na iyon sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) sa mga salita Niyang lubos. Nagpababa Siya kaugnay roon ng sabi Niya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya):

﴿وَإِمَّا يَنْزَغَنَّكَ مِنَ الشَّيْطَانِ نَزْغٌ فَاسْتَعِذْ بِاللَّهِ إِنَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ۝٢٠٠﴾

{Kung may magbubuyo nga naman sa iyo mula sa demonyo na isang pambubuyo ay humiling ka ng pagkukupkop ni Allāh. Tunay na Siya ay Madinigin, Maalam.} (Qur’ān 7:200) Ang sabi pa Niya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya):

﴿قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلۡفَلَقِ ١﴾

{Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukang-liwayway} (Qur’ān 113:1) Natumpak [ang ḥadīth] ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay nagsabi: **"Ang sinumang tumuloy sa isang tuluyan saka nagsabi: "A`ūdhu bi-kalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya)," walang pipinsala sa kanya na anuman hanggang sa lumisan siya mula sa tinuluyan niyang iyon."**

Mula sa naunang nabanggit na mga talata at mga ḥadīth, nakaaalam ang naghahanap ng kaligtasan at ang nakaiibig sa pangangalaga sa relihiyon niya at kalayaan mula sa Shirk sa kaliit-liitan nito at kalaki-lakihan nito na ang

pagkahumaling sa mga patay, mga anghel, mga jinn, at iba pa sa kanila kabilang sa mga nilikha; ang pagdalangin sa kanila; ang paghiling sa kanila ng pagkupkop; at ang tulad niyan ay kabilang sa gawain ng mga tagapagtambal na kampon ng Kamangmangan at kabilang sa pinakapangit na pagtatambal kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya). Kaya naman ang kinakailangan ay ang pagwaksi niyon, ang pag-iingat laban doon, ang pagtatagubilinan ng pagwaksi niyon, at ang pagmamasama sa sinumang gumawa niyon.

Hinggil naman sa sinumang nakilala mula sa mga tao sa mga gawaing pangshirk na ito, tunay na hindi pinapayagan ang pakikipag-asawahan sa kanya ni ang pagkain ng hayop na katay niya ni ang pagdarasal para sa kanya ni ang pagdarasal sa likuran niya hanggang sa magpahayag siya ng pagbabalik-loob kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) mula roon at magpakawagas siya sa pagdalangin at pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya. Ang pagdalangin ay ang pagsamba, bagkus ang pinakadiwa nito, gaya ng sinabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang**

**pagdalangin ay ang pagsamba."** Naisalaysay ito ayon sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa iba pang pananalita, na siya ay nagsabi: **"Ang pagdalangin ay ang pinakadiwa ng pagsamba."** Hinggil naman sa pakikipag-asawahan sa mga tagapagtambal, nagsabi nga si Allāh (napakataas Siya):

﴿وَلَا تَنْكِحُوا الْمُشْرِكَاتِ حَتَّى يُؤْمِنَّ وَلَأَمَةٌ مُؤْمِنَةٌ خَيْرٌ مِنْ مُشْرِكَةٍ وَلَوْ أَعْجَبَتْكُمْ وَلَا تُنْكِحُوا الْمُشْرِكِينَ حَتَّى يُؤْمِنُوا وَلَعَبْدٌ مُؤْمِنٌ خَيْرٌ مِنْ مُشْرِكٍ وَلَوْ أَعْجَبَكُمْ أُولَٰئِكَ يَدْعُونَ إِلَى النَّارِ وَاللَّهُ يَدْعُو إِلَى الْجَنَّةِ وَالْمَغْفِرَةِ بِإِذْنِهِ وَيُبَيِّنُ آيَاتِهِ لِلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَتَذَكَّرُونَ ﴿٢٢١﴾﴾

{Huwag kayong magpakasal sa mga babaing tagapagtambal hanggang sa sumampalataya sila. Talagang ang isang babaing aliping mananampalataya ay higit na mabuti kaysa sa isang babaing tagapagtambal kahit pa man nagpahanga ito sa inyo. Huwag ninyong ipakasal [ang kababaihan ninyo] sa mga lalaking tagapagtambal hanggang sa sumampalataya sila. Talagang ang isang lalaking aliping mananampalataya ay higit na mabuti kaysa sa isang lalaking tagapagtambal kahit pa man

nagpahanga ito sa inyo. Ang mga iyon ay nag-aanyaya tungo sa Apoy samantalang si Allāh ay nag-aanyaya tungo sa Paraiso at kapatawaran ayon sa pahintulot Niya. Naglilinaw Siya sa mga tanda Niya sa mga tao, nang sa gayon sila ay magsasaalaala.} (Qur'ān 2:221) Sumaway si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa mga Muslim laban sa pag-aasawa ng mga babaing tagapagtambal kabilang sa mga tagasamba ng mga diyus-diyusan, mga jinn, mga anghel, at iba pa roon hanggang sa sumampalataya ang mga ito kalakip ng pagpapakawagas sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya, paniniwala sa Sugo (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) sa anumang inihatid nito, at pagsunod sa landas nito. Sumaway si Allāh laban sa pagpapakasal sa mga lalaking tagapagtambal ng mga babaing Muslim hanggang sa sumampalataya ang mga ito kalakip ng pagpapakawagas sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya, paniniwala sa Sugo (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan), at pagsunod dito.

Nagpabatid Siya (kaluwalhatian sa Kanya) na ang babaing aliping mananampalataya ay higit na

mabuti kaysa sa malayang babaing tagapagtambal kahit pa man nagpahanga ito sa sinumang tumitingin dito at nakikinig sa pananalita nito dahil sa karikitan nito at kagandahan ng pananalita nito; at na ang lalaking aliping mananampalataya ay higit na mabuti kaysa sa malayang lalaking tagapagtambal kahit pa man nagpahanga ito sa nakikinig dito at nakatingin dito dahil sa karikitan nito, katatasan nito, katapangan nito, at iba pa roon. Pagkatapos nagbigay-liwanag Siya sa mga kadahilanan ng pagtatanging ito sa sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿...أُولَٰئِكَ يَدْعُونَ إِلَى النَّارِ...﴾

{Ang mga iyon ay nag-aanyaya tungo sa Apoy} (Qur'ān 2:221) Tumutukoy Siya roon sa mga lalaking tagapagtambal at mga babaing tagapagtambal dahil sila ay kabilang sa mga tagapag-anyaya ng Impiyerno dahil sa mga sinasabi nila, mga ginagawa nila, pamumuhay nila, at mga kaasalan nila. Hinggil naman sa mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya, sila ay kabilang sa mga

tagapag-anyaya ng Paraiso dahil sa mga kaasalan nila, mga gawain nila, at pamumuhay nila. Kaya papaano nagkakapantay ang mga ito at ang mga iyan?

Hinggil naman sa pagdarasal para sa mga tagapagtambal, nagsabi nga Siya (kamahal-mahalan Siya at kataas-taasan) hinggil sa pumapatungkol sa mga mapagpaimbabaw:

﴿وَلَا تُصَلِّ عَلَىٰٓ أَحَدٖ مِّنۡهُم مَّاتَ أَبَدٗا وَلَا تَقُمۡ عَلَىٰ قَبۡرِهِۦٓۖ إِنَّهُمۡ كَفَرُواْ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَمَاتُواْ وَهُمۡ فَٰسِقُونَ ٨٤﴾

{Huwag kang magdasal para sa isa kabilang sa kanila na namatay – kailanman – at huwag kang tumayo sa puntod niya. Tunay na sila ay tumangging sumampalataya kay Allāh at sa Sugo Niya at namatay samantalang sila ay mga suwail.} (Qur’ān 9:84) Nagbigay-liwanag Siya (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan) sa marangal na talatang ito na ang mapagpaimbabaw at ang tagatangging sumampalataya ay hindi dinadasalan ng basbas sa kanila dahil sa kawalang-pananampalataya nila kay Allāh at sa Sugo Niya, at gayundin, hindi dinadasalan sa

likuran nila at hindi sila ginagawa bilang mga imām ng mga Muslim dahil sa kawalang-pananampalataya nila at kawalan ng pagkamapagkakatiwalaan sa kanila, dahil sa mabigat na pagkamuhi na nasa pagitan nila at ng mga Muslim, at dahil sila ay hindi kabilang sa mga alagad ng pagdarasal at pagsamba dahil ang kawalang-pananampalataya at ang Shirk ay walang natitirang mabuting gawa sa mga ito. Humihiling tayo kay Allāh ng kaligtasan mula roon. Hinggil naman sa pagkain ng mga hayop na kinatay ng mga tagapagtambal, nagsabi nga Siya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) habang naglilinaw sa pagbabawal ng pagkain ng hayop na maytah (hindi nakatay) at mga hayop ng katay ng mga tagapagtambal:

﴿وَلَا تَأْكُلُوا مِمَّا لَمْ يُذْكَرِ اسْمُ اللَّهِ عَلَيْهِ وَإِنَّهُ لَفِسْقٌ وَإِنَّ الشَّيَاطِينَ لَيُوحُونَ إِلَىٰ أَوْلِيَائِهِمْ لِيُجَادِلُوكُمْ وَإِنْ أَطَعْتُمُوهُمْ إِنَّكُمْ لَمُشْرِكُونَ ﴿١٢١﴾﴾

{Huwag kayong kumain mula sa anumang hindi binanggit ang pangalan ni Allāh roon. Tunay na ito ay talagang kasuwailan. Tunay na ang mga demonyo ay talagang nagkakasi sa mga

katangkilik nila upang makipagtalo sila sa inyo. Kung tumalima kayo sa kanila, tunay na kayo ay talagang mga tagapagtambal.} (Qur’ān 6:121) Sumaway Siya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) sa mga Muslim laban sa pagkain ng maytah (hindi nakatay) o kinatay ng mga tagapagtambal dahil ito ay marumi sapagkat ang kinatay nito ay nasa kahatulan ng maytah (hindi nakatay), kahit pa man binanggit niya ang pangalan ni Allāh rito, dahil ang pagsambit ng ngalan ni Allāh mula sa kanya ay walang-saysay na walang epekto roon dahil iyon ay isang pagsamba, at ang Shirk ay nagpapabagsak ng pagsamba at nagpapawalang-saysay rito, hanggang sa magbalik-loob kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ang tagapagtambal. Pinayagan lamang Niya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) ang pagkain ng mga may kasulatan sa sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿...وَطَعَامُ الَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ حِلٌّ لَّكُمْ وَطَعَامُكُمْ حِلٌّ لَّهُمْ...﴾

{... Ang pagkain ng mga nabigyan ng Kasulatan ay ipinahihintulot para sa inyo at ang pagkain

ninyo ay ipinahihintulot para sa kanila. ...} (Qur’ān 5:5) Ito ay dahil sila ay nauugnay sa isang makalangit na relihiyon at nag-aangkin na sila ay mga tagasunod ni Moises at ni Jesus, kahit sila hinggil doon ay mga nagsisinungaling. Nagpawalang-bisa na si Allāh sa relihiyon nila at nagpawalang-saysay rito dahil sa pagkapadala kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tao sa pangkalahatan. Subalit si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kataas-taasan) ay nagpahintulot sa atin ng pagkain ng mga may kasulatan at pag-aasawa ng mga babae nila dahil sa isang malalim na kasanhian at mga maisasaalang-alang na lihim na ipinaliwanag nga ng mga alagad ng kaalaman, na nasa kasalungatan naman ng mga tagapagtambal kabilang sa mga tagasamba ng mga diyus-diyusan at mga patay na mga propeta, mga walīy, at iba pa sa mga ito dahil ang relihiyon nila ay walang batayan at walang paghihinala rito; bagkus ito ay walang-saysay mula sa pundasyon kaya naman ang hayop na kinatay ng mga alagad nito ay maytah (hindi legal na nakatay) at hindi pinapayagan ang pagkain

nito.

Hinggil naman sa sabi ng tao sa kinakausap niya na may jinn na bumagabag sa iyo, may jinn na kumuha sa iyo, may demonyo na sumanib sa iyo, at sinasabing nakawangis niyan, ito ay bahagi ng nauukol sa pag-alipusta at panlalait. Iyon ay hindi pinapayagan sa pagitan ng mga Muslim gaya ng nalalabi sa mga uri ng pag-alipusta at panlalait. Iyon ay hindi bahagi ng patungkol sa Shirk maliban na ang tagasabi niyon ay naniniwala na ang mga jinn ay namamatnugot sa mga tao nang walang pahintulot ni Allāh at kalooban Niya. Kaya ang sinumang naniwala niyon kaugnay sa mga jinn at iba pa sa kanila kabilang sa mga nilikha, siya ay isang tagatangging sumampalataya dahil sa paniniwalang ito dahil si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang Tagapagmay-ari ng bawat bagay at ang Nakakakakaya sa bawat bagay at Siya ay ang Tagapagpakinabang, ang Tagapinsala. Walang umiiral na anuman kundi ayon sa pahintulot Niya, kalooban Niya, at pagtatakda Niyang nauna, gaya ng sinabi Niya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) habang nag-uutos sa Propeta Niya

(basbasan Niya ito at pangalagaan) na magpabatid sa mga tao hinggil sa dakilang batayang panuntunang ito:

﴿قُلْ لَا أَمْلِكُ لِنَفْسِي نَفْعًا وَلَا ضَرًّا إِلَّا مَا شَاءَ اللَّهُ وَلَوْ كُنْتُ أَعْلَمُ الْغَيْبَ لَاسْتَكْثَرْتُ مِنَ الْخَيْرِ وَمَا مَسَّنِيَ السُّوءُ إِنْ أَنَا إِلَّا نَذِيرٌ وَبَشِيرٌ لِقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿١٨٨﴾﴾

{Sabihin mo: "Hindi ako nakapagdudulot para sa sarili ko ng pakinabang ni pinsala maliban sa niloob ni Allāh. Kung sakaling nangyaring ako ay nakaaalam sa nakalingid, talaga sanang nakapagparami ako ng kabutihan at hindi sumaling sa akin ang kasagwaan. Walang iba ako kundi isang mapagbabala at isang mapagbalita ng nakagagalak para sa mga taong sumasampalataya."} (Qur’ān 7:188) Kaya kapag ang pinapanginoon ng nilikha at ang pinakamainam sa kanila (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) ay hindi nakapagdudulot para sa sarili niya ng pakinabang ni pinsala maliban sa niloob ni Allāh, papaano na sa iba pa sa kanya kabilang sa nilikha? Ang mga talata kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

Hinggil naman sa pagtatanong sa mga manghuhula, mga salamangkero, mga astrologo, at mga kawangis nila kabilang sa sinumang nagsasagawa ng pagpapabatid tungkol sa mga pangyayaring nakalingid, ito ay isang nakasasamang hindi pinapayagan. Ang paniniwala sa kanila ay higit na matindi at hindi na nakasasama; bagkus ito ay kabilang sa mga sangay ng Kawalang-pananampalataya batay sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula saka nagtanong doon tungkol sa isang bagay, hindi tatanggapin sa kanya ang pagdarasal ng apatnapung araw."** (Nagsalaysay nito si Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ niya.) Nasaad sa Ṣaḥīḥ niya rin ayon kay Mu`āwiyah bin Al-Ḥakam As-Salamīy (malugod si Allāh sa kanya): **{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumaway laban sa pagpunta sa mga manghuhula at pagtatanong sa kanila.}**

Nagtala nito ang mga Alagad ng mga Sunnah ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Siya ay nagsabi: **"Ang sinumang**

**pumunta sa isang panghinaharap na manghuhula saka naniniwala roon sa sinasabi niyon, tumanggi nga siyang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."}** Ang mga ḥadīth kaugnay sa kahulugang ito ay marami. Kaya ang kinakailangan sa mga Muslim ay ang pangingilag laban sa pagtatanong sa mga panghinaharap na manghuhula, mga pangnakaraang manghuhula, at nalalabi sa mga salamangkerong nagpapakaabala sa pagpapabatid tungkol sa mga pangyayaring nakalingid at panloloko sa mga Muslim, maging ito man ay sa ngalan ng panggagamot o iba pa rito, batay sa naunang nabanggit na pagsaway ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban doon at pagbibigay-babala niya laban doon. Napaloloob doon ang inaangkin ng ilan sa mga tao sa ngalan ng panggagamot na mga bagay-bagay na pangnakalingid. Kapag umamoy iyon ng turban ng lalaking maysakit o belo ng babaing maysakit o tulad niyan, nagsasabi iyon na ang lalaking maysakit na ito o ang babaing maysakit na ito ay gumawa ng ganito at yumari ng ganito," na

kabilang sa mga bagay-bagay ng nakalingid na wala naman sa turban ng lalaking maysakit at tulad nito bilang katunayan daw dito samantalang tanging ang pinapakay mula roon ay ang panloloko sa madla nang sa gayon magsabi sila: ""Tunay na siya ay nakaaalam sa panggagamot, mga uri ng karamdaman, at mga kadahilanan nito." Marahil nagbigay siya sa kanila ng isang bagay mula sa mga gamot at talagang marahil nataon naman ang paggaling na iyon sa pagtatakda ni Allāh kaya nagpalagay sila na ito ay dahil sa mga kadahilanan ng gamot niya. Marahil ang karamdaman ay dahil sa mga kadahilanan ng ilan sa mga jinn at mga demonyo na naglilingkod sa tagapag-angking iyon ng panggagamot at nagpapabatid doon tungkol sa ilan sa mga pangyayaring nakalingid na napag-alaman nila. Kaya naman umaasa siya roon at nagpapalugod siya sa mga jinn at mga demonyo ng nababagay sa kanila na pagsamba saka naglalaho sila sa maysakit na iyon at nag-iiwan sila ng ipinanloko nila sa kanya na kapinsalaan. Ito ay isang bagay na nalalaman tungkol sa mga jinn at mga demonyo at

sinumang nagsisilbi sa kanila.

Ang kinakailangan sa mga Muslim din ay ang pag-iingat laban doon, ang pagtatagubilinan ng pagwaksi niyon, ang pagsandal kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya), at ang pananalig sa Kanya sa lahat ng mga nauukol. Walang masama sa paggamit ng mga legal na ruqyah, mga pinapayagang gamot, at pagpapalunas sa mga manggagamot na gumagawa ng pagsusuri sa maysakit at pagpapakatiyak sa sakit nito sa pamamagitan ng mga kadahilanang pisikal at rasyonal. Natumpak nga ang ḥadīth buhat sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay nagsabi: **"Hindi nagpababa si Allāh ng isang sakit malibang nagpababa Siya para rito ng isang lunas na nakaalam dito ang sinumang nakaalam dito at namangmang dito ang sinumang namangmang dito."** Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang bawat sakit ay may gamot. Kaya naman kapag may tumalab na isang gamot sa sakit, gumaling ito ayon sa pahintulot ni Allāh."** Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Mga**

**lingkod ni Allāh, maggamutan kayo at huwag kayong maggamutan sa bawal."** Ang mga ḥadīth kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

Kaya humihiling tayo kay Allāh (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) na magsaayos Siya ng mga kalagayan ng mga Muslim nang lahatan, maglunas Siya sa mga puso nila at mga katawan nila sa lahat ng kasamaan, magtipon Siya sa kanila sa patnubay, at magkupkop Siya sa atin at sa kanila laban sa mga panliligaw ng mga tukso at laban sa pagtalima sa demonyo at mga katangkilik nito; tunay na Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh, ang Mataas, ang Sukdulan.

Basbasan ni Allāh, pangalagaan Niya, at pagpalain Niya ang Lingkod Niya at Sugo Niyang si Muḥammad, ang mag-anak nito, at ang mga Kasamahan nito.

***

بِسْمِ اللهِ الرَّحمَنِ الرَّحِيمِ

# Ang Ikaapat na Mensahe:

# Hinggil sa Kahatulan ng Pagpapakamananamba sa Pagsambit ng mga Sambiting Pambid`ah at Pangshirk

Mula kay `Abdul`azīz bin `Abdullāh bin Bāz tungo sa Presensiya ng Pinarangalang Kapatid na .................... Magtuon nawa sa kanya si Allāh sa bawat kabutihan. Āmīn.

Kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh at ang mga pagbabala Niya.

Sa pagpapatuloy, umabot nga sa akin ang marangal na sulat ninyo – magpaabot nawa sa inyo si Allāh ng patnubay Niya – at ang nilaman nito na pagpapatalos na may naroroon sa bayan ninyo na mga taong kumakapit sa mga sambitin (wird) na hindi nagpababa si Allāh sa mga ito ng anumang katunayan. Kabilang sa mga ito ang pambid`ah at kabilang sa mga ito ang pangshirk. Nag-uugnay sila niyon sa pinuno ng mga

mananampalataya na si `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya at iba pa sa kanya). Nagbabasa sila ng mga sambiting iyon sa mga pagtitipon ng dhikr o sa mga masjid matapos ng ṣalāh na maghrib, habang nag-aakala na ang mga ito ay pampalapit-loob kay Allāh, gaya ng sabi nila: "Sa pamamagitan ng karapatan ni Allāh, mga tao ni Allāh, tulungan ninyo kami sa pamamagitan ng tulong ni Allāh at maging tulong kayo sa amin sa pamamagitan ni Allāh." Gaya rin ng sabi nila: "O mga suhay, O mga pinapanginoon, sumagot kayo, O mga may ayuda sa amin, at mamagitan kayo kay Allāh. Ito ay alipin ninyo, nakatindig; at sa pintuan ninyo, nananatili; at dahil sa pagkukulang niya, nangangamba. Magsaklolo ka sa amin, O Sugo ni Allāh. Walang para sa akin na iba pa sa inyo na mapupuntahan ko. Mula sa inyo natatamo ang kahilingan. Kayo ay mga alagad ni Allāh dahil kay Ḥamzah na pinapanginoon ng mga martir at sinumang kabilang sa inyo na ayuda para sa amin. Magsaklolo ka sa amin, O Sugo ni Allāh." Gaya rin ng sabi nila: "O Allāh, basbasan Mo ang ginawa Mo bilang kadahilanan ng pagkabiyak ng mga lihim

Mong pangkapangyarihan at bilang ng mga liwanag mong pangnapakamaawain kaya naging kinatawan sa presensiyang pampanginoon at kahalili ng mga lihim Mong pansarili."

Ang pagkaibig ninyo sa paglilinaw ng anumang bid`ah at anumang shirk. Natutumpak ba ang ṣalāh sa likuran ng imām na dumadalangin ng ganitong panalangin? Ang lahat ng iyon ay nalalaman.

Ang sagot: Ang papuri ay ukol kay Allāh – tanging sa Kanya. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa kanya na wala nang propeta matapos niya at ukol sa mag-anak niya, Kasamahan niya, at sinumang napatnubayan dahil sa patnubay niya hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

Sa pagpapatuloy, alamin mo, magtuon nawa sa iyo si Allāh, na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay lumikha lamang ng nilikha at nagsugo lamang ng mga sugo (sumakanila ang basbas at ang pangangalaga) upang sambahin Siya – tanging Siya: walang katambal sa Kanya bukod sa bawat anumang iba sa Kanya, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ﴾

{Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.} (Qur’ān 51:56)

Ang pagsamba, gaya ng naunang paglilinaw nito, ay ang pagtalima kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) at ang pagtalima sa Sugo Niyang si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng paggawa sa iniutos Niya at ng Sugo Niya at pagwaksi ng sinaway Niya at ng Sugo Niya dahil sa pagsampalataya sa Kanya at sa Sugo Niya at pagpapakawagas sa Kanya sa gawain kasama ng kasukdulan ng pag-ibig sa Kanya at kakumpletuhan ng pagpapakaaba sa Kanya – tanging sa Kanya: napakataas Siya – bukod sa iba sa Kanya, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿وَقَضَى رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ...﴾

{Nagtadhana ang Panginoon mo na huwag kayong sumamba kundi sa Kanya ...} (Qur’ān 17:23) Ibig sabihin: Nag-utos Siya at nagtagubilin Siya na sambahin Siya nang mag-isa. Nagsabi pa

Siya (napakataas Siya):

﴿الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ۝٢ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ۝٣ مَالِكِ يَوْمِ الدِّينِ۝٤ إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ۝٥﴾

{2. Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang,

3. ang Napakamaawain, ang Maawain,

4. ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas.

5. Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.} (Qur'ān 1:2-5) Nagpalinaw si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) sa pamamagitan ng talatang ito na Siya ay ang karapat-dapat para sambahin nang mag-isa at hingan ng tulong nang mag-isa. Nagsabi Siya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya):

﴿إِنَّآ أَنزَلۡنَآ إِلَيۡكَ ٱلۡكِتَٰبَ بِٱلۡحَقِّ فَٱعۡبُدِ ٱللَّهَ مُخۡلِصٗا لَّهُ ٱلدِّينَ۝٢ أَلَا لِلَّهِ ٱلدِّينُ ٱلۡخَالِصُۚ...﴾

{2. Tunay na Kami ay nagpababa sa iyo ng Aklat

kalakip ng katotohanan, kaya sumamba ka kay Allāh habang nagpapakawagas para sa Kanya sa relihiyon.

3. Pansinin, ukol kay Allāh ang relihiyong wagas ...} (Qur’ān 39:2-3) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿فَادْعُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ وَلَوْ كَرِهَ الْكَافِرُونَ﴾

{Kaya dumalangin kayo kay Allāh habang mga nagpapakawagas para sa Kanya sa Relihiyon kahit pa man nasuklam ang mga tagatangging sumampalataya.} (Qur’ān 40:14) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَأَنَّ الْمَسَاجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا مَعَ اللَّهِ أَحَدًا﴾

{Na ang mga masjid ay ukol kay Allāh, kaya huwag kayong manalangin kasama kay Allāh sa isa man.} (Qur’ān 72:18) Ang mga talata kaugnay sa kahulugang ito ay marami at ang lahat ng mga ito ay nagpapatunay sa pagkakinakailangan ng pagbubukod-tangi kay Allāh sa pagsamba.

Nalalaman na ang pagdalangin sa mga uri nito

ay bahagi ng pagsamba kaya hindi pinapayagan sa isa man sa mga tao na dumalangin siya kundi sa Panginoon niya ni magpatulong ni magpasaklolo kundi sa Kanya bilang pagsasagawa ayon sa mga marangal na talatang ito at anumang nasaad kaugnay sa kahulugan ng mga ito. Ito ay kaugnay sa anumang bukod pa sa mga karaniwang bagay-bagay at mga pisikal na kadahilanan na nakakakaya sa mga ito ang nilikhang buhay na naririyan sapagkat tunay na iyon ay hindi bahagi ng pagsamba; bagkus pinapayagan ayon sa teksto at ijmā` na magpatulong ang tao sa taong buhay kaugnay sa mga karaniwang bagay-bagay na nakakakaya iyon sa mga ito. Gaya ito ng kung nagpapatulong siya roon o nagpapasaklolo siya roon sa pagtulak ng kasamaan ng anak niya o tagapagsilbi niya o aso niya o anumang nakawangis niyan. Gaya ito ng kung nagpapatulong ang tao sa taong buhay na naririyan na nakakakaya o sa taong nakaliban sa pamamagitan ng paggamit ng mga pisikal na kadahilanan gaya ng pakikipagsulatan at tulad nito sa pagpapatayo ng bahay niya o pagsasaayos

ng kotse niya o anumang nakawangis niyan. Kabilang doon ang pagpapasaklolo ng tao sa mga kasamahan niya sa pakikibaka at digmaan at tulad niyan. Kabilang sa paksang ito ang sabi ni Allāh (napakataas Siya) kaugnay sa kuwento ni Moises (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga):

﴿...فَاسْتَغَاثَهُ الَّذِي مِنْ شِيعَتِهِ عَلَى الَّذِي مِنْ عَدُوِّهِ...﴾

{Nagpasaklolo sa kanya ang kabilang sa kakampi niya laban sa kabilang sa kaaway niya.} (Qur’ān 28:15)

Hinggil naman sa pagpapasaklolo sa mga patay, mga jinn, mga anghel, mga punong-kahoy, at mga bato, iyon ay bahagi ng Malaking Shirk. Iyon ay bahagi ng kauri ng gawain ng mga sinaunang tagapagtambal sa mga diyos nila gaya nina Al-Lāt at Al-`Uzzā at iba sa dalawang ito. Gayundin ang pagpapasaklolo at ang pagpapatulong sa mga pinaniniwalaang nasa kanila ang wilāyah (pagkatangkilik ni Allāh) kabilang sa mga buhay kaugnay sa anumang walang nakakakaya niyon kundi si Allāh gaya ng pagpapagaling ng mga maysakit, kapatnubayan ng mga puso, pagpasok

sa Paraiso, pagkaligtas sa Impiyerno, at mga kawangis niyan.

Ang mga naunang talata at ang anumang nasaad kaugnay sa kahulugan ng mga ito mula sa mga talata at mga ḥadīth, ang lahat ng mga ito ay nagpapatunay sa pagkakinakailangan ng pagtutuon sa mga puso tungo kay Allāh sa lahat ng mga bagay-bagay at pagpapakawagas sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya – dahil ang mga tao ay nilikha para roon at inutusan dito, gaya ng naunang nabanggit sa mga talata at gaya ng nasaad sa sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَاعْبُدُوا اللَّهَ وَلَا تُشْرِكُوا بِهِ شَيْئًا...﴾

{Sumamba kayo kay Allāh at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman.} (Qur’ān 4:36) Ang sabi pa Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ...﴾

{Hindi sila inutusan kundi upang sumamba sila kay Allāh bilang mga nagpapakawagas para sa Kanya sa Relihiyon} (Qur’ān 98:5) Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa

ḥadīth ni Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya): **"Ang karapatan ni Allāh sa lingkod ay na sumamba sila sa Kanya at hindi sila magtambal sa Kanya ng anuman."** Napagkasunduan sa katumpakan nito. Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ḥadīth ni Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya): **"Ang sinumang namatay habang siya ay dumadalangin sa isang kaagaw para kay Allāh, papasok siya sa Apoy."** (Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy.) Nasaad sa Ṣaḥīḥān mula sa ḥadīth ng Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), noong nagpadala siya kay Mu`ādh sa Yemen, ay nagsabi rito: **"Tunay na ikaw ay darating sa mga tao mula sa mga taong may kasulatan, kaya ang kauna-unahan sa ipaaanyaya mo sa kanila ay ang pagsasaksi na walang Diyos kundi si Allāh."}** Sa isang pananalita: **"Mag-anyaya ka sa kanila sa pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na ako ay Sugo ni Allāh."** Sa isang salaysay ni Imām Al-Bukhārīy: **"kaya ang kauna-unahan sa**

**ipaaanyaya mo sa kanila ay na maniwala sila sa kaisahan ni Allāh."** Nasaad sa Ṣaḥīḥ Muslim ayon kay Ṭāriq bin Ashyam Al-Ashja`īy (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: **"Ang sinumang nagsabi na walang Diyos kundi si Allāh at tumangging sumampalataya sa anumang sinasamba bukod pa kay Allāh, ipinagbabawal lapastangin ang yaman niya at ang buhay niya. Ang pagtutuos sa kanya ay nasa kay Allāh (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya)."}** Ang mga ḥadīth kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

Ang Tawḥīd na ito ay batayan ng Relihiyong Islām. Ito ay ang pundasyon ng Kapaniwalaan. Ito ay ang ulo ng usapin at ang pinakamahalaga sa mga tungkulin. Ito ay ang kasanhian sa paglikha sa dalawang pangunahing nilalang at ang kasanhian sa pagsusugo ng mga sugo sa kalahatan (sumakanila ang basbas at ang pangangalaga), gaya ng naunang nakasaad sa mga talatang nagpapatunay roon. Kabilang sa mga ito ang sabi ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ﴾

{Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.} (Qur’ān 51:56) Kabilang sa mga patunay roon din ang sabi Niya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya):

﴿وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَسُولًا أَنِ اعْبُدُوا اللَّهَ وَاجْتَنِبُوا الطَّاغُوتَ...﴾

{Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na [nagsasabi]: "Sumamba kayo kay Allāh at umiwas kayo sa nagpapakadiyos." ...} (Qur’ān 16:36) Ang sabi pa Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿وَمَا أَرْسَلْنَا مِنْ قَبْلِكَ مِنْ رَسُولٍ إِلَّا نُوحِي إِلَيْهِ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنَا فَاعْبُدُونِ﴾

{Hindi Kami nagsugo bago mo pa ng anumang sugo malibang nagkakasi Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako, kaya sumamba kayo sa Akin.} (Qur’ān 21:25) Nagsabi Siya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) tungkol kina Noe, Hūd, Ṣāliḥ, at Shu`ayb (sumakanila ang basbas at ang pangangalaga) na sila ay nagsabi sa mga tao nila:

﴿...اعْبُدُوا اللَّهَ مَا لَكُمْ مِنْ إِلَهٍ غَيْرُهُ...﴾

{... sumamba kayo kay Allāh; walang ukol sa inyo na anumang Diyos na iba pa sa Kanya. ...} (Qur'ān 7:59) Ito ang paanyaya ng mga sugo sa kalahatan gaya ng ipinatunay roon ng dalawang naunang talata. Umamin nga ang mga kaaway ng mga sugo na ang mga sugo ay nag-utos sa kanila ng pagbubukod-tangi kay Allāh sa pagsamba at pagkalas sa mga diyos na sinasamba bukod pa sa Kanya, gaya ng sinabi Niya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) sa kuwento ng liping `Ād na sila ay nagsabi kay Hūd (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga):

﴿...أَجِئْتَنَا لِنَعْبُدَ اللَّهَ وَحْدَهُ وَنَذَرَ مَا كَانَ يَعْبُدُ آبَاؤُنَا...﴾

{... "Dumating ka ba sa Amin upang sumamba kami kay Allāh lamang at umiwan Kami sa anumang dating sinasamba ng mga magulang namin? ...} (Qur'ān 7:70) Nagsabi naman si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) tungkol sa liping Quraysh noong nag-aanyaya sa kanila ang Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungo sa

pagbubukod-tangi kay Allāh sa pagsamba at pagwaksi sa anumang sinasamba nila bukod pa sa Kanya kabilang sa mga anghel, mga walīy, mga anito, at mga punong-kahoy, at iba pa riyan.

﴿أَجَعَلَ الْآلِهَةَ إِلَٰهًا وَاحِدًا إِنَّ هَٰذَا لَشَيْءٌ عُجَابٌ﴾

{Gumawa ba siya sa mga diyos bilang nag-iisang diyos? Tunay na ito ay talagang isang bagay na kataka-taka."} (Qur’ān 38:5) Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) tungkol sa kanila:

﴿إِنَّهُمْ كَانُوا إِذَا قِيلَ لَهُمْ لَا إِلَٰهَ إِلَّا اللَّهُ يَسْتَكْبِرُونَ ۝٣٥ وَيَقُولُونَ أَئِنَّا لَتَارِكُوا آلِهَتِنَا لِشَاعِرٍ مَّجْنُونٍ ۝٣٦﴾

{35. Tunay na sila dati, kapag sinabi sa kanila na walang Diyos kundi si Allāh, ay nagmamalaki

36. at nagsasabi: "Tunay na kami ba ay talagang mga mag-iiwan sa mga diyos namin dahil sa isang manunulang baliw?"} (Qur’ān 37:35-36) Ang mga talatang nagpapahiwatig ng kahulugang ito ay marami.

Mula sa nabanggit natin mula sa mga talata at

mga ḥadīth, lumiliwanag sa iyo – magpatnubay nawa sa akin si Allāh at sa iyo sa pagkaunawa sa Relihiyon at pagkatalos sa karapatan ng Panginoon ng mga nilalang – na ang mga panalanging ito at mga uri ng pagpapasaklolo na nilinaw ko sa tanong mo, ang lahat ng mga ito ay kabilang sa mga uri ng Malaking Shirk dahil ito ay isang pagsamba sa iba pa kay Allāh at isang paghiling ng mga bagay-bagay na walang nakakakaya sa mga ito na iba sa Kanya mula sa mga patay at mga nakaliban. Iyon ay higit na pangit kaysa sa Shirk ng mga sinauna dahil ang mga sinauna ay nagtatambal lamang sa kalagayan ng kaalwanan samantalang sa kalagayan naman ng mga kagipitan ay nagpapakawagas sila para kay Allāh ng pagsamba dahil sila ay nakaaalam na Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang Nakakakaya sa pagliligtas sa kanila mula sa kagipitan hindi ang iba pa sa Kanya, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya) sa Malinaw na Aklat Niya tungkol sa mga tagapagtambal na iyon:

﴿فَإِذَا رَكِبُواْ فِي ٱلۡفُلۡكِ دَعَوُاْ ٱللَّهَ مُخۡلِصِينَ لَهُ ٱلدِّينَ فَلَمَّا نَجَّىٰهُمۡ إِلَى ٱلۡبَرِّ

﴿إِذَا هُمۡ يُشۡرِكُونَ ٦٥﴾

{Kapag nakasakay sila sa daong ay dumadalangin sila kay Allāh habang mga nagpapakawagas para sa Kanya sa relihiyon. Ngunit noong nagligtas Siya sa kanila patungo sa katihan, biglang sila ay nagtatambal [sa Kanya]} (Qur'ān 29:65) Nagsabi naman Siya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) habang nakikipag-usap sa kanila sa iba pang talata:

﴿وَإِذَا مَسَّكُمُ ٱلضُّرُّ فِي ٱلۡبَحۡرِ ضَلَّ مَن تَدۡعُونَ إِلَّآ إِيَّاهُۖ فَلَمَّا نَجَّىٰكُمۡ إِلَى ٱلۡبَرِّ أَعۡرَضۡتُمۡۚ وَكَانَ ٱلۡإِنسَٰنُ كَفُورًا ٦٧﴾

{Kapag sumaling sa inyo ang kapinsalaan sa dagat ay nawawala ang dinadalanginan ninyo maliban sa Kanya ngunit nang nagligtas Siya sa inyo papunta sa kalupaan ay umaayaw kayo. Laging ang tao ay mapagtangging magpasalamat.} (Qur'ān 17:67)

Kapag nagsabi ang isang nagsasabi kabilang sa mga nahuling tagapagtambal na ito: "Tunay na kami ay hindi tumutukoy na ang mga iyon ay

nagbebenipisyo dahil sa mga sarili nila at nagpapagaling sa mga maysakit namin dahil sa mga sarili nila o nagpapakinabang sa amin dahil sa mga sarili nila o nakapipinsala sa amin dahil sa mga sarili nila. Tumutukoy lamang kami sa Pamamagitan nila kay Allāh (napakataas Siya) kaugnay roon."

Ang sagot ay na sabihin sa kanya: Tunay na ito ay ang tinutukoy ng mga sinaunang tagatangging sumampalataya at ang ninanais sabihin nila. Hindi ninanais sabihin nila na ang mga diyos nila ay lumilikha o nagtutustos o nagpapakinabang o nakapipinsala dahil sa sarili ng mga ito sapagkat tunay na iyan ay nagpapawalang-saysay sa binanggit ni Allāh tungkol sa kanila sa Qur’ān; at na sila ay nagnanais ng Pamamagitan ng mga iyon, impluwensiya ng mga iyon, at pagpapalapit-loob ng mga iyon kay Allāh sa kadikitan, gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿وَيَعۡبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا يَضُرُّهُمۡ وَلَا يَنفَعُهُمۡ وَيَقُولُونَ هَٰٓؤُلَآءِ شُفَعَٰٓؤُنَا عِندَ ٱللَّهِ...﴾

{Sumasamba sila bukod pa kay Allāh sa hindi

nakapipinsala sa kanila at hindi nagpapakinabang sa kanila, at nagsasabi sila: "Ang mga ito ay ang mga tagapagpamagitan namin sa ganang kay Allāh...} (Qur’ān 10:18) Kaya tumugon si Allāh sa kanila roon sa pamamagitan ng sabi Niya:

﴿...قُلۡ أَتُنَبِّـُٔونَ ٱللَّهَ بِمَا لَا يَعۡلَمُ فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَلَا فِي ٱلۡأَرۡضِۚ سُبۡحَٰنَهُۥ وَتَعَٰلَىٰ عَمَّا يُشۡرِكُونَ﴾

{... Sabihin mo: "Nagbabalita ba kayo kay Allāh hinggil sa hindi Niya nalalaman sa mga langit ni sa lupa [na may katambal Siya]? Kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya higit sa anumang itinatambal nila."} (Qur’ān 10:18) Nagpalinaw si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) na Siya ay hindi nakaaalam sa mga langit ni sa lupa ng isang mapagpamagitan sa ganang Kanya ayon sa paraang tinutukoy ng mga tagapagtambal. Ang anumang hindi nakaaalam si Allāh sa kairalan nito ay walang kairalan para rito dahil Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay hindi napagkukublihan ng anuman. Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿تَنزِيلُ ٱلۡكِتَٰبِ مِنَ ٱللَّهِ ٱلۡعَزِيزِ ٱلۡحَكِيمِ ١ إِنَّآ أَنزَلۡنَآ إِلَيۡكَ ٱلۡكِتَٰبَ
بِٱلۡحَقِّ فَٱعۡبُدِ ٱللَّهَ مُخۡلِصٗا لَّهُ ٱلدِّينَ ٢ أَلَا لِلَّهِ ٱلدِّينُ ٱلۡخَالِصُۚ وَٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُواْ
مِن دُونِهِۦٓ أَوۡلِيَآءَ مَا نَعۡبُدُهُمۡ إِلَّا لِيُقَرِّبُونَآ إِلَى ٱللَّهِ زُلۡفَىٰٓ إِنَّ ٱللَّهَ يَحۡكُمُ بَيۡنَهُمۡ
فِي مَا هُمۡ فِيهِ يَخۡتَلِفُونَۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهۡدِي مَنۡ هُوَ كَٰذِبٞ كَفَّارٞ ٣﴾

{1. Ang pagbababa ng Aklat ay mula kay Allāh, ang Makapangyarihan, ang Marunong.

2. Tunay na Kami ay nagpababa sa iyo ng Aklat kalakip ng katotohanan, kaya sumamba ka kay Allāh habang nagpapakawagas para sa Kanya sa relihiyon.

3. Pansinin, ukol kay Allāh ang relihiyong wagas. Ang mga gumagawa sa bukod pa sa Kanya bilang mga katangkilik [ay nagsasabi]: "Hindi kami sumasamba sa kanila kundi upang magpalapit sila sa amin kay Allāh sa kadikitan." Tunay na si Allāh ay maghahatol sa pagitan nila hinggil sa anumang sila hinggil doon ay nagkakaiba-iba. Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa sinumang sinungaling [na nag-ugnay ng anak sa Kanya] na palatangging sumampalataya.} (Qur’ān 39:1-3)

Ang kahulugan ng relihiyon dito ay ang pagsamba. Ito ay ang pagtalima kay Allāh at ang pagtalima sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan), gaya ng nakaraang nabanggit. Napaloloob rito ang pagdalangin, ang pagpapasaklolo, ang pangamba, ang paghahangad, ang pag-aalay, at ang pamamanata, kung paanong napaloloob dito ang pagdarasal, ang pag-aayuno, at ang iba pa riyan kabilang sa ipinag-utos ni Allāh at ng Sugo Niya. Nagpalinaw si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) na ang pagsamba ay para sa Kanya – tanging sa Kanya – at na kinakailangan sa mga tao ang pagpapakawagas dito sa Kanya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) dahil ang utos Niya sa Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) ng pagpapakawagas ng pagsamba sa Kanya ay isang utos para sa lahat ng mga anak ng Kalipunang ito.

Pagkatapos naglinaw si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) matapos niyon tungkol sa mga tagatangging sumampalataya sapagkat nagsabi Siya:

﴿...وَٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُواْ مِن دُونِهِۦٓ أَوۡلِيَآءَ مَا نَعۡبُدُهُمۡ إِلَّا لِيُقَرِّبُونَآ إِلَى ٱللَّهِ زُلۡفَىٰٓ...﴾

{Ang mga gumagawa sa bukod pa sa Kanya bilang mga katangkilik [ay nagsasabi]: "Hindi kami sumasamba sa kanila kundi upang magpalapit sila sa amin kay Allāh sa kadikitan."} (Qur’ān 39:3) Kaya tumugon si Allāh sa kanila sa sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿...إِنَّ ٱللَّهَ يَحۡكُمُ بَيۡنَهُمۡ فِي مَا هُمۡ فِيهِ يَخۡتَلِفُونَۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهۡدِي مَنۡ هُوَ كَٰذِبٞ كَفَّارٞ﴾

{... Tunay na si Allāh ay maghahatol sa pagitan nila hinggil sa anumang sila hinggil doon ay nagkakaiba-iba. Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa sinumang sinungaling [na nag-ugnay ng anak sa Kanya] na palatangging sumampalataya.} (Qur’ān 39:3) Kaya nagpabatid (kaluwalhatian sa Kanya) sa marangal na talatang ito na ang mga tagatangging sumampalataya ay hindi sumamba sa mga walīy bukod pa sa Kanya kundi upang magpalapit-loob sa kanila kay Allāh sa kadikitan. Ito ay ang tinutukoy ng mga

tagatangging sumampalataya sa matanda at makabagong panahon. Nagpawalang-saysay nga si Allāh doon sa sabi Niya (napakataas Siya):

﴿...إِنَّ ٱللَّهَ يَحۡكُمُ بَيۡنَهُمۡ فِي مَا هُمۡ فِيهِ يَخۡتَلِفُونَۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهۡدِي مَنۡ هُوَ كَٰذِبٞ كَفَّارٞ﴾

{... Tunay na si Allāh ay maghahatol sa pagitan nila hinggil sa anumang sila hinggil doon ay nagkakaiba-iba. Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa sinumang sinungaling [nag-uugnay sa Kanya ng katambal,] na palatangging sumampalataya.} (Qur'ān 39:3) Nagbigay-liwanag si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa kasinungalingan nila sa pag-aangkin nila na ang mga diyos nila ay nagpapalapit-loob sa kanila kay Allāh sa kadikitan, at sa kawalang-pananampalataya nila dahil sa ibinaling nila sa mga iyon na pagsamba. Dahil doon, nalalaman ng bawat sinumang may pinakamababang pagkatalos na ang mga sinaunang tagatangging sumampalataya ay may kawalang-pananampalataya lamang dahil sa paggawa nila sa mga propeta, mga walīy, mga punong-kahoy, mga

bato, at iba pa riyan kabilang sa mga nilikha, bilang mga mapagpamagitan sa pagitan nila at ni Allāh; at dahil sa paniniwala nila na sila ay natutugunan sa mga pangangailangan nila nang walang pahintulot Niya at pagkalugod Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) gaya ng pamamagitan ng mga ministro sa harap ng mga hari kaya naman nag-analohiya sila sa Kanya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) sa mga hari at mga pinuno. Nagsabi sila: Kung paanong ang sinumang may pangangailangan sa hari at pinuno ay nagpapamagitan sa kanya sa mga piling tao niya at mga ministro niya, gayundin, kami ay nagpapakalapit-loob kay Allāh sa pamamagitan ng pagsamba sa mga propeta Niya at mga walīy Niya. Ito ay kabilang sa pinakabulaang kabulaanan dahil Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay walang kawangis, hindi sinusukat ayon sa nilikha Niya, at walang nakapamamamagitan sa Kanya na isa man malibang may pahintulot Niya sa Pamamagitan at hindi Siya nagpapahintulot maliban sa mga alagad ng Tawḥīd. Siya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) sa bawat bagay ay May-

kakayahan at sa bawat bagay ay Maalam. Siya ay ang pinakamaawain sa mga naaawa. Hindi Siya natatakot sa isa man at hindi Siya nangangamba rito dahil Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang Tagagapi sa ibabaw ng mga lingkod Niya at ang Tagapatnugot sa kanila kung papaano Niyang niloloob. Sa kasalungatan sa mga hari at mga pinuno sapagkat tunay na sila ay hindi nakakakaya sa bawat bagay kaya dahil doon nangangailangan sila sa sinumang makatutulong sa kanila, sa anumang maaaring mawawalang-kakayahan sila, gaya ng mga ministro nila, mga piling tao nila, at mga hukbo nila kung paanong nangangailangan sila ng pagpapaabot sa kanila ng mga hindi nila nalalaman ang pangangailangan kaya nangangailangan sila ng magsusumamo sa kanila at magpapalugod sa kanila mula sa mga ministro nila at mga piling tao nila. Hinggil sa Panginoon (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay Walang-pangangailangan sa lahat ng mga nilikha niya samantalang Siya ay pinakamaawain sa kanila kaysa sa mga ina nila. Siya ang Tagahatol na

Makatarungan. Naglalagay Siya ng mga bagay-bagay sa mga kalalagyan ng mga ito ayon sa hinihiling ng karunungan Niya, kaalaman Niya, at kakayahan Niya kaya hindi pinapayagan na sukatin Siya ayon sa nilikha Niya sa anuman sa mga paraan. Dahil dito, nagbigay-liwanag Siya (kaluwalhatian sa Kanya) sa Aklat Niya na ang mga tagapagtambal ay kumilala nga na Siya ay ang Tagalikha, ang Tagatustos, ang Tagapangasiwa at na Siya ay ang tumutugon sa nagigipit, pumapawi sa kasagwaan, nagbibigay-buhay, nagbibigay-kamatayan, at iba pa riyan na mga ginagawa Niya (kaluwalhatian sa Kanya). Talaga ngang ang alitan sa pagitan ng mga tagapagtambal at ng mga sugo ay sa pagpapakawagas sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya, gaya ng sinabi Niya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya):

﴿وَلَئِن سَأَلۡتَهُم مَّنۡ خَلَقَهُمۡ لَيَقُولُنَّ ٱللَّهُ...﴾

{Talagang kung nagtanong ka sa kanila kung sino ang lumikha sa kanila ay talagang magsasabi nga silang si Allāh ...} (Qur’ān 43:87) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿قُلۡ مَن يَرۡزُقُكُم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ وَٱلۡأَرۡضِ أَمَّن يَمۡلِكُ ٱلسَّمۡعَ وَٱلۡأَبۡصَٰرَ وَمَن
يُخۡرِجُ ٱلۡحَيَّ مِنَ ٱلۡمَيِّتِ وَيُخۡرِجُ ٱلۡمَيِّتَ مِنَ ٱلۡحَيِّ وَمَن يُدَبِّرُ ٱلۡأَمۡرَۚ
فَسَيَقُولُونَ ٱللَّهُۚ فَقُلۡ أَفَلَا تَتَّقُونَ ٣١﴾

{Sabihin mo: "Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? O sino ang nagmamay-ari ng pandinig at mga paningin? Sino ang nagpapalabas ng buhay mula sa patay at ang nagpapalabas ng patay mula sa buhay? Sino ang nangangasiwa sa kapakanan?" Magsasabi sila na si Allāh, kaya sabihin mo: "Kaya hindi ba kayo mangingilag magkasala?"} (Qur'ān 10:31) Ang mga talata kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

Nauna na ang pagkabanggit ng mga talata na nagpapatunay na ang hidwaan sa pagitan ng mga sugo at mga kalipunan ay tanging nasa pagpapakawagas sa pagsamba kay Allāh nang mag-isa, gaya ng sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَلَقَدۡ بَعَثۡنَا فِي كُلِّ أُمَّةٖ رَّسُولًا أَنِ ٱعۡبُدُواْ ٱللَّهَ وَٱجۡتَنِبُواْ ٱلطَّٰغُوتَ...﴾

{Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na [nagsasabi]:

"Sumamba kayo kay Allāh at umiwas kayo sa nagpapakadiyos ...} (Qur’ān 16:36) at ng nasaad kaugnay sa kahulugan nito mula sa mga talata. Naglinaw Siya (kaluwalhatian sa Kanya) sa maraming bahagi ng Marangal na Aklat Niya ng pumapatungkol sa Pamamagitan sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

﴿...مَن ذَا ٱلَّذِي يَشۡفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذۡنِهِۦ...﴾

{... Sino itong mamamagitan sa piling Niya malibang ayon pahintulot Niya? ...} (Qur’ān 2:255) Nagsabi pa Siya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

﴿وَكَم مِّن مَّلَكٖ فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ لَا تُغۡنِي شَفَٰعَتُهُمۡ شَيۡـًٔا إِلَّا مِنۢ بَعۡدِ أَن يَأۡذَنَ ٱللَّهُ لِمَن يَشَآءُ وَيَرۡضَىٰٓ ٢٦﴾

{Kay rami ng anghel sa mga langit na hindi nakapagdudulot ang pamamagitan nila ng anuman maliban nang matapos na magpahintulot si Allāh sa sinumang niloloob Niya at kinalulugdan Niya.} (Qur’ān 53:26)

Nagsabi naman Siya kaugnay sa paglalarawan sa mga anghel:

﴿...وَلَا يَشۡفَعُونَ إِلَّا لِمَنِ ٱرۡتَضَىٰ وَهُم مِّنۡ خَشۡيَتِهِۦ مُشۡفِقُونَ﴾

{... Hindi sila nakapamamagitan maliban para sa sinumang kinalugdan Niya. Sila, dahil sa takot sa Kanya, ay mga nababagabag.} (Qur’ān 21:28)

Nagpabatid Siya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) na Siya ay hindi nalulugod sa kawalang-pananampalataya mula sa mga lingkod Niya at nalulugod lamang sa pagtanaw ng utang na loob mula sa kanila. Ang pagtanaw ng utang na loob ay ang paniniwala sa Kaisahan Niya at ang paggawa ayon sa pagtalima sa Kanya sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

﴿إِن تَكۡفُرُواْ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَنِيٌّ عَنكُمۡۖ وَلَا يَرۡضَىٰ لِعِبَادِهِ ٱلۡكُفۡرَۖ وَإِن تَشۡكُرُواْ يَرۡضَهُ لَكُمۡ...﴾

{Kung tatanggi kayong sumampalataya, tunay na si Allāh ay Walang-pangangailangan sa inyo at hindi Siya nalulugod para sa mga lingkod Niya sa kawalang-pananampalataya. Kung magpapasalamat kayo ay malulugod Siya roon para sa inyo ...} (Qur’ān 39:7)

Nagsalaysay si Imām Al-Bukhārīy sa Ṣaḥīḥ niya

ayon kay Abū Huraryrah (malugod si Allāh sa kanya) na siya ay nagsabi: {O Sugo ni Allāh, sino po ang pinakamaligaya sa mga tao sa Pamamagitan mo?" Nagsabi siya: **"Ang sinumang nagsabi na walang Diyos kundi si Allāh nang mula sa puso niya."** O nagsbi siya: **"mula sa sarili niya."}**

Nasaad sa Ṣaḥīḥ ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: **"Ang bawat propeta ay may panalanging tinutugon ngunit nagmadali ang bawat propeta sa panalangin niya. Tunay na ako ay naglaan ng panalangin ko sa isang Pamamagitan para sa Kalipunan ko sa Araw ng Pagbangon saka ito ay ipatatamo kung niloob ni Allāh sa sinumang namatay mula sa Kalipunan ko habang hindi nagtatambal kay Allāh ng anuman."}** Ang mga ḥadīth kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

Ang lahat ng nabanggit natin na mga talata at mga ḥadīth ay nagpapatunay na ang pagsamba ay karapatan ni Allāh – tanging sa Kanya – at na hindi pinapayagan ang pagbaling ng anuman mula sa mga ito sa iba pa kay Allāh ni sa mga propeta ni sa

iba pa sa kanila at na ang Pamamagitan ay pag-aari ni Allāh (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿قُل لِّلَّهِ ٱلشَّفَٰعَةُ جَمِيعٗا...﴾

{Sabihin mo: "Ukol kay Allāh ang [pagpapahintulot ng] pamamagitan nang lahatan ...} (Qur’ān 39:44) Walang nagiging karapat-dapat dito na isa man malibang matapos ng pagpapahintulot Niya sa tagapamagitan at pagkalugod Niya sa pinamamagitanan. Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay hindi nalulugod kundi sa Tawḥīd, gaya ng naunang nabanggit. Batay rito, tunay na ang mga tagapagtambal ay walang bahagi sa kanila sa Pamamagitan. Nagbigay-liwanag nga si Allāh nito sa sabi Niya (napakataas Siya):

﴿فَمَا تَنفَعُهُمۡ شَفَٰعَةُ ٱلشَّٰفِعِينَ ٤٨﴾

{Kaya hindi magpapakinabang sa kanila ang pamamagitan ng mga tagapamagitan.} (Qur’ān 74:48) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿...مَا لِلظَّٰلِمِينَ مِنۡ حَمِيمٖ وَلَا شَفِيعٖ يُطَاعُ﴾

{... Walang ukol sa mga tagalabag sa katarungan na anumang matalik na kaibigan ni tagapagpamagitang tatalimain.} (Qur’ān 40:18)

Nalalaman na ang kawalang-katarungan sa sandali ng pagtataguri ay ang pagtatambal kay Allāh, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

﴿...وَٱلۡكَٰفِرُونَ هُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ﴾

{... Ang mga tagatangging sumampalataya ay ang mga tagalabag sa katarungan.} (Qur’ān 2:254) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿...إِنَّ ٱلشِّرۡكَ لَظُلۡمٌ عَظِيمٞ﴾

{... Tunay na ang pagtatambal [kay Allāh] ay talagang isang kawalang-katarungang [kasalanang] sukdulan.} (Qur’ān 31:13)

Hinggil naman sa nabanggit ko sa tanong na sabi ng ilan sa mga Ṣūfīy sa mga masjid at iba pa sa mga ito: "O Allāh, basbasan Mo ang ginawa Mo bilang kadahilanan ng pagkabiyak ng mga lihim Mong pangkapangyarihan at bilang ng mga

liwanag mong pangnapakamaawain kaya naging kinatawan ng presensiyang pampanginoon at kahalili ng mga lihim Mong pansarili ..." hanggang sa wakas nito.

Ang sagot ay na sabihin: Tunay na ang pananalitang ito at ang mga kawangis nito ay kabilang sa pangungusap ng pagkukunwari at pagpapakasukdulan, na nagbibigay-babala laban dito ang Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa nasaad sa isinalaysay ni Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya): {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Napahamak ang mga nagpapakasukdulan!" Nagsabi siya nito nang tatlong ulit.}**

Nagsabi si Imām Ibnu Al-Khaṭṭābīy (kaawaan siya ni Allāh): **Ang nagpapakasukdulan ay ang nagpapakalalim sa isang bagay at ang nagkukunwari sa pagsaliksik nito sa mga doktrina ng mga alagad ng Kalām, na mga pumapasok sa hindi pumapatungkol sa kanila, na mga sumusunog sa hindi naabot ng mga isip**

**nila.**

Nagsabi si Abu As-Sa`ādāt ibnu Al-Athīr: **Sila ay ang mga nagpakalalim na nagpapasobra sa pagsasalita, na mga nagsasalita ng abot sa pinakadulo ng mga lalamunan nila, na hango mula sa naṭ`, ang pinakamataas na matigas na ngalangala sa bibig. Pagkatapos ginamit ito sa bawat nagpapakalalim sa sinasabi at ginagawa.**

Sa pamamagitan ng nabanggit ng dalawang pantas na ito kabilang sa mga pantas ng wika, magliliwanag sa iyo at sa bawat sinumang may pinakamababang pagkatalos na ang pamamaraang ito ng pagdalangin ng basbas at pangangalaga sa Propeta natin at pinapanginoon nating Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay kabilang sa pangungusap ng pagkukunwari at pagpapakasukdulan na sinasaway. Ang isinasabatas para sa Muslim sa paksang ito ay na maghangad siya ng pamamaraang napagtibay ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay sa paraan ng pagdalangin ng basbas at

pangangalaga sa kanya. Doon ay may kasapatan higit sa iba pa roon.

Kabilang doon ang isinalaysay nina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim sa Ṣaḥīḥān ayon kay Ka`b bin `Ujrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) ay nagsabi: "O Sugo ni Allāh, nag-utos sa amin si Allāh na manalangin kami ng basbas sa iyo. Kaya papaano po kaming mananalangin ng basbas sa iyo?" Kaya nagsabi siya: **"Magsabi kayo: Allāhumma ṣalli `alā muḥammadin wa-`alā āli muḥammadin, kamā ṣallayta `alā ibrāhīma wa-`alā āli ibrāhīm; innaka ḥamīdum majīd. Allāhumma bārik `alā muḥammadin wa-`alā āli muḥammad, kamā bārakta `alā ibrāhīma wa-`alā āli ibrāhīm; innaka ḥamīdum majīd. (O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbasbas Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal. O Allāh, pagpalain Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagpapala Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na**

**Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal.)"}**

Nasaad sa Ṣaḥīḥān ayon kay Abū Ḥumayd As-Sā`idīy (malugod si Allāh sa kanya): {Sila ay nagsabi: "O Sugo ni Allāh, papaano po kaming mananalangin ng basbas sa iyo?" Nagsabi siya: **"Magsabi kayo: Allāhumma ṣalli `alā muḥammadin wa-`alā azwājihi wa-dhurrīyatihi kamā ṣallayta `alā āli ibrāhīm, wa-bārik `alā muḥammadin wa-`alā azwājihi wa-dhurrīyatihi kamā bārakta `alā āli ibrāhīm; innaka ḥamīdum majīd. (O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad, ang mga maybahay niya, at ang mga inapo niya gaya ng pagbasbas Mo sa mag-anak ni Abraham; at pagpalain Mo si Muḥammad, ang mga maybahay niya, at ang mga inapo niya gaya ng pagpapala Mo sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal.)"**

Nasaad sa Ṣaḥīḥ Muslim ayon kay Abū Mas`ūd Al-Anṣārīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi si Bashīr bin Sa`d: "O Sugo ni Allāh, nag-utos sa amin si Allāh na manalangin kami ng basbas sa iyo. Kaya papaano po kaming

mananalangin ng basbas sa iyo?" Kaya nanahimik siya pagkatapos nagsabi siya: **"Magsabi kayo: Allāhumma ṣalli `alā muḥammadin wa-`alā āli muḥammadin, kamā ṣallayta `alā āli ibrāhīm; wa-bārik `alā muḥammadin wa-`alā āli muḥammad, kamā bārakta `alā āli ibrāhīm fi - l`ālamīn; innaka ḥamīdum majīd. (O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbasbas Mo sa mag-anak ni Abraham; at pagpalain Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagpapala Mo sa mag-anak ni Abraham sa mga nilalang; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal.) Ang pagbati naman ay gaya ng nalaman."}**

Ang mga pananalitang ito at ang mga kawangis ng mga ito, kabilang sa napagtibay ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ay ang nararapat sa Muslim na gamitin sa panalangin niya ng basbas at pangangalaga sa Sugo ni Allāh (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) dahil ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakamaalam sa mga tao sa naaangkop na

gamitin sa panig niya kung paanong siya ay ang pinakamaalam sa mga tao sa nararapat na gamitin sa panig ng Panginoon niya na mga pananalita.

Hinggil naman sa mga pananalitang pakunwari at pinauso at mga pananalitang nagsasaposibilidad ng isang kahulugang hindi tumpak gaya ng mga pananalitang binanggit sa tanong, tunay na iyon ay hindi nararapat gamitin dahil sa taglay ng mga ito na pagkukunwari at dahil sa pagiging ang mga ito ay maaaring maipakakahulugan sa mga kahulugang walang-kabuluhan kasabay ng pagiging ang mga ito ay sumasalungat sa mga pananalitang pinili ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at iginabay niya sa Kalipunan niya. Siya ay ang pinakamaalam sa mga nilikha, ang pinakamapagpayo sa kanila, at ang pinakamalayo sa kanila sa pagkukunwari – sumakanya mula sa Panginoon niya ang pinakamainam na basbas at pangangalaga.

Bukod pa rito, naghahangad ako na sa nabanggit natin na mga patunay sa paglilinaw sa reyalidad ng Tawḥīd, reyalidad ng Shirk, at

pagkakaiba sa pagitan ng nasa kung ano ang mga sinaunang tagapagtambal at ang mga nahuling tagapagtambal kaugnay sa paksang ito; at sa paglilinaw sa pamamaraan ng isinasabatas na pagdalangin ng basbas sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay may kasapatan at pangkumbinsi sa tagahanap ng katotohanan. Hinggil naman sa sinumang walang pagkaibig sa pag-alam sa katotohanan, ito ay isang tagasunod ng pithaya niya. Nagsabi si Allāh (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya):

﴿فَإِن لَّمۡ يَسۡتَجِيبُواْ لَكَ فَٱعۡلَمۡ أَنَّمَا يَتَّبِعُونَ أَهۡوَآءَهُمۡۚ وَمَنۡ أَضَلُّ مِمَّنِ ٱتَّبَعَ هَوَىٰهُ بِغَيۡرِ هُدٗى مِّنَ ٱللَّهِۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهۡدِي ٱلۡقَوۡمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ٥٠﴾

{Ngunit kung hindi sila tumugon sa iyo ay alamin mo na sumusunod lamang sila sa mga pithaya nila. Sino pa ang higit na ligaw kaysa sa sinumang sumunod sa pithaya niya nang walang patnubay mula kay Allāh? Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa mga taong tagalabag sa katarungan.} (Qur’ān 28:50)

Naglinaw Siya (kaluwalhatian sa Kanya) sa marangal na talatang ito na ang mga tao hinggil sa

pagkakaugnay sa pagkapadala ni Allāh sa Propeta Niyang si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa punto ng patnubay at relihiyon ng katotohanan ay dalawang bahagi:

A. Tumutugon kay Allāh at sa Sugo Niya;

B. Tagasunod sa pithaya niya, pagkatapos nagpabatid Siya (kaluwalhatian sa Kanya) na walang higit na ligaw kaysa sa sinumang sumunod sa pithaya niya nang walang patnubay mula kay Allāh.

Kaya humihiling tayo kay Allāh (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) ng kaligtasan laban sa pagsunod sa pithaya at na gumawa Siya sa amin at sa inyo at sa nalalabi sa mga kapatid natin na maging kabilang sa mga tagatugon sa Kanya at sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan), mga tagapagdakila sa Batas Niya, at mga tagapagbigay-babala laban sa bawat sumasalungat sa Batas Niya na mga bid`ah at mga pithaya; tunay na Siya ay Galante, Mapagbigay.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Lingkod Niya, Sugo Niya, at Propeta nating si Muḥammad;

ang mag-anak niya; ang mga Kasamahan niya; at ang mga tagasunod niya ayon sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

***

بِسْمِ اللهِ الرَّحمَنِ الرَّحِيمِ

# Ang Ikalimang Mensahe:

# Ang Kahatulan sa Pagdiriwang ng Kaarawan ng Propeta at Iba pa Rito na mga Kaarawan

Ang papuri ay ukol kay Allāh. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Sugo ni Allāh, sa mag-anak niya, mga Kasamahan Niya, at sinumang napatnubayan sa pamamagitan ng patnubay niya.

Sa pagpapatuloy: Nauli-ulit nga ang tanong mula sa marami tungkol sa kahatulan sa pagdiriwang ng kaarawan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), pagtayo para rito sa sandaling iyon, pagbigay ng pagbati sa kanya, at iba pa riyan kabilang sa ginagawa sa mga kaarawan.

Ang sagot ay na sabihing hindi pinapayagan ang pagdiriwang ng kaarawan ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ni ng iba pa sa kanya dahil iyon ay kabilang sa mga bid`ah na pinauso sa Relihiyon dahil ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at

pangalagaan) ay hindi gumawa nito ni ang mga Matinong Khalīfah ni ang iba pa sa kanila kabilang sa mga Kasamahan (ang kaluguran ni Allāh ay sumakanila) ni ang mga Tagasunod nila sa paggawa ng maganda sa mga minagaling na salinlahi. Sila ay ang pinakamaalam sa mga tao sa Sunnah at ang pinakakumpleto sa pag-ibig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at sa pakikipagsunuran sa Batas niya kaysa sa mga matapos nila. Nagsabi nga Siya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) sa Malinaw na Aklat Niya:

﴿...وَمَآ ءَاتَىٰكُمُ ٱلرَّسُولُ فَخُذُوهُ وَمَا نَهَىٰكُمۡ عَنۡهُ فَٱنتَهُواْ...﴾

{... Ang anumang ibinigay sa inyo ng Sugo [na si Propeta Muḥammad] ay kunin ninyo at ang anumang sinaway niya sa inyo ay tigilan ninyo. ...}

(Qur'ān 59:7) Nagsabi pa Siya (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya):

﴿...فَلۡيَحۡذَرِ ٱلَّذِينَ يُخَالِفُونَ عَنۡ أَمۡرِهِۦٓ أَن تُصِيبَهُمۡ فِتۡنَةٌ أَوۡ يُصِيبَهُمۡ عَذَابٌ أَلِيمٌ﴾

{... Kaya mag-ingat ang mga sumasalungat sa utos niya na baka may tumama sa kanila na isang sigalot o may tumama sa kanila na isang pagdurusang masakit.} (Qur'ān 24:63) Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿لَّقَدۡ كَانَ لَكُمۡ فِي رَسُولِ ٱللَّهِ أُسۡوَةٌ حَسَنَةٞ لِّمَن كَانَ يَرۡجُواْ ٱللَّهَ وَٱلۡيَوۡمَ ٱلۡأٓخِرَ وَذَكَرَ ٱللَّهَ كَثِيرٗا ٢١﴾

{Talaga ngang nagkaroon para sa inyo sa Sugo ni Allāh ng isang magandang huwaran para sa sinumang naging nag-aasam [sa pakikipagkita] kay Allāh at sa Huling Araw at nag-alaala kay Allāh nang madalas.} (Qur'ān 33:21) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَٱلسَّٰبِقُونَ ٱلۡأَوَّلُونَ مِنَ ٱلۡمُهَٰجِرِينَ وَٱلۡأَنصَارِ وَٱلَّذِينَ ٱتَّبَعُوهُم بِإِحۡسَٰنٖ رَّضِيَ ٱللَّهُ عَنۡهُمۡ وَرَضُواْ عَنۡهُ وَأَعَدَّ لَهُمۡ جَنَّٰتٖ تَجۡرِي تَحۡتَهَا ٱلۡأَنۡهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدٗاۚ ذَٰلِكَ ٱلۡفَوۡزُ ٱلۡعَظِيمُ ١٠٠﴾

{Ang mga nangungunang kauna-unahan kabilang sa mga tagalikas at mga tagaadya at ang mga sumunod sa kanila ayon sa paggawa ng maganda ay nalugod si Allāh sa kanila at nalugod sila sa Kanya. Naghanda Siya para sa kanila ng mga

hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog bilang mga mananatili sa mga ito magpakailanman. Iyon ang pagkatamong sukdulan.} (Qur'ān 9:100) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿...ٱلۡيَوۡمَ أَكۡمَلۡتُ لَكُمۡ دِينَكُمۡ وَأَتۡمَمۡتُ عَلَيۡكُمۡ نِعۡمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ ٱلۡإِسۡلَٰمَ دِينٗاۚ...﴾

{... Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon. ...} (Qur'ān 5:3) Ang mga talata [ng Qur'ān] kaugnay sa kahulugang ito ay marami. Napagtibay nga [ang ḥadīth] ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay nagsabi: **"Ang sinumang nagpauso kaugnay sa nauukol sa aming ito ng hindi bahagi nito, iyon ay tatanggihan."** Ibig sabihin: aayawan. Nagsabi naman siya sa iba pang ḥadīth: **{Manatili kayo sa sunnah ko at sunnah ng mga Kahaliling Matinong Napatnubayan nang matapos ko. Kumapit kayo rito at kumagat kayo rito ng mga bagang ninyo. Kaingat kayo sa mga bagong**

**pinauso sa mga bagay-bagay sapagkat tunay na ang bawat bagong pinauso ay bid`ah at ang bawat bid`ah ay kaligawan."}** Kaya sa ḥadīth na ito ay may isang matinding pagbibigay-babala laban sa pagpapauso ng mga bid`ah at paggawa ayon sa mga ito.

Ang pagpapauso ng tulad ng mga kaarawang ito ay maiintindihan mula rito na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay hindi nagkumpleto ng Relihiyon ng Kalipunang ito at na ang Sugo (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) ay hindi nagpaabot ng nararapat para sa Kalipunang Islām na gawin nito hanggang sa dumating ang mga nahuling ito saka nagpauso sila sa Batas ni Allāh ng hindi Niya pinahintulutan, habang mga nag-aakala na iyon ay kabilang sa nagpapalapit-loob sa kanila kay Allāh. Ito, walang duda rito, ay isang mabigat na panganib at isang pagtutol kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) at sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan). Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay bumuo na para sa mga lingkod Niya ng Relihiyong Islām at lumubos sa kanila ng biyaya. Ang Sugo (basbasan siya ni

Allāh at pangalagaan) ay nagpaabot na ng pagpapaabot na malinaw. Hindi siya nag-iwan ng isang daang magpaparating sa Paraiso at magpapalayo mula sa Impiyerno malibang naglinaw siya nito sa Kalipunan gaya ng napagtibay sa tumpak na ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi nagpadala si Allāh ng anumang propeta malibang naging isang tungkulin sa kanya na gumabay sa kalipunan niya sa mabuti na nalalaman niya para sa kanila at magbabala sa kanila sa masama na nalalaman niya para sa kanila."**} Nagsalaysay nito si Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ Niya.

Nalalaman na ang Propeta natin (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakamainam sa mga propeta, ang pangwakas sa kanila, at ang pinakakumpleto sa kanila sa pagpapaabot at pagpapayo. Kaya naman kung sakaling ang pagdiriwang ng mga kaarawan ay bahagi ng Relihiyon na kinalulugdan ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya), talaga sanang naglinaw nito ang Sugo

(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan o gumawa siya nito sa buhay niya o gumawa nito ang mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila). Yayamang walang nangyaring anuman mula roon, nalalaman na ito ay hindi mula sa Islām sa anuman; bagkus ito ay kabilang sa mga pinauso na nagbibigay-babala ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban dito sa Kalipunan, gaya ng naunang pagkabanggit niyon sa mga ḥadīth. Ang mga talata at ang mga ḥadīth kaugnay sa paksang ito ay marami.

Nagpahayag ang isang pangkat ng mga maalam ng pagmamasama sa pagdiriwang ng mga kaarawan at ng pagbibigay-babala laban sa mga ito, bilang pagsasagawa sa mga nabanggit na patunay at iba pa sa mga ito. Sumalungat naman ang ilan sa mga nahuli sapagkat nagpahintulot sila ng mga ito kapag hindi naglalaman ang mga ito ng anumang kabilang sa mga minamasama gaya ng pagpapakalabis-labis sa pagpipitagan sa Sugo ni Allāh at gaya ng pakikihalubilo ng mga babae sa mga lalaki at paggamit ng mga kasangkapan ng mga paglilibang at iba pa riyan kabilang sa

minamasama ng dinalisay na Batas. Nag-akala kasi sila na ito ay kabilang sa mga magandang bid`ah.

Ang panuntunang legal ay ang pagsangguni ng anumang naghidwaan hinggil doon ang mga tao sa Aklat ni Allāh at Sunnah ng Sugo Niyang si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan), gaya ng sinabi Niya (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya):

﴿يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓاْ أَطِيعُواْ ٱللَّهَ وَأَطِيعُواْ ٱلرَّسُولَ وَأُوْلِي ٱلۡأَمۡرِ مِنكُمۡۖ فَإِن تَنَٰزَعۡتُمۡ فِي شَيۡءٖ فَرُدُّوهُ إِلَى ٱللَّهِ وَٱلرَّسُولِ إِن كُنتُمۡ تُؤۡمِنُونَ بِٱللَّهِ وَٱلۡيَوۡمِ ٱلۡأٓخِرِۚ ذَٰلِكَ خَيۡرٞ وَأَحۡسَنُ تَأۡوِيلًا ٥٩﴾

O mga sumampalataya, tumalima kayo kay Allāh at tumalima kayo sa Sugo at sa mga may katungkulan mula sa inyo. Kaya kung naghidwaan kayo sa isang bagay ay sumangguni kayo kay Allāh at sa Sugo, kung kayo ay sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw. Iyon ay higit na mabuti at higit na maganda sa pagsasakatuparan. (Qur'ān 4:59) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَمَا ٱخۡتَلَفۡتُمۡ فِيهِ مِن شَيۡءٖ فَحُكۡمُهُۥٓ إِلَى ٱللَّهِ ...﴾

{Ang anumang nagkaiba-iba kayo hinggil sa anumang bagay, ang kahatulan nito ay sa kay Allāh...} (Qur'ān 42:10)

Sumangguni nga tayo sa usaping ito, ang pagdiriwang ng mga kaarawan, sa Aklat ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) saka natagpuan nating nag-uutos Siya sa atin ng pagsunod sa Sugo (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa anumang inihatid nito. Nagbibigay-babala naman sa atin ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa sinaway ni Allāh at nagpapabatid siya sa atin na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay bumuo na para sa Kalipunang ito ng Relihiyon nito at ang pagdiriwang na ito ay hindi kabilang sa inihatid niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya ito ay hindi mula sa Relihiyon na binuo ni Allāh para sa atin. Nag-utos Siya sa atin ng pagsunod sa Sugo rito.

Sumagot na tayo roon, gayon din, sa Sunnah ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ngunit hindi tayo nakatagpo rito na siya ay nagsagawa niyon ni nag-utos niyon ni nagsagawa niyon ang mga kasamahan niya (malugod si Allāh

sa kanila). Kaya naman nalaman natin dahil diyan na iyon ay hindi kabilang sa Relihiyong Islām; bagkus iyon ay mula sa mga bid`ah na pinauso at mula sa pagpapakawangis sa mga may kasulatan kabilang sa mga Hudyo at mga Kristiyano sa mga pista nila.

Dahil doon, lumiliwanag sa bawat sinumang may pinakamababang pagkatalos at pagkaibig sa katotohanan at pagpapakamakatarungan sa paghahanap nito na ang pagdiriwang ng mga kaarawan ay hindi mula sa Relihiyong Islām; bagkus ito ay mula sa mga bid`ah na pinauso, na nag-utos si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) at ang Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) ng pagwaksi ng mga ito at pag-iingat laban sa mga ito. Hindi nararapat sa nakapag-uunawa na malinlang siya ng dami ng nagsasagawa nito na mga tao sa nalalabi sa mga rehiyon sapagkat tunay na ang katotohanan ay hindi nakikilala sa dami ng tagapagsagawa at nakikilala lamang sa mga legal na patunay gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya) tungkol sa mga Hudyo at mga Kristiyano:

﴿وَقَالُواْ لَن يَدۡخُلَ ٱلۡجَنَّةَ إِلَّا مَن كَانَ هُودًا أَوۡ نَصَٰرَىٰۗ تِلۡكَ أَمَانِيُّهُمۡۗ قُلۡ هَاتُواْ بُرۡهَٰنَكُمۡ إِن كُنتُمۡ صَٰدِقِينَ۝١١١﴾

Nagsabi sila: "Walang papasok sa Paraiso kundi mga Hudyo o mga Kristiyano." Iyon ay mga pinakamimithi nila. Sabihin mo: "Magbigay kayo ng patotoo ninyo kung kayo ay mga tapat." (Qur'ān 2:111) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَإِنْ تُطِعْ أَكْثَرَ مَنْ فِي الْأَرْضِ يُضِلُّوكَ عَنْ سَبِيلِ اللَّهِ...﴾

{Kung tatalima ka sa higit na marami sa mga nasa lupa ay magliligaw sila sa iyo palayo sa landas ni Allāh.} (Qur'ān 6:116)

Pagkatapos tunay na ang nakararami sa mga pagdiriwang na ito ng mga kaarawan, bukod sa pagiging ang mga ito ay bid`ah, ay hindi nawawalan ng pagkakataglay ng mga iba pang nakasasama gaya ng pakikihalubilo ng mga babae sa mga lalaki, paggamit ng mga awit at mga pagpapatugtog, pag-inom ng mga nakalalasing, paggamit ng mga droga, at iba pa riyan na mga kasamaan. Maaaring may nagaganap sa mga ito na higit na mabigat kaysa roon, ang Malaking Shirk.

Iyon ay dahil sa pagpapakalabis-labis sa pagpipitagan sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) o sa iba sa kanya kabilang sa mga walīy, pagdalangin sa kanya, pagpapasaklolo sa kanya, paghiling sa kanya ng ayuda, paniniwala na siya ay nakaaalam sa Nakalingid, at tulad niyan na mga bagay-bagay na pangkawalang-pananampalataya na isinasagawa ng marami sa mga tao sa sandali ng pagdiriwang nila ng kaarawan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ng iba pa sa kanya na tinatawag nila bilang mga walīy. May natumpak nga na ḥadīth tungkol sa Sugo ni Allāh na siya ay nagsabi: **"Kaingat kayo sa pagpapakalabis-labis sa Relihiyon sapagkat ang nagpasawi lamang sa mga bago ninyo ay ang pagpapakalabis-labis sa pagpipitagan sa Relihiyon."}** Nagsabi siya (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga): **"Huwag kayong magpalabis sa pagpuri sa akin gaya ng pagpapalabis sa pagpuri ng mga Kristiyano sa Anak ni Maria. Ako lamang ay isang alipin Niya, kaya sabihin ninyo: ang Alipin ni Allāh at ang Sugo Niya."**

Nagsadokumento nito si Imām Al-Bukhārīy sa Ṣaḥīḥ niya mula sa ḥadīth ni `Umar (malugod si Allāh sa kanya):

Kabilang sa mga kataka-taka at mga kakaiba ay na ang marami sa mga tao ay sumisigla at nagsisipag sa pagdalo sa mga pagdiriwang na pam-bid`ah na ito at nagtatanggol nito ngunit nagmimintis sa inobliga ni Allāh na pagdalo sa mga ṣalāh sa Biyernes at mga konggregasyon. Hindi sila nagkakaroon sa kabila niyon ng pangingimi at hindi nagtuturing na nakagawa ng mabigat na nakasasama. Walang duda na iyon ay bahagi ng kahinaan ng pananampalataya, kakauntian ng pagkatalos, at dami ng nagmantsa sa mga puso na mga uri ng mga pagkakasala at mga pagsuway. Humihiling tayo kay Allāh ng kagalingan para sa atin at para sa nalalabi sa mga Muslim.

Kabilang doon na ang ilan sa kanila ay nagpapalagay na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay dumadalo sa kaarawan. Dahil dito, tumatayo sila para sa kanya habang mga bumabati at mga sumasalubong. Ito ay kabilang sa pinakamabigat na kabulaanan at

pinakapangit na pagkamangmang sapagkat tunay na ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi lumalabas mula sa libingan niya bago ng Araw ng Pagbangon, hindi nakikipag-ugnay sa isa sa mga tao, at hindi dumadalo sa pagtitipon nila; bagkus siya ay nananatili sa libingan niya hanggang sa Araw ng Pagbangon. Ang kaluluwa niya ay nasa pinakamataas ng `Illīyūn sa piling ng Panginoon niya sa Tahanan ng Karangalan, gaya ng sinabi ni Allāh (napakataas Siya):

﴿ثُمَّ إِنَّكُم بَعْدَ ذَٰلِكَ لَمَيِّتُونَ ۝١٥ ثُمَّ إِنَّكُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ تُبْعَثُونَ ۝١٦﴾

{15. Pagkatapos tunay na kayo, matapos niyon, ay talagang mga mamamatay.

16. Pagkatapos tunay na kayo, sa Araw ng Pagbangon, ay bubuhayin.} (Qur'ān 23:15-16)

Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ako ay kauna-unahan sa sinumang mabibiyak para sa kanya ang libingan sa Araw ng Pagbangon. Ako ay kauna-unahang tagapamagitan at kauna-unahang**

**pamamagitanin."** Sumakanya ang pinakamainam na basbas at pangangalaga.

Kaya ang dalawang marangal na talatang ito, ang marangal na ḥadīth, at ang anumang nasaad kaugnay sa kahulugan ng mga ito na mga talata at mga ḥadīth, ang lahat ng mga ito ay nagpapatunay na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang iba pa sa kanya kabilang sa mga patay ay lalabas lamang mula sa mga libingan nila sa Araw ng Pagbangon. Ito ay isang bagay na napagkaisahan sa gitna ng mga maalam ng mga Muslim at wala ritong hidwaan sa pagitan nila. Kaya nararapat sa bawat Muslim na matawagan ng pansin sa mga bagay-bagay na ito at na mag-ingat laban sa pinauso ng mga mangmang at mga kawangis nila na mga bid`ah at mga pamahiin na hindi nagbaba si Allāh sa mga ito ng anumang katunayan. Si Allāh ay ang Pinagpapatulungan at sa Kanya ang pagtitiwala. Walang pagpapakilos at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh.

Hinggil naman sa pagdalangin ng basbas at pangangalaga sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ito ay kabilang sa

pinakamainam sa mga pampalapit-loob [kay Allāh] at kabilang sa mga gawang maayos, gaya ng sinabi ni Allāh (napakataas Siya):

﴿إِنَّ ٱللَّهَ وَمَلَٰٓئِكَتَهُۥ يُصَلُّونَ عَلَى ٱلنَّبِيِّۚ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ صَلُّواْ عَلَيۡهِ وَسَلِّمُواْ تَسۡلِيمًا ٥٦﴾

{Tunay na si Allāh ay nagbabasbas sa Propeta at ang mga anghel Niya [ay humihiling sa Kanya ng gayon]. O mga sumampalataya, dumalangin kayo [kay Allāh] ng pagbasbas sa kanya at bumati kayo sa kanya ng pagbati ng kapayapaan.} (Qur'ān 33:56) Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Ang sinumang dumalangin [ng basbas] para sa akin ay magbabasbas sa kanya si Allāh nang makasampu.}** Ito ay isinasabatas sa lahat ng mga oras, na binibigyang-diin sa pagtatapos ng bawat ṣalāh; bagkus kinakailangan sa ganang isang pangkat ng mga alagad ng kaalaman sa Huling Tashahhud ng bawat ṣalāh. Nabibigyang-diin ang pagkasunnah nito sa maraming pangyayari, na kabilang sa mga ito: ang matapos ng adhān, sa sandali ng pagkabanggit sa kanya (sumakanya ang

basbas at ang pangangalaga), at sa araw ng Biyernes at gabi nito, gaya ng ipinahiwatig ng maraming ḥadīth.

Si Allāh ay ang hinihilingan na magtuon sa atin at sa nalalabi sa mga Muslim sa pag-unawa sa Relihiyon Niya at katatagan dito at na magmagandang-loob sa lahat sa pamamagitan ng pananatili sa Sunnah at pag-iingat laban sa bid`ah; tunay na Siya ay Galante, Marangal.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan Niya ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya.

***

بِسْمِ اللهِ الرَّحمَنِ الرَّحِيمِ

# Ang Ikaanim na Mensahe:

## Ang Kahatulan sa Pagdiriwang ng Gabi ng Isrā' at Mi`rāj

Ang papuri ay ukol kay Allāh. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Sugo ni Allāh, sa mag-anak niya, at mga Kasamahan niya.

Sa pagpapatuloy, walang pag-aalinlangan na ang Isrā' at ang Mi`rāj ay kabilang sa mga dakilang tanda ni Allāh na nagpapatunay sa katapatan ng Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) at sa kadakilaan ng katayuan nito sa ganang Kanya (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya), kung paanong ito ay kabilang sa mga katunayan sa nagniningning na kakayahan Niya at sa kataasan Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) sa lahat ng nilikha Niya. Nagsabi si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿سُبۡحَٰنَ ٱلَّذِيٓ أَسۡرَىٰ بِعَبۡدِهِۦ لَيۡلٗا مِّنَ ٱلۡمَسۡجِدِ ٱلۡحَرَامِ إِلَى ٱلۡمَسۡجِدِ ٱلۡأَقۡصَا ٱلَّذِي بَٰرَكۡنَا حَوۡلَهُۥ لِنُرِيَهُۥ مِنۡ ءَايَٰتِنَآۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلۡبَصِيرُ ١﴾

{Kaluwalhatian sa Kanya na nagpalakbay sa Lingkod Niya isang gabi mula sa Masjid na Pinakababanal [sa Jerusalem] patungo sa Masjid na Pinakamalayo, na pinagpala Namin ang palibot nito upang magpakita Kami sa kanya ng ilan sa mga tanda Namin. Tunay na Siya ay ang Madinigin, ang Nakakikita.} (Qur'ān 17:1)

Nagkasunud-sunuran ang mga salaysay tungkol sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay pinapanik sa mga langit at pinagbuksan para sa kanya ang mga pinto ng mga ito hanggang sa lumampas siya sa ikapitong langit, saka nakipag-usap sa kanya ang Panginoon niya (kaluwalhatian sa Kanya) ng ninais Nito at nagsatungkulin sa kanya ng limang ṣalāh. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay nagsatungkulin ng mga ito sa unang pagkakataon bilang limampung ṣalāh ngunit hindi tumigil ang Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na bumabalik kay Allāh at humihiling ng pagpapagaan, hanggang sa ginawa Nito ang mga ṣalāh na lima. Ang mga ito ay lima sa tungkulin at limampu sa pabuya dahil ang

magandang gawa ay tinutumbasan ng sampung tulad nito. Kaya ukol kay Allāh ang papuri at ang pasasalamat sa lahat ng mga pagpapala Niya.

Ang pagdiwang ng gabing ito na nangyari rito ang Isrā' (paglalakbay sa gabi) at ang Mi`rāj (pagpapanik) ay hindi nasaad sa mga tumpak na ḥadīth ang pagtatalaga nito: hindi sa Rajab ni sa iba pa. Ang bawat nasaad sa pagtatalaga nito ay hindi napagtibay buhat sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ganang mga alagad ng kaalaman sa ḥadīth. Kay Allāh ang karunungang masidhi sa pagpapalimot sa mga tao rito. Kung sakali mang napagtibay ang pagtatalaga nito, hindi naman pinayagan para sa mga Muslim na magtangi rito ng anuman mula sa mga pagsamba at hindi pinayagan para sa kanila na magdiwang nito dahil ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila) ay hindi nagdiwang nito at hindi nagtangi nito sa anuman. Kung sakaling ang pagdiwang nito ay isang bagay na isinasabatas, talaga sanang naglinaw nito ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa

Kalipunang Islām, maaaring sa pamamagitan ng pagsasabi o maaaring sa pamamagitan ng paggawa. Kung sakaling may naganap na anuman mula roon, talaga sanang nalaman ito at napatanyag ito at talaga sanang nagpaabot nito ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa atin sapagkat nagpaabot nga sila buhat sa Propeta nila (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng bawat bagay na kinakailangan ng Kalipunang Islām at hindi sila nagpabaya sa anuman mula sa Relihiyong Islām; bagkus sila ay ang mga nangunguna sa bawat kabutihan. Kaya naman kung sakaling ang pagdiwang ng gabing ito ay isinasabatas, talaga sanang sila ay ang pinakauna sa mga tao roon. Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakamapagpayo sa mga tao . Naipaabot nga niya ang mensahe nang sukdulang pagpapaabot at ginampanan nga niya ang ipinagkatiwalang tungkulin. Kaya naman kung sakaling ang pagdakila sa gabing ito at ang pagdiwang nito ay bahagi ng Relihiyon ni Allāh, hindi nalingat dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at

pangalagaan) at hindi siya nagkubli nito. Yayamang walang naganap na anuman mula roon, nalaman na ang pagdiwang nito at ang pagdakila rito ay hindi bahagi ng Islām sa anuman. Bumuo nga si Allāh para sa Kalipunang ito ng Relihiyon nito at lumubos dito ng biyaya. Nagmasama si Allāh sa sinumang nagsabatas sa Relihiyon ng hindi Niya pinayagan ayon sa nasaad sa Malinaw na Aklat Niya.

﴿...ٱلۡيَوۡمَ أَكۡمَلۡتُ لَكُمۡ دِينَكُمۡ وَأَتۡمَمۡتُ عَلَيۡكُمۡ نِعۡمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ ٱلۡإِسۡلَٰمَ دِينٗاۚ...﴾

{... Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon. ...} (Qur'ān 5:3) Nagsabi Siya (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya):

﴿أَمۡ لَهُمۡ شُرَكَٰٓؤُاْ شَرَعُواْ لَهُم مِّنَ ٱلدِّينِ مَا لَمۡ يَأۡذَنۢ بِهِ ٱللَّهُۚ وَلَوۡلَا كَلِمَةُ ٱلۡفَصۡلِ لَقُضِيَ بَيۡنَهُمۡۗ وَإِنَّ ٱلظَّٰلِمِينَ لَهُمۡ عَذَابٌ أَلِيمٞ ٢١﴾

{O nagkaroon ba sila ng mga katambal [kay Allāh] na nagsabatas para sa kanila sa relihiyon ng hindi pumayag dito si Allāh? Kung hindi dahil sa

salita ng pagpapasya ay talaga sanang humusga sa pagitan nila. Tunay na ang mga tagalabag sa katarungan, ukol sa kanila ay isang pagdurusang masakit.} (Qur'ān 42:21)

Napagtibay buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tumpak na ḥadīth ang pagbibigay-babala laban sa mga bid`ah at ang pagsasatahasan na ang mga ito ay kaligawan, bilang pagtawag-pansin sa Kalipunang Islām sa bigat ng panganib ng mga ito at bilang pagpapalayo sa kanila sa paggawa ng mga ito. Kabilang doon ang napagtibay sa Ṣaḥīḥān ayon kay `Ā'shah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: **"Ang sinumang nagpauso kaugnay sa nauukol sa aming ito ng hindi bahagi nito, ito ay tatanggihan."}** Sa isang salaysay ni Imām Muslim: **"Ang sinumang gumawa ng isang gawaing hindi ayon dito ang utos Namin, ito ay tatanggihan."** Nasaad sa Ṣaḥīḥ Muslim ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi noon sa talumpati niya

sa araw ng Biyernes: **"Hinggil sa pagpapasimula, tunay na ang pinakamabuting sanaysay ay ang Aklat ni Allāh, ang pinakamabuting patnubay ay ang patnubay ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ang pinakamasama sa mga bagay-bagay ay mga pinausong katuruan ng mga ito, at ang bawat bid`ah ay kaligawan."}** Nagdagdag si Imān An-Nasā'īy sa isang sanad na mahusay: **"at ang bawat kaligawan ay mapupunta sa Impiyerno"** Nasaad sa mga Sunnah ayon kay Al-`Irbāḍ bin Sāriyah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nangaral sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang masidhing pangaral, na nasindak ang mga puso rito at tumulo dahil dito ang mga mata, kaya nagsabi kami: "O Sugo ni Allāh, para bang ito ay isang pangaral ng isang namamaalam, kaya magtagubilin ka po sa amin." Kaya naman nagsabi siya: **"Nagtatagubilin ako sa inyo ng pangingilag magkasala kay Allāh, pagdinig, at pagtalima, kahit pa namuno sa inyo ang isang alipin. Tunay na ang sinumang mamumuhay [nang matagal]**

**kabilang sa inyo ay makakikita ng maraming pagkakaiba-iba. Kaya naman manatili kayo sa sunnah ko at sunnah ng mga Matinong Nagabayang Khalīfah at kumagat kayo rito ng mga bagang [ninyo]. Kaingat kayo sa mga pinauso sa mga bagay-bagay sapagkat tunay na ang bawat pinauso ay bid`ah at ang bawat bid`ah ay kaligawan."}** Ang mga ḥadīth kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

Napagtibay nga ayon sa mga Kasamahan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ayon sa Maayos na Kanunu-nunuan matapos nila ang pagbibigay-babala laban sa mga bid`ah at ang pagpapasindak mula sa mga ito. Walang iba iyan kundi dahil ang mga ito ay pagdaragdag sa Relihiyon, pagbabatas na hindi pinayagan ni Allāh, at pagpapakawangis sa mga kaaway ni Allāh kabilang sa mga Hudyo at mga Kristiyano sa pagdaragdag nila sa relihiyon nila at pasasakalakaran nila dito ng hindi pinayagan ni Allāh at dahil ang implikasyon nito ay ang pagpapakulang sa Relihiyong Islāmiko at pagpaparatang dito ng kawalan ng

kakumpletuhan. Nalalaman ang taglay nito na mabigat na kasiraan, karumal-dumal na nakasasama, pakikipagbanggaan sa sabi ni Allāh (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya):

﴿...ٱلۡيَوۡمَ أَكۡمَلۡتُ لَكُمۡ دِينَكُمۡ...﴾

{... Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo ...} (Qur'ān 5:3) at tahasang pakikisalungatan sa mga ḥadīth ng Sugo (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga), na nagbibigay-babala laban sa mga bid`ah at nagpapataboy laban sa mga ito.

Alinsunod dito, umaasa ako na sa nabanggit natin na mga patunay ay may kasapatan at pagkumbinsi sa naghahanap ng totoo sa pagmamasama sa bid`ah na ito. Tinutukoy ko rito ang bid`ah ng pagdiriwang ng gabi ng Isrā' at Mi`rāj at ang pagbibigay-babala laban dito at na ito ay hindi bahagi ng Relihiyong Islām sa anuman.

Dahil sa inobliga ni Allāh na pagpapayo sa mga Muslim, paglilinaw sa isinabatas ni Allāh sa kanila sa Relihiyon, at pagbabawal sa pagkukubli ng kaalaman, nagsaalang-alang ako ng pagtawag-

pansin sa mga kapatid kong mga Muslim sa bid`ah na ito na naglipana sa marami sa mga rehiyon hanggang sa nagpalagay rito ang ilan sa mga tao na bahagi ito ng Relihiyon.

Si Allāh ay ang hinihilingan na magsaayos sa mga kalagayan ng mga Muslim sa kalahatan at magkaloob sa kanila ng pagkaunawa sa Relihiyon at na magtuon sa amin at sa inyo sa pagkapit sa katotohanan, katatagan dito, at pagwaksi sa nakisalungatan dito; tunay na Siya ay ang Katangkilik doon at ang Nakakakaya roon.

Basbasan ni Allāh at pagpalain Niya ang Lingkod Niya at Sugo Niyang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak nito, at ang mga Kasamahan nito.

***

بِسْمِ اللهِ الرَّحمَنِ الرَّحِيمِ

# Ang Ikapitong Mensahe

## Ang Kahatulan ng Pagdiriwang Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān

Ang papuri ay ukol kay Allāh na bumuo para sa atin ng Relihiyon at lumubos sa atin ng biyaya. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Propeta Niya at Sugo Niyang si Muḥammad na Propeta ng pagbabalik-loob at awa.

Sa pagpapatuloy, nagsabi nga si Allāh (napakataas Siya):

﴿...ٱلۡيَوۡمَ أَكۡمَلۡتُ لَكُمۡ دِينَكُمۡ وَأَتۡمَمۡتُ عَلَيۡكُمۡ نِعۡمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ ٱلۡإِسۡلَٰمَ دِينٗاۚ...﴾

{... Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon. ...} (Qur'ān 5:3) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿أَمۡ لَهُمۡ شُرَكَٰٓؤُاْ شَرَعُواْ لَهُم مِّنَ ٱلدِّينِ مَا لَمۡ يَأۡذَنۢ بِهِ ٱللَّهُۚ...﴾

{O nagkaroon ba sila ng mga katambal [kay Allāh] na nagsabatas para sa kanila sa relihiyon ng hindi pumayag dito si Allāh ...} (Qur'ān 42:21) Nasaad sa Ṣaḥīḥān ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: **"Ang sinumang nagpauso kaugnay sa nauukol sa aming ito ng hindi bahagi nito, ito ay tatanggihan."}** Nasaad sa Ṣaḥīḥ Muslim ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi noon sa talumpati niya sa araw ng Biyernes: **"Hinggil sa matapos niyon, tunay na ang pinakamabuting sanaysay ay ang Aklat ni Allāh, ang pinakamabuting patnubay ay ang patnubay ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ang pinakamasama sa mga usapin ay mga pinausong katuruan sa mga ito, at ang bawat bid`ah ay kaligawan."}** Ang mga talata at ang mga ḥadīth kaugnay sa kahulugang ito ay marami. Ang mga ito ay nagpapatunay nang isang tahasang pagpapatunay na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas

Siya) ay bumuo nga para sa Kalipunang ito ng Relihiyon nito at naglubos nga rito ng pagpapala Niya. Hindi pinapanaw ang Propeta ni Allāh (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) malibang matapos na nagpaabot siya ng malinaw na pagpapaabot at naglinaw siya para sa Kalipunan ng bawat isinabatas ni Allāh para rito na mga sinasabi at mga ginagawa. Nagbigay-linaw siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang bawat ipinauuso ng mga tao matapos niya at inuugnay nila sa Relihiyong Islām na mga sinasabi at mga ginagawa ay pawang bid`ah na ibinabalik sa sinumang nagpauso nito, kahit pa man maganda ang pakay nito. Nakaalam nga sa bagay na ito ang mga Kasamahan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at gayundin naman ang mga maalam ng Islām matapos nila sapagkat nagmasama sila sa mga bid`ah at nagbigay-babala sila laban sa mga ito gaya ng pagkabanggit niyon ng bawat sinumang umakda kaugnay sa pagdakila sa Sunnah at pagmamasama sa bid`ah gaya nina Ibnu Waḍḍāḥ, Aṭ-Ṭurṭūshīy, Abū Shāmah, at iba pa sa kanila.

Tunay na kabilang sa mga bid`ah na ipinauso ng ilan sa mga tao ang bid`ah ng pagdiriwang ng Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān at ang pagtatakda sa araw nito ng pag-aayuno samantalang wala roong patunay na pinapayagan ang pagsalig doon. May nasaad nga kaugnay sa kainaman nito na mga mahinang ḥadīth na hindi pinapayagan ang pagsalig sa mga iyon.

Hinggil sa nasaad kaugnay sa kainaman ng pagdarasal dito, ang lahat ng ito ay ginawa-gawa gaya ng pagkatawag-pansin doon ng marami sa mga alagad ng kaalaman. Darating ang pagbanggit ng ilan sa pananalita nila kung loloobin ni Allāh.

May nasaad kaugnay rito rin na mga ulat buhat sa ilan sa Kanunu-nunuan mula sa mga mamamayan ng Sirya at iba pa sa kanila.

Ang napagkaisahan ng mayoriya ng mga maalam ay na ang pagdiwang nito ay isang bid`ah at na ang mga ḥadīth na nasasaad sa kainaman nito ay pawang mahina at ang ilan sa mga ito ay ginawa-gawa. Kabilang sa tumawag-pansin doon ay si Ḥāfiḏ Ibnu Rajab sa aklat niyang Laṭā'if Al-

Ma`ārif at iba pa rito. Nalalaman na ang mga mahinang ḥadīth ay isinasagawa lamang kaugnay sa mga pagsambang napagtibay ang pinag-ugatan ng mga ito sa pamamagitan ng mga tumpak na patunay. Hinggil naman sa pagdiwang ng Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān, wala itong isang tumpak na pinag-ugatan nang sa gayon magamit para rito sa pamamagitan ng mga tumpak na ḥadīth. Bumanggit nga sa kapita-pitagang panuntunang ito si Imām Abu Al-`Abbās na si Shaykh Al-Islām Ibnu Taymiyah (kaawaan siya ni Allāh).

Ako ay magpaparating sa iyo, O mambabasa, ng sinabi ng ilan sa mga alagad ng kaalaman kaugnay sa usaping ito nang sa gayon ikaw ay maging nasa isang malinaw na patunay roon.

Nagkaisa ang mga maalam (kaawaan sila ni Allāh) na ang kinakailangan ay ang pagsangguni ng pinaghidwaan ng mga tao na mga usapin sa Aklat ni Allāh (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya) at Sunnah ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ang anumang inihatol ng dalawang ito o ng isa sa dalawang ito, ito ang batas na kinakailangang sundin. Ang anumang

nakisalungatan sa dalawang ito, kinakailangan ang pagtulak doon. Ang anumang hindi nagsaad sa dalawang ito ng mga pagsamba, ito ay isang bid`ah na hindi pinapayagang gawin lalo na ang pag-aanyaya tungo rito at ang pagmamagaling dito. Nagsabi si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓاْ أَطِيعُواْ ٱللَّهَ وَأَطِيعُواْ ٱلرَّسُولَ وَأُوْلِي ٱلۡأَمۡرِ مِنكُمۡۖ فَإِن تَنَٰزَعۡتُمۡ فِي شَيۡءٖ فَرُدُّوهُ إِلَى ٱللَّهِ وَٱلرَّسُولِ إِن كُنتُمۡ تُؤۡمِنُونَ بِٱللَّهِ وَٱلۡيَوۡمِ ٱلۡأٓخِرِۚ ذَٰلِكَ خَيۡرٞ وَأَحۡسَنُ تَأۡوِيلًا ٥٩﴾

{O mga sumampalataya, tumalima kayo kay Allāh at tumalima kayo sa Sugo at sa mga may katungkulan mula sa inyo. Kaya kung naghidwaan kayo sa isang bagay ay sumangguni kayo kay Allāh at sa Sugo, kung kayo ay sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw. Iyon ay higit na mabuti at higit na maganda sa pagsasakatuparan.} (Qur'ān 4:59) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَمَا ٱخۡتَلَفۡتُمۡ فِيهِ مِن شَيۡءٖ فَحُكۡمُهُۥٓ إِلَى ٱللَّهِ...﴾

{Ang anumang nagkaiba-iba kayo hinggil sa anumang bagay, ang kahatulan nito ay sa kay Allāh

...} (Qur'ān 42:10) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿قُلۡ إِن كُنتُمۡ تُحِبُّونَ ٱللَّهَ فَٱتَّبِعُونِي يُحۡبِبۡكُمُ ٱللَّهُ وَيَغۡفِرۡ لَكُمۡ ذُنُوبَكُمۡ...﴾

{Sabihin mo [O Propeta Muḥammad]: "Kung kayo ay umiibig kay Allāh, sumunod kayo sa akin; iibig sa inyo si Allāh at magpapatawad Siya sa inyo ng mga pagkakasala ninyo ...} (Qur'ān 3:31) Nagsabi pa Siya (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya):

﴿فَلَا وَرَبِّكَ لَا يُؤۡمِنُونَ حَتَّىٰ يُحَكِّمُوكَ فِيمَا شَجَرَ بَيۡنَهُمۡ ثُمَّ لَا يَجِدُواْ فِيٓ أَنفُسِهِمۡ حَرَجٗا مِّمَّا قَضَيۡتَ وَيُسَلِّمُواْ تَسۡلِيمٗا ٦٥﴾

{Kaya hindi, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya hanggang sa nagpapahatol sila sa iyo sa anumang napagtalunan sa pagitan nila, pagkatapos hindi sila nakatatagpo sa mga sarili nila ng isang pagkaasiwa sa anumang inihusga mo at nagpapasakop sila nang isang pagpapasakop [na lubos].} (Qur'ān 4:65) Ang mga talata ng Qur'ān kaugnay sa kahulugang ito ay marami. Ang mga ito ay teksto sa pagkakinakailangan ng pagsangguni sa Qur'ān at

Sunnah ng mga usapin ng pagkakaibahan at pagkakinakailangan ng pagkalugod sa kahatulan ng dalawang ito at na iyon ay hinihiling ng pananampalataya, mabuti para sa mga tao sa madalian at matagalan, at pinakamaganda sa kahihinatnan.

Nagsabi si Al-Ḥāfiđ̣ Ibnu Rajab (kaawaan siya ni Allāh) sa aklat niyang Laṭā'if Al-Ma`ārif kaugnay sa usaping ito – matapos ng pananalitang nauna – ng sumusunod na ang teksto nito:

"Sa Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān, ang mga Tagasunod noon kabilang sa mga mamamayan ng Sirya gaya nina Khālid bin Ma`dān, Makḥūl, Luqmān bin `Āmir, at iba pa sa kanila ay dumadakila nito at nagsisipag dito sa pagsamba. Buhat sa kanila humango ang mga tao ng kainaman nito at pagdakila rito. Sinabi ngang tunay na may umabot sa kanila kaugnay roon na mga ulat na Isrā'īlīyah. Noong tumanyag iyon buhat sa kanila sa mga bayan, nagkaiba-iba ang mga tao kaugnay roon sapagkat mayroon sa kanila na tumanggap nito mula sa kanila at sumang-ayon sa kanila sa pagdakila rito, na may kabilang sa

kanila na isang pangkating mula sa mga mananamba ng mga mamamayan ng Baṣrah at iba pa sa mga iyon. Nagmasama niyon ang higit na marami sa mga maalam ng Ḥijāz, na kabilang sa kanila sina `Aṭā' at Ibnu Abī Mulaykah. Nagparating nito si `Abdurraḥmān bin Zayd bin Aslam buhat sa mga hurista ng mga mamamayan ng Madīnah. Ito ang sabi ng mga kasamahan ni Mālik at iba pa sa kanila. Nagsabi sila na iyon sa kabuuan niyon ay bid`ah.

Nagkaiba-iba sa dalawang pahayag ang mga maalam ng mga mamamayan ng Sirya hinggil sa paraan ng pagdiwang nito:

Una: Na isinakaibig-ibig ang pagdaos nito ng isang konggregasyon sa mga masjid, na sa mga ito noon sina Khālid bin Ma`dān, Luqmān bin `Āmir, at iba pa sa kanila ay nagsusuot ng pinakamaganda sa mga damit nila, nag-iinsenso, naglalagay ng kohl sa mata, at nagdarasal sa masjid sa gabi nilang iyon. Nakisang-ayon naman sa kanila si Isḥāq bin Rāwayhi roon at nagsabi kaugnay sa pagdarasal sa gabi sa mga masjid sa isang konggregasyon na iyon daw ay hindi isang bid`ah.

Nagparating nito si Ḥarb Al-Karmānīy sa mga usapin niya.

Ikalawa: Na kinasusuklaman ang pagtitipon dito sa mga masjid para sa pagdarasal, mga pagkukuwento, at pagdalangin samantalang hindi kinasusuklaman na magdasal ang lalaki roon para sa natatangi sa sarili niya. Ito ang sabi ni Al-Awzā`īy na imām ng mga mamamayan ng Sirya, hurista nila, at maalam nila. Ito ay ang pinakamalapit [sa tama] kung loloobin ni Allāh (napakataas Siya)." Hanggang sa nagsabi siya: "Walang nalalaman kay Imām Aḥmad na may isang pananalita kaugnay sa Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān. May naisasadokumento kaugnay sa pagsasakaibig-ibig sa pagdarasal sa gabi nito ayon sa kanya na dalawang [magkasalungat na] salaysay mula sa dalawang salaysay ayon sa kanya kaugnay sa pagdarasal sa dalawang gabi ng pagdiriwang sapagkat tunay na sa isang salaysay ay hindi isinakaibig-ibig ang pagdarasal sa gabi nito dahil ito ay hindi naiparating buhat sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga Kasamahan niya. Nagsakaibig-ibig naman siya ito

sa isang salaysay dahil sa paggawa niyon ni `Abdurraḥmān bin Yazīd bin Al-Aswad, na kabilang sa mga Tagasunod. Gayundin ang pagdarasal sa gabi ng Kalagitnaan, walang napagtibay kaugnay rito na anuman ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ni ayon sa mga Kasamahan niya samantalang may napagtibay kaugnay rito ayon sa isang pangkatin ng mga Tagasunod kabilang sa mga prominente sa mga hurista ng mga mamamayan ng Sirya."

Nagwakas ang pinapakay mula sa pananalita ni Ḥāfiḏ Ibnu Rajab (kaawaan siya ni Allāh). Nasaad dito ang pagsasatahasan mula sa kanya na walang napagtibay ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ni ayon sa mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila) na anuman kaugnay sa Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān.

Hinggil naman sa napili ni Al-Awzā`īy (kaawaan siya ni Allāh) na pagsasakaibig-ibig sa pagdarasal sa gabi nito para sa mga individuwal at pagkapili ni Ḥāfiḏ Ibnu Rajab sa sabing ito, iyon ay kataka-taka at mahina dahil ang bawat anumang hindi napagtibay sa pamamagitan ng mga patunay na

pangkapahayagan sa pagiging ito ay isinasabatas ay hindi pinapayagan para sa Muslim na magpauso nito sa Relihiyon ni Allāh, maging ang paggawa man nito ay individuwal o sa isang konggregasyon at maging siya man ay naglihim nito o naghayag nito, batay sa pagkapangkalahatan ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang gumawa ng isang gawaing hindi ayon dito ang utos Namin, ito ay tatanggihan."** at iba pa rito kabilang sa mga patunay na nagpapatunay sa pagmamasama sa mga bid`ah at pagbibigay-babala laban sa mga ito.

Nagsabi si Imām Abū Bakr Aṭ-Ṭurṭūshīy (kaawaan siya ni Allāh) sa aklat niya na Al-Ḥawādith Wa Al-Bida` ng sumusunod na ang teksto nito:

"Nagsalaysay si Ibnu Waḍḍāḥ ayon kay Zayd bin Aslam na nagsabi: Hindi kami nakaabot sa isa kabilang sa mga shaykh namin ni sa mga hurista namin na pumapansin sa [pagdiwang sa] Kalagitnaan ng Sha`bān, hindi pumapansin sa ḥadīth ni Makḥūl, at hindi nagtuturing para rito ng

isang kainaman sa iba rito."

Sinabi kay Ibnu Abī Mulaykah: "Tunay na si Ziyād An-Numayrīy ay nagsasabi: "Tunay na ang pabuya sa Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān ay gaya ng pabuya sa Gabi ng Pagtatakda." Kaya nagsabi siya: "Kung sakaling nakarinig ako sa kanya samantalang sa kamay ko ay may patpat, talagang pinalo ko siya." Si Ziyād ay nagkukuwento. (Nagwakas ang pinapakay.)

Nagsabi ang pantas na si Ash-Shawkānīy (kaawaan siya ni Allāh) sa aklat na Al-Fawāid Al-Majmū`ah ng sumusunod na ang teksto nito:

Ang ḥadīth: "O `Alīy, ang sinumang nagdasal ng isandaang rak`ah sa Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān, na bumibigkas sa bawat rak`ah ng Kabanatang Al-Fātiḥah at Kabanatang Al-Ikhlāṣ nang sampung uli, tutugon si Allāh sa kanya sa bawat pangangailangan." Ito ay ginawa-gawa. Nasa mga pananalita nitong nagsasatahasan ng matatamo ng tagagawa nito na gantimpala ang hindi mag-aalangan ang isang taong may pagkatalos sa pagkagawa-gawa nito habang ang

mga tagasalaysay nito ay mga di-nakikilala. Naisalaysay nga ayon sa paraan ng ikalawa at ikatlo na ang lahat ng mga ito ay ginawa-gawa at ang mga tagasalaysay ng mga ito ay mga di-kilala. Nagsabi siya sa Al-Mukhtaṣar: Ang ḥadīth ng pagdarasal sa Kalagitnaan ng Sha`bān ay kabulaanan. [Ang salaysay] batay kay Ibnu Ḥibbān mula sa ḥadīth ni `Alīy: "Kapag Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān, magdasal kayo sa gabi nito at mag-ayuno kayo sa maghapon nito" ay mahina. Nagsabi siya sa Al-La'āli': "Ang isandaang rak`ah sa [Gabi ng] Kalagitnaan ng Sha`bān nang may pagpapakawagas ay sampung ulit [ang gantimpala]" kasama ng haba ng kainaman nito. [Ang salaysay] batay kina Ad-Daylamīy at iba pa sa kanya ay ginawa-gawa. Ang mayoriya sa mga tagasalaysay nito sa tatlong paraan ay mga di-kilalang mahihina. Nagsabi siya: "Ang labindalawang rak`ah nang may pagpapakawagas ay tatlumpung ulit [ang gantimpala]" ay ginawa-gawa. "Ang labing-apat na rak`ah ..." ay ginawa-gawa.

May nalinlang nga dahil sa ḥadīth na ito na

isang pangkat ng mga hurista gaya ng may-akda ng Al-Iḥyā' at iba pa sa kanya at gayon din may kabilang sa mga tagapagpakahulugan [ng Qur'ān]. Naisalaysay nga ang pagdarasal sa gabing ito – tumutukoy ako sa Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān – sa magkakaiba-ibang dako, na ang lahat ng mga ito ay kabulaanang ginawa-gawa. Hindi nagkakaila ito sa salaysay ni Imām At-Tirmidhīy mula sa ḥadīth ni `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) ng pagpunta niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Al-Baqī` at pagbaba ng Panginoon sa Gabi ng Kalagitnaan [ng Sha`bān] sa langit ng Mundo at na Siya ay nagpapatawad sa higit na marami kaysa sa bilang ng buhok ng mga tupa ng aso sapagkat tunay na ang pananalita ay tanging sa ginawa-gawang pagdarasal na ito sa gabing ito. Gayon pa man ang ḥadīth na ito ni `Ā'ishah ay may kahinaan kung paanong ang ḥadīth ni `Alīy na nauna ang pagkabanggit kaugnay sa pagdarasal sa gabi nito ay hindi nagkakaila sa pagiging ang pagdarasal na ito ay ginawa-gawa dahil sa taglay nito na kahinaan alinsunod sa binanggit natin. (Nagwakas ang pinapakay.)

Nagsabi si Ḥāfiḏ Al-`Irāqīy: "Ang ḥadīth ng pagdarasal sa Gabi ng Kalagitnaan ay ginawa-gawa hinggil sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at kasinungalingan laban sa kanya." Nagsabi si Imām An-Nawawīy sa aklat na Al-Majmū`: "Ang pagdarasal na kilala bilang pagdarasal ng mga pagnanais, na labindalawang rak`ah sa pagitan ng maghrib at `ishā' sa gabi ng kauna-unahang Biyernes ng Rajab, at ang pagdarasal sa Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān ng isandaang rak`ah, ang dalawang pagdarasal na ito ay mga bid`ah na minamasama. Huwag malinlang dahil sa pagkabanggit nito sa aklat na Qūt Al-Qulūb at Iḥyā' `Ulūm Ad-Dīn ni sa ḥadīth na nabanggit kaugnay sa dalawang ito sapagkat tunay na ang lahat ng iyon ay walang-saysay. Huwag malinlang sa isa na nalilito sa kahatulan sa dalawang ito mula sa mga imām, na may naisulat na mga pahina kaugnay sa pagsasakaibig-ibig sa pagsasagawa ng dalawang ito, sapagkat tunay na siya ay nagkamali roon."

Nag-akda nga si Shaykh Imām Abū Muḥammad `Abdurraḥmān bin Ismā`īl Al-Maqdisīy ng isang

mahal na aklat hinggil sa pagpapabula sa dalawang ito saka nagpakahusay siya rito at nagpakagaling. Ang pananalita ng mga alagad ng kaalaman hinggil sa usaping ito ay lubhang marami. Kung sakaling nagpatuloy tayo na nagpaparating sa bawat napag-alaman natin na pananalita hinggil sa usaping ito, talaga sanang tumagal sa atin ang pagsasalita. Marahil sa binanggit natin ay may kasapatan at pagkumbinsi sa naghahanap ng katotohanan.

Mula sa pagtatalakay sa naunang nabanggit na mga talata, mga ḥadīth, at pananalita ng mga alagad ng kaalaman, lumiliwanag sa naghahanap ng katotohanan na ang pagdiwang ng Gabi ng Kalagitnaan ng Sha\`bān sa pamamagitan ng pagdarasal at iba pa rito at ang pagtatakda ng pag-aayuno sa araw nito ay bid\`ah na minamasama sa ganang higit na marami sa mga may kaalaman. Wala itong pinag-ugatan sa Batas na dinalisay; bagkus ito ay kabilang sa nangyari sa Islām matapos ng panahon ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila). Nakasasapat sa naghahanap ng katotohanan kaugnay sa paksang

ito at iba pa rito ang sabi ni Allāh (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya):

﴾...ٱلۡيَوۡمَ أَكۡمَلۡتُ لَكُمۡ دِينَكُمۡ...﴿

{... Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo ...} (Qur'ān 5:3) Gayundin ang nasaad kaugnay sa kahulugan nito mula sa mga talata at sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nagpauso kaugnay sa nauukol sa aming ito ng hindi bahagi nito, ito ay tatanggihan."** Gayundin ang nasaad kaugnay sa kahulugan nito mula sa mga talata at sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

Nasaad sa Ṣaḥīḥ Muslim ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Huwag kayong magtangi sa gabi ng Biyernes ng pagdarasal sa gitna ng mga gabi at huwag kayong magtangi sa araw nito ng pag-aayuno sa gitna ng mga araw maliban na ito ay maging nasa isang pag-aayunong [nakahiratiang] inaayuno ng isa sa inyo."**} Kung

sakaling ang pagtatakda sa isang anuman mula sa mga gabi nito ng isang anuman mula sa pagsamba ay naging pinapayagan, talaga sanang ang gabi ng Biyernes ay higit na marapat kaysa sa iba pa roon dahil ang araw niyon ay pinakamabuting araw na sumikat doon ang araw ayon sa teksto ng mga tumpak na ḥadīth ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Yayamang nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagtatakda rito ng pagdarasal sa gitna ng mga gabi, nagpatunay iyon na ang iba pa rito na mga gabi sa isang punto ay higit na marapat. Hindi pinapayagan ang pagtatakda sa isang anuman mula sa mga ito ng isang anuman mula sa pagsamba malibang may isang tumpak na patunay na nagpapatunay sa pagtatakda.

Yayamang ang Gabi ng Pagtatakda at ang mga gabi ng Ramaḍān ay isinasabatas ang pagdarasal sa mga ito at ang pagsisipag sa mga ito, tumawag-pansin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) doon, humimok siya sa pagdarasal sa mga ito, gumawa siya niyon mismo gaya ng

nasaad sa Ṣaḥīḥān ayon sa kanya na siya ay nagsabi: **"Ang sinumang nagdasal sa gabi ng Ramaḍān dala ng pananampalataya at dala ng pag-asang gagantimpalaan, magpapatawad sa kanya sa anumang nauna na pagkakasala niya. Ang sinumang nagdasal sa Gabi ng Pagtatakda dala ng pananampalataya at dala ng pag-asang gagantimpalaan, magpapatawad sa kanya sa anumang nauna na pagkakasala niya."** Kaya kung sakaling ang Gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān o ang kauna-unahang gabi ng Biyernes ng Rajab o ang Gabi ng Isrā' at Mi`rāj ay isinasabatas ang pagtatakda sa mga ito ng isang pagdiriwang o ng isang anuman mula sa pagsamba, talaga sanang gumabay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunang Islām tungo roon o gumawa siya mismo nito. Kung sakaling may naganap na isang anuman mula roon, talaga sanang nagparating nito ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa Kalipunang Islām at hindi sila nagkubli nito sa mga iyon. Sila ay ang pinakamabuti sa mga tao at ang pinakamapagpayo sa mga tao matapos ng mga propeta (sumakanila

ang basbas at ang pangangalaga). Malugod si Allāh sa mga Kasamahan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at magpalugod Siya sa kanila.

Nakaalam ka nga kanina mula sa pananalita ng mga maalam na walang napagtibay ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ni ayon sa mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila) na isang anuman kaugnay sa kainaman ng kauna-unahang gabi ng Biyernes ng Rajab ni kaugnay sa gabi ng Kalagitnaan ng Sha`bān, kaya naman nalaman na ang pagdiwang ng dalawang ito ay bid`ah na pinauso sa Islām, at gayon din, ang pagtatakda rito ng isang anuman mula sa pagsamba ay bid`ah na minamasama. Gayon din, ang gabi ng ikadalawampu't pito ng Rajab, na naniniwala ang ilan sa mga tao na ito ay gabi ng Isrā' at Mi`rāj, ay hindi pinapayagan ang pagtatakda rito ng isang anuman mula sa pagsamba kung paanong hindi pinapayagan ang pagdiwang dito batay sa mga patunay na nauna. Ito ay kung sakaling nalaman. Kaya naman papaano na samantalang ang tumpak mula sa mga

sinasabi ng mga maalam na ito ay hindi nalalaman? Ang sabi ng sinumang nagsabi na ito ay sa gabi ng ikadalawampu't pito ng Rajab ay isang bulaang sabi na walang pundasyon sa mga tumpak na ḥadīth. Talaga ngang nagpakahusay ang sinumang nagsabi:

"Ang pinakamabuti sa mga bagay-bagay ay ang mga nauuna sa patnubay at ang pinakamasama sa mga bagay-bagay ay ang mga pinausong kahanga-hanga."

Si Allāh ay ang hinihilingan na magtuon sa atin at sa nalalabi sa mga Muslim sa pagkapit sa Sunnah, katatagan dito, at pag-iingat sa anumang nakisalungatan dito; tunay na Siya ay Galante, Marangal.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan Niya ang Lingkod Niya at Sugo Niyang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya nang sama-sama.

***

بِسْمِ اللّٰهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

# Ang Ikawalong Mensahe:

# Mahalagang Pagtawag-pansin sa Kasinungalingan ng Tagubiling Iniugnay

# Ni Shaykh Aḥmad na Tagapagsilbi ng Pampropetang Marangal na Ḥaram

Mula kay `Abdul`azīz bin `Abdullāh bin Bāz tungo sa sinumang sa makaaalam nito kabilang sa mga Muslim. Ingatan sila ni Allāh dahil sa Islām at kupkupin Niya kami at kayo laban sa kasamaan ng mga ginawa-gawa ng mga mangmang na masa. Āmīn.

Kapayayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh at ang mga pagbabala Niya.

Sa pagpapatuloy, nakaalam nga ako sa isang pananalitang inuugnay kay Shaykh Aḥmad na Tagapagsilbi ng Pampropetang Marangal na Ḥaram na may pamagat na: Tagubilin Mula sa Madīnah Munawwarah buhat kay Shaykh Aḥmad

na Tagapagsilbi ng Pampropetang Marangal na Ḥaram, na nagsabi siya rito:

"Ako minsan ay nagpupuyat isang gabi ng Biyernes habang bumibigkas ng Marangal na Qur'ān. Matapos ng pagbigkas ng pagbasa ng mga pinakamagagandang pangalan ni Allāh; saka noong nakatapos ako niyon at nakapaghanda ako para matulog, nakita ko ang Tagapagtaglay ng Magarang Anyo, ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na nagdala ng mga talata ng Qur'ān at mga patakarang marangal bilang awa sa mga nilalang, ang pinapanginoon nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsabi siya: O Shaykh Aḥmad! Nagsabi naman ako: Bilang pagtugon sa iyo, O Sugo ni Allāh, O Pinakamarangal sa nilikha ni Allāh! Saka nagsabi siya sa akin: Ako ay hiyang-hiya sa mga pangit na gawain ng mga tao. Hindi ako nakakaya na humarap sa Panginoon ko ni sa mga anghel dahil mula Biyernes hanggang sa Biyernes, namamatay ang isandaan at animnapung libo sa iba pa sa Relihiyong Islām. Pagkatapos bumanggit siya ng ilan sa

kinasadlakan ng mga tao na mga pagsuway. Pagkatapos nagsabi siya: Kaya ang tagubiling ito ay awa sa kanila mula [kay Allāh,] ang Makapangyarihan, ang Palasupil. Pagkatapos bumanggit siya ng ilan sa mga palatandaan ng Huling Sandali hanggang sa nagsabi siya: Kaya ipabatid mo sa kanila, O Shaykh Aḥmad, ang tagubiling ito dahil ito ay ipinararating sa pamamagitan ng panulat ng Pagtatakda mula sa Tablerong Pinag-iingatan. Ang sinumang magsusulat nito at magpapadala nito mula sa isang bayan patungo sa isang bayan at mula sa isang lugar patungo sa isang lugar ay pagpapatayuan ng isang palasyo sa Paraiso at ang sinumang hindi magsusulat nito at hindi magpapadala nito ay pagkakaitan ng Pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon. Ang sinumang magsusulat nito at siya ay maralita, magpapayaman sa kanya si Allāh; o siya ay nagkautang, magbabayad si Allāh ng utang niya; o sa kanya ay may pagkakasala, magpapatawad si Allāh sa kanya at sa mga magulang niya dahil sa pagpapala ng tagubiling ito. Ang sinumang hindi

magsusulat nito kabilang sa mga lingkod ni Allāh, mangingitim ang mukha niya sa Mundo at Kabilang-buhay. Nagsabi pa siya: Sumpa man kay Allāh, ang Dakila, nang makatatlo, ito ay katotohanan. Kung sakaling ako ay naging sinungaling, palalabasin ako mula sa Mundo sa iba pa sa Islām. Ang sinumang maniniwala rito ay maliligtas mula sa pagdurusa sa Apoy at ang sinumang magpapasinungaling dito ay tumangging sumampalataya."

Ito ay ang buod ng nasa tagubiling ipinansinungaling sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Talaga ngang narinig namin ang tagubiling ipinansinungaling na ito nang maraming ulit magmula ng ilang taon, na ipinalalaganap sa gitna ng mga tao sa tuwi-tuwina at inilalako sa gitna ng marami sa madla. Sa mga pananalita nito ay may pagkakaiba-iba. Ang sinungaling nito ay nagsasabi: Tunay na siya ay nakakita sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagkatulog saka nagdala sa kanya ng tagubiling ito. Sa huling pagkalathala na ito na binanggit namin sa iyo, O mambabasa, nag-angkin

dito ang tagagawa-gawa na siya ay nakakita sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang nakapaghanda siya sa pagtulog, kaya naman ang kahulugan ay siya ay nakakita rito samantalang gising!

Nag-angkin ang tagagawa-gawang ito sa tagubiling ito ng maraming bagay. Ang mga ito ay kabilang sa pinakamaliwanag na kasinungalingan at pinakamalinaw na kabulaanan. Tatawag-pansin ako sa iyo sa mga ito mamaya kaugnay sa pananalitang ito kung loloobin ni Allāh. Talaga ngang tumawag-pansin ako sa mga ito sa mga nagdaang taon. Naglinaw ako sa mga tao na ito ay bahagi ng pinakamaliwanag na kasinungalingan at pinakamalinaw na kabulaanan. Noong nakabatid ako sa huling lathala, nag-atubili ako sa pagsusulat tungkol dito dahil sa pagkahayag ng pagkabulaan nito at kasukdulan ng kapangahasan ng tagagawa-gawa nito sa pagsisinungaling. Hindi ako dati nagpapalagay na ang pagkabulaan nito ay mailalako sa sinumang may pinakamababang pagkatalos o matinong naturalesa. Subalit nagpabatid sa akin ang marami sa mga kapatid na

ito ay nailako na sa marami sa mga tao. Nagpasa-pasahan sila nito sa gitna nila at naniniwala rito ang ilan sa kanila. Kaya alang-alang doon, nagturing ako na naoobliga sa mga tulad ko ang magsulat tungkol dito para sa paglilinaw sa pagkabulaan nito, at na ito ay gawa-gawa laban sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang sa gayon walang malinlang dito na isa man. Ang sinumang nagbulay-bulay kabilang sa mga may alam at pananampalataya o mga may matinong naturalesa at tumpak na pag-iisip, makaaalam siya na ito ay isang kasinungalingan at isang gawa-gawa sa maraming punto.

Talaga ngang nagtanong ako sa ilan sa mga kamag-anak ni Shaykh Aḥmad na pinag-uugnayan ng paninirang-puring ito tungkol sa tagubiling ito. Sumagot naman ito sa akin na ito ay ipinansinungaling laban kay Shaykh Aḥmad at na siya ay hindi nagsabi nito sa simula pa. Ang nabanggit na si Shaykh Aḥmad ay namatay na noon pa. Kung sakaling magpapalagay tayo na ang nabanggit na si Shaykh Aḥmad o ang sinumang

higit na matanda kaysa sa kanya ay nag-angkin na siya ay nakakita sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang nasa pagkatulog o pagkagising at nagtagubilin sa kanya ng tagubiling ito, talagang nakaalam tayo nang tiyakan na siya ay sinungaling; o na ang nagsabi sa kanya niyon ay isang demonyo at hindi ito ang Sugo (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) dahil sa maraming punto, na kabilang sa mga ito:

Una. Na ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi nakikita habang nasa pagkagising matapos ng pagpanaw niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ang sinumang nag-angkin kabilang sa mga mangmang ng Sufismo na siya ay nakakikita sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) habang nasa pagkagising o na ito ay dumadalo sa kaarawan o anumang nakawangis niyon, nagkamali nga siya ng pinakapangit na pagkakamali, pinalito siya nang sukdulang pagpapalito, nasadlak siya sa isang mabigat na kamalian, at sumalungat siya sa Qur'ān, Sunnah, at Ijmā` ng mga alagad ng kaalaman dahil ang mga patay ay lalabas lamang

mula sa mga libingan nila sa Araw ng Pagbangon hindi sa Mundo. Ang sinumang nagsabi ng kasalungatan niyon, siya ay nagsisinungaling nang maliwanag na pagsisinungaling o nagkakamaling nililito, na hindi nakaaalam ng katotohanan na nalaman ng Maayos na Kanunu-nunuan at nakasanayan ng mga Kasamahan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga Tagasunod nila sa paggawa ng maganda. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿ثُمَّ إِنَّكُم بَعۡدَ ذَٰلِكَ لَمَيِّتُونَ ١٥ ثُمَّ إِنَّكُمۡ يَوۡمَ ٱلۡقِيَٰمَةِ تُبۡعَثُونَ ١٦﴾

{Pagkatapos tunay na kayo, matapos niyon, ay talagang mga mamamatay.

Pagkatapos tunay na kayo, sa Araw ng Pagbangon, ay bubuhayin.} (Qur'ān 23:15-16) Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ako ay kauna-unahan sa sinumang mabibiyak para sa kanya ang libingan sa Araw ng Pagbangon. Ako ay kauna-unahang tagapamagitan at kauna-unahang pamamagitanin."** Ang mga talata at ang mga

ḥadīth kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

Ikalawa. Na ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi nagsasabi ng kasalungatan ng katotohanan: hindi sa sandali ng buhay niya at hindi sa sandali ng pagkapanaw niya. Ang tagubiling ito ay sumasalungat sa Batas niya nang hayagang pagsalungat. Iyon ay sa maraming punto gaya ng sa darating na pagtatalakay, na siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay maaaring makita habang nasa pagkatulog. Ang sinumang nakakita sa kanya habang nasa sandali ng pagtulog ayon sa marangal na anyo niya ay nakakita nga sa kanya dahil ang demonyo ay hindi nakapagsasalarawan ng anyo niya gaya ng pagkakasaad niyon ng tumpak na marangal na ḥadīth subalit ang usaping buong usapin ay nasa pananampalataya ng nakakikita, katapatan nito, katarungan nito, kawastuhan nito, pagrerelihiyon nito, pagkamapagkakatiwalaan nito, at kung nakita kaya nito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa anyo niya o sa iba pa riyan.

Kung sakaling may nasaad ayon sa Propeta

(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang ḥadīth na sinabi niya sa sandali ng buhay niya ayon sa iba pa sa paraan ng mga katiwa-tiwalang makatarungan nakawawasto, hindi ito sasaligan at hindi ito ipangangatwiran, o may nasaad ayon sa paraan ng mga katiwa-tiwalang nakawawasto subalit ito ay sumasalungat sa salaysay ng sinumang higit na mapagsaulo kaysa sa kanila o higit na katiwa-tiwala sa pagsalungat na hindi maaari roon ang pagtutugma sa pagitan ng dalawang salaysay, talaga sanang ang una sa dalawa ay naging isang napawalang-bisang hindi maisasagawa samantalang ang ikalawa naman ay naging isang tagapagpawalang-bisang maisasagawa yayamang naisaposible iyon dahil sa mga kundisyon niyon. Kapag hindi naisaposible ang pagtutugma ni ang pagpapawalang-bisa, kinakailangan na isaisang-tabi ang salaysay ng sinumang higit na kaunti sa pagkasaulo at higit na mababa sa katarungan at ang paghatol dito na ito ay isang kakaiba na hindi maisasagawa.

Kaya papaano na sa isang tagubiling hindi nakikilala ang may-ari nito na nagparating nito

buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at hindi nakikilala ang katarungan niya at pagkamapagkakatiwalaan niya. Ito, habang ang kalagayang ay iyan, ay isang reyalidad na isinasaisang-tabi at hindi pinapansin, kahit pa hindi nagkaroon dito ng isang anumang sumasalungat sa Kapahayagan. Kaya naman papaano na kapag ang tagubilin ay naging isang nakasasaklaw sa maraming bagay na nagpapahiwatig sa kawalang-saysay nito at na ito ay ipinansinungaling laban sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at naglalaman ng isang pagbabatas ng isang relihiyong hindi pinayagan ni Allāh?

Nagsabi nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nagsabi laban sa akin ng hindi ko sinabi, lumuklok siya sa upuan niya mula sa Impiyerno."** Nagsabi nga ang tagagawa-gawa ng tagubiling ito laban sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng hindi sinabi niya at nagsinungaling ito hinggil sa kanya ng isang tahasang mapanganib na pagsisinungaling. Kaya napakamarapat siya sa

mabigat na bantang ito at napakakarapat-dapat siya rito kung hindi siya nagdali-dali sa pagbabalik-loob at naglathala sa mga tao ng kasinungalingan ng tagubiling ito laban sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil ang sinumang naglathala ng isang kabulaanan sa gitna ng mga tao at nag-ugnay nito sa Relihiyon, hindi matutumpak ang pagbabalik-loob niya mula roon malibang sa pamamagitan ng pagpapahayag nito at paglalantad nito nang sa gayon makaalam ang mga tao ng pagbabalik niya palayo sa kasinungalingan niya at pagpapasinungaling niya sa sarili niya, batay sa sabi ni Allāh (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya):

﴿إِنَّ ٱلَّذِينَ يَكۡتُمُونَ مَآ أَنزَلۡنَا مِنَ ٱلۡبَيِّنَٰتِ وَٱلۡهُدَىٰ مِنۢ بَعۡدِ مَا بَيَّنَّٰهُ
لِلنَّاسِ فِي ٱلۡكِتَٰبِ أُوْلَٰٓئِكَ يَلۡعَنُهُمُ ٱللَّهُ وَيَلۡعَنُهُمُ ٱللَّٰعِنُونَ ١٥٩ إِلَّا ٱلَّذِينَ تَابُواْ
وَأَصۡلَحُواْ وَبَيَّنُواْ فَأُوْلَٰٓئِكَ أَتُوبُ عَلَيۡهِمۡ وَأَنَا ٱلتَّوَّابُ ٱلرَّحِيمُ ١٦٠﴾

{159. Tunay na ang mga nagtatago ng anumang pinababa na mga malinaw na patunay at patnubay [tungkol sa Propeta] matapos na naglinaw nito sa Kasulatan, ang mga iyon ay isinusumpa ni Allāh at

isinusumpa ng mga tagasumpa.

160. Maliban sa mga nagbalik-loob, nagpakaayos, at naglinaw [ng katotohanan] sapagkat ang mga iyon ay tatanggapan Ko ng pagbabalik-loob at Ako ay ang Palatanggap ng pagbabalik-loob, ang Maaawain.} (Qur'ān 2:159-160) Nagbigay-liwanag Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) sa marangal na talatang ito na ang sinumang nagkubli ng anuman mula sa katotohanan, hindi matutumpak ang pagbabalik-loob niya mula roon malibang matapos ng pagsasaayos at paglilinaw. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay bumuo na para sa mga lingkod Niya ng Relihiyon at lumubos sa kanila ng biyaya dahil sa pagpapadala ng Sugo Niyang si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) at pagkasi Niya rito ng buong Kapahayagan. Hindi Niya kinuha ang Propeta kinuha sa piling Niya malibang matapos ng pagkabuo at pagkalinaw [ng Relihiyon] gaya ng sinabi Niya (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya):

﴿...ٱلۡيَوۡمَ أَكۡمَلۡتُ لَكُمۡ دِينَكُمۡ وَأَتۡمَمۡتُ عَلَيۡكُمۡ نِعۡمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ

ٱلۡإِسۡلَٰمَ دِينٗاۚ...﴾

{... Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon. ...} (Qur'ān 5:3)

Ang tagagawa-gawa ng tagubiling ito ay dumating nga sa ikadalawampung siglo. Nagnanais siya na magpalito sa mga tao ng isang bagong relihiyon, na ireresulta rito ang pagpasok sa Paraiso ng sinumang sumunod sa Batas niya at ang pagkakait ng Paraiso at ang pagpasok sa Impiyerno ng sinumang hindi sumunod sa Batas niya. Nagnanais siya na gumawa sa tagubiling ito, na ginawa-gawa niya, na maging higit na dakila kaysa sa Qur'ān at higit na mainam yayamang gumawa-gawa siya ng kasinungalingan dito na ang sinumang magsusulat nito at magpapadala nito mula sa isang bayan patungo sa isang bayan at mula sa isang lugar patungo sa isang lugar ay pagpapatayuan ng isang palasyo sa Paraiso at ang sinumang hindi magsusulat nito at hindi magpapadala nito ay pagkakaitan ng

Pamamagitan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Araw ng Pagbangon. Ito ay kabilang sa pinakapangit na kasinungalingan at pinakamaliwanag sa mga katunayan sa kasinungalingan ng tagubiling ito, kakauntian ng hiya ng tagagawa-gawa nito, at kasukdulan ng kapangahasan niya sa pagsisinungaling dahil ang sinumang nagsulat ng Marangal na Qur'ān at nagpadala nito mula sa isang bayan patungo sa isang bayan o mula sa isang lugar patungo sa isang lugar ay hindi magpapatamo sa kanya ng kainamang ito kapag hindi siya nagsagawa ayon sa Marangal na Qur'ān, kaya papaanong magpapatamo niyan sa tagasulat ng paninirang-puring ito at tagapagparating nito mula sa isang bayan patungo sa isang bayan? Ang sinumang hindi nagsulat ng Qur'ān at hindi nagpadala nito mula sa isang bayan patungo sa isang bayan ay hindi pagkakaitan ng Pamamagitan ng Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) kapag siya ay isang mananampalataya rito, na isang tagasunod sa Batas nito. Ang nag-iisang paninirang-puring ito sa tagubiling ito ay

nakasasapat nang mag-isa para sa katunayan sa kabulaanan nito, kasinungalingan ng tagapaglathala nito, kawalang-hiyaan niya, kabobohan niya, at kalayuan niya sa pagkakaalam sa inihatid ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na patnubay.

Sa tagubiling ito – maliban pa sa nabanggit – ay may mga iba pang bagay-bagay, na ang lahat ng mga ito ay nagpapatunay sa kabulaanan nito at kasinungalingan nito, kahit pa man nanumpa ang tagagawa-gawa nito nang isang libong panunumpa sa katumpakan nito o higit pa at kahit pa man dumalangin siya laban sa sarili niya ng pinakamabigat na pagdurusa at pinakamatinding parusa, na siya raw ay tapat, hindi siya magiging tapat at hindi ito magiging tumpak; bagkus ito – sumpa man kay Allāh pagkatapos sumpa man kay Allāh – ay kabilang sa pinakamabigat at pinakapangit na kabulaanan at kami ay nagpapasaksi kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) at sinumang nakadalo sa amin kabilang sa mga anghel. Ang sinumang nakabatid sa pagkasulat na ito kabilang sa mga Muslim – bilang pagsaksi na

iuukol natin sa Panginoon natin (kapita-pitagan ang kapitaganan Niya) – na ang tagubiling ito ay isang kasinungalingan at isang paggawa-gawa laban sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), magpapahiya si Allāh sa sinumang nagsinungaling nito at makikitungo Siya rito ayon sa naging karapat-dapat ito.

May nagpapatunay sa kasinungalingan ng tagubiling ito at kabulaanan nito, maliban pa sa naunang nabanggit, na maraming usapin mula sa teksto nito na binanggit, na kabilang sa mga ito:

Ang Unang Usapin. Ang sabi niya rito: "dahil mula Biyernes hanggang sa Biyernes, namamatay ang isandaan at animnapung libo sa iba pa sa Relihiyong Islām," dahil ito ay bahagi ng kaalaman sa Nakalingid at ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay naputulan na ng pagkasi matapos ng pagpanaw niya habang siya naman sa sandali ng buhay niya ay hindi nakaaalam sa Nakalingid, kaya papaano na matapos ng pagpanaw niya? Batay ito sa sabi ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿قُل لَّآ أَقُولُ لَكُمۡ عِندِي خَزَآئِنُ ٱللَّهِ وَلَآ أَعۡلَمُ ٱلۡغَيۡبَ...﴾

Sabihin mo: "Hindi ako nagsasabi sa inyo na taglay ko ang mga imbakan ni Allāh. Hindi ako nakaaalam sa nakalingid... (Qur'an 6:50) Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

﴿قُل لَّا يَعۡلَمُ مَن فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضِ ٱلۡغَيۡبَ إِلَّا ٱللَّهُ...﴾

Sabihin mo: "Hindi nalalaman ng sinumang nasa mga langit at lupa ang nakalingid maliban kay Allāh... (Qur'ān 27:65) Nasaad sa tumpak na ḥadīth ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay nagsabi: **{May itataboy na mga tao palayo sa lawa ko sa Araw ng Pagbangon. Kaya naman magsasabi ako: "O Panginoon, mga Kasamahan ko, mga Kasamahan ko sila." Kaya sasabihin sa akin: "Tunay na ikaw ay hindi nakaaalam sa pangyayarihin nila matapos mo." Kaya magsasabi ako ng gaya ng sinabi ng maayos na lingkod: {Ako noon sa kanila ay isang saksi hanggat nananatili ako sa piling nila; ngunit noong kumuha Ka sa akin, Ikaw ay ang Mapagmasid sa kanila. Ikaw sa bawat bagay ay**

**Saksi.}(Qur'ān 5:117)}**

Ang Ikalawang Usapin. Kabilang sa mga bagay-bagay na nagpapatunay sa kabulaanan ng tagubiling ito at na ito ay isang kasinungalingan ang sabi niya rito: "Ang sinumang magsusulat nito at siya ay maralita, magpapayaman sa kanya si Allāh; o siya ay nagkautang, magbabayad si Allāh ng utang niya; o sa kanya ay may pagkakasala, magpapatawad si Allāh sa kanya at sa mga magulang niya dahil sa pagpapala ng tagubiling ito." Ito ay kabilang sa pinakamabigat na kasinungalingan at pinakamaliwanag sa mga katunayan sa kasinungalingan ng tagagawa-gawa nito at kakauntian ng hiya niya kay Allāh at sa mga lingkod Nito dahil ang tatlong bagay na ito ay hindi nagpapatamo dahil lamang sumulat ng Marangal na Qur'ān, kaya naman papaanong nagpapatamo iyan sa sinumang sumulat ng bulaang tagubiling ito? Nagnanais lamang ang karima-rimaring taong ito ng pagpapalito sa mga tao at pagpapahumaling sa kanila sa tagubiling ito nang sa gayon magsulat sila nito, mahumaling sila sa inaangking kainamang ito, at magwaksi sila ng mga

kadahilanan na isinabatas ni Allāh para sa mga lingkod Niya at ginawa Niya na tagapagpaabot sa pagkayaman, pagkabayad ng utang, at pagkapatawad ng mga pagkakasala. Kaya naman nagpapakupkop tayo kay Allāh laban sa mga kadahilanan ng pagkatatwa at pagtalima sa pithaya at demonyo.

Ang Ikatlong Usapin. Kabilang sa mga bagay na nagpapatunay sa kabulaanan ng tagubiling ito ang sabi niya rito: "Ang sinumang hindi magsusulat nito kabilang sa mga lingkod ni Allāh, mangingitim ang mukha niya sa Mundo at Kabilang-buhay." Ito rin ay kabilang sa pinakapangit na kasinungalingan at kabilang sa pinakamalinaw sa mga patunay sa kabulaanan ng tagubiling ito at kasinungalingan ng tagagawa-gawa nito. Papaanong pinapayagan sa isang isip na nakapag-iisip na magsulat ng tagubiling ito na inihatid ng isang lalaking di-nakikilala sa ikadalawampung siglo, na gumagawa-gawa nito laban sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nag-aangkin na ang sinumang hindi magsusulat nito ay mangingitim ang mukha niya sa Mundo at

Kabilang-buhay at ang sinumang sumulat nito ay magiging mayaman matapos ng karalitaan, ligtas sa utang matapos ng pagkapatung-patong nito sa kanya, at pinatawad sa nakamit na mga pagkakasala?

Kaluwalhatian sa Iyo! Ito ay isang mabigat na paninirang-puri. Tunay na ang mga patunay at ang reyalidad ay sumasaksi sa kasinungalingan ng tagagawa-gawang ito, kasukdulan ng kapangahasan niya kay Allāh, at kakauntian ng hiya niya kay Allāh at sa mga tao. Mayroong maraming kalipunang hindi nagsulat nito saka hindi naman nangitim ang mga mukha nila. Dito ay may sangkatutak na pagkatipong walang nakabibilang sa kanila kundi si Allāh, na sumulat nga nito nang maraming ulit saka hindi naman nabayaran ang utang nila at hindi natigil ang karalitaan nila. Kaya naman nagpapakupkop tayo kay Allāh laban sa pagliko ng mga puso at pagkamantsa ng mga pagkasala. Ang mga ito ay mga katangian at mga ganting hindi inihatid ng marangal na kapahayagan sa sinumang sumulat ng pinakamainam at pinakadakilang aklat, ang

Marangal na Qur'ān, kaya papaanong magpapatamo sa sinumang sumulat ng isang tagubiling ipinansinungaling na naglalaman ng mga uri ng kabulaanan at maraming pangungusap ng mga uri ng kawalang-pananampalataya? Kaluwalhatian kay Allāh! Napakamatimpiin Siya sa sinumang nangahas sa Kanya ng pagsisinungaling.

Ang Ikatlong Usapin. Kabilang sa mga bagay na nagpapatunay na ang tagubiling ito ay bahagi ng pinakabulaang kabulaanan at pinakamaliwanag na kasinungalingan ang sabi niya rito: "Ang sinumang maniniwala rito ay maliligtas mula sa pagdurusa sa Apoy at ang sinumang magpapasinungaling dito ay tumangging sumampalataya." Ito rin ay kabilang sa pinakasukdulang kapangahasan sa pagsisinungaling at kabilang sa pinakapangit na kabulaanan. Nag-aanyaya ang tagagawa-gawang ito sa lahat ng mga tao na maniwala sa paninirang-puri niya at nag-aangkin siya na sila sa pamamagitan niyon ay maliligtas mula sa pagdurusa sa Apoy at na ang sinumang

magpapasinungaling dito ay tumangging sumampalataya. Talaga ngang nagpakasukdulan – sumpa man kay Allāh – ang palasinungaling na ito sa paninirang-puri kay Allāh. Nagsabi siya, sumpa man kay Allāh, ng iba pa sa totoo. Tunay na ang sinumang naniwala rito, tunay na siya ay ang nagiging karapat-dapat na maging isang tagatangging sumampalataya, hindi ang sinumang nagpasinungaling dito dahil ito ay isang paninirang-puri, kabulaanan, at kasinungalingang walang pundasyon mula sa katumpakan. Tayo ay nagpapasaksi kay Allāh na ito ay kasinungalingan at na ang tagagawa-gawa nito ay palasinungaling, na nagnanais na magsabatas para sa mga tao ng hindi pinayagan ni Allāh at magpasok sa Relihiyon nila ng hindi bahagi nito samantalang si Allāh ay bumuo na ng Relihiyon at lumubos na nito para sa Kalipunang Islām labing-apat na siglo bago pa man ng paninirang-puring ito. Kaya magpakamapagmatyag kayo, O mga mambabasa at mga kapatid. Kaingat kayo sa paniniwala sa mga tulad ng mga paninirang-puring ito at na magkaroon ito ng pagtataguyod sa gitna ninyo

sapagkat tunay na ang totoo ay may liwanag dito na hindi nagpapalito sa tagahanap nito. Hanapin ninyo ang totoo sa pamamagitan ng patunay nito. Magtanong kayo sa mga alagad ng kaalaman tungkol sa nagpasuliranin sa inyo. Huwag kayong manlinlang ng panunumpa ng mga palasinungaling sapagkat sumumpa nga si Satanas, ang kasumpa-sumpa, sa mga magulang ninyo na sina Adan at Eva na siya sa kanilang dalawa ay kabilang sa mga tagapagpayo samantalang siya ay ang pinakasukdulan sa mga taksil at ang pinakasinungaling sa mga palasinungaling, gaya ng pagsanaysay ni Allāh niyon sapagkat nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿وَقَاسَمَهُمَآ إِنِّي لَكُمَا لَمِنَ ٱلنَّٰصِحِينَ ٢١﴾

Nakipagsumpaan siya sa kanilang dalawa: "Tunay na ako para sa inyong dalawa ay kabilang sa mga tagapagpayo." (Qur'ān 7:21) Kaya mag-ingat kayo sa kanya at mag-ingat kayo sa mga tagasunod niya kabilang sa mga tagagawa-gawa sapagkat kay rami sa kanya at sa kanila ng mga

sinungaling na panunumpa, mga kasunduang taksil, at mga pinalamutiang sinasabi para sa pagpapalisya at pagliligaw. Hinggil naman sa binanggit ng tagagawa-gawang ito na paglitaw ng mga nakasasama, ito ay isang bagay na nagaganap. Ang Marangal na Qur'ān at ang Dinalisay na Sunnah ay nagbigay-babala na laban sa mga ito nang sukdulang pagbibigay-babala. Nasa dalawang ito ang kapatnubayan at kasapatan.

Hinggil naman sa binanggit niya tungkol sa mga palatandaan ng Huling Sandali, nagbigay-liwanag na ang mga pampropetang ḥadīth ng anumang magiging kabilang sa mga palatandaan ng Huling Sandali at tumukoy ang Marangal na Qur'ān sa ilan doon. Kaya ang sinumang nagnais na makaalam niyon, makatatagpo siya niyon sa lugar nito mula sa mga aklat ng Sunnah at mga inakdaan ng mga alagad ng kaalaman at pananampalataya. Walang pangangailangan sa mga tao sa paglilinaw sa tulad ng tagagawa-gawang ito at pagpapalito nito at paghahalo nito ng katotohanan sa kabulaanan. Magsanggalang sa akin si Allāh, sa inyo, at sa nalalabi sa mga Muslim laban sa kasamaan ng mga

demonyo at mga panliligalig ng mga tagapagligaw, pagliliko ng mga naliliko, at pagpapalito ng mga nagpapakabulaang kaaway ni Allāh, na nagnanais na mag-apula sa liwanag ni Allāh sa pamamagitan ng mga bibig nila at magpalito sa mga tao sa Relihiyon ng mga ito samantalang si Allāh ay ang tagapaglubos ng liwanag Niya at ang tagapag-adya ng Relihiyon Niya, kahit pa man nasuklam ang mga kaaway ni Allāh kabilang sa mga demonyo at mga tagasunod nila na mga tagatangging sumampalataya at mga ateista. Humihiling tayo kay Allāh na magsaayos siya ng mga kalagayan ng mga Muslim at na magmagandang-loob Siya sa kanila sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan, pananatiling matuwid dito, at pagbabalik-loob sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) mula sa nalalabi sa mga pagkakasala sapagkat tunay na Siya ay ang Palatanggap ng pagbabalik-loob, ang Maawain, ang Nakakakakaya sa bawat bagay. Kasapatan sa amin si Allāh at kay inam ang Pinananaligan. Walang kapangyarihan at walang lakas malibang sa pamamagitan ni Allāh, ang Mataas, ang Dakila.

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Lingkod Niya, Sugo Niya, ang Tapat, ang Pinagkakatiwalaan; ang mag-anak niya; ang mga Kasamahan niya; at ang mga tagasunod niya ayon sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

***

بِسْمِ اللّٰهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

# Ang Ikasiyam na Mensahe:

## Ang Kahatulan sa Panggagaway at Panghuhula at ang Nauugnay Rito[1]

Ang papuri ay ukol kay Allāh – tanging sa Kanya. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa kanya na wala nang propeta matapos niya. Sa pagpapatuloy:

Dahil sa pagsasaalang-alang sa dami ng mga salamangkero sa mga huling panahon, kabilang sa mga nag-aangkin ng panggagamot at lumulunas sa pamamagitan ng panggagaway o panghuhula, dahil sa pagkalaganap nila sa ilan sa mga bayan, at dahil sa pagsasamantala nila sa mga utu-uto sa mga tao kabilang sa mga napananaigan ng pagkamangmang, nagturing ako bilang pagpapayo

[1] Inilathala ang tagubiling ito sa Kuwaderno sa Numero 17 Buhat sa Pangkalahatang Panguluhan ng mga Pangangasiwa ng mga Pananaliksik na Pangkaalaman at Pagbibigay–fatwā, Pag–aanyaya, at Paggabay Taong 1402 Hijrah

alang-alang kay Allāh at sa mga lingkod Niya na maglinaw ako kaugnay roon ng isang mabigat na panganib sa Islām at mga Muslim dahil sa dulot nito na pagkakaugnay sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya) at pakikipagsalungatan sa utos Niya at utos ng Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan).

Nasasabi ko, habang nagpapatulong kay Allāh (napakataas Siya), na pinapayagan ang pagpapapagamot ayon sa napagkasunduang hatol. Maaari sa Muslim na pumunta sa isang doktor ng mga karamdamang panloob o pang-operasyon o pangnerbiyo o tulad niyon upang magsuri ito sa kanya ng karamdaman niya at lumunas ito niyon sa pamamagitan ng naaangkop sa kanya na mga gamot na pinapayagan ayon sa batas alinsunod sa nalalaman nito sa kaalaman sa medisina dahil iyon ay bahagi ng pagsasagawa ng mga karaniwang kadahilanan at hindi sumasalungat sa pananalig kay Allāh. Nagpababa nga si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ng karamdaman at nagpababa Siya kasama nito ng gamot. Nalalaman iyon ng sinumang nakaalam at namangmang doon

ang sinumang namangmang. Subalit si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay hindi naglagay ng kagalingan sa mga lingkod Niya sa anumang ipinagbawal Niya sa kanila.

Kaya hindi pinapayagan sa maysakit na pumunta sa mga manghuhula na nag-aangkin ng pagkakaalam ng mga bagay na nakalingid upang makaalam mula sa kanila ng sakit niya. Hindi rin pinapayagan para sa kanya na maniwala sa kanila sa anumang ipinababatid nila sa kanya sapagkat tunay na sila ay nagsasalita ng pala-palagay sa nakalingid o nagpapadalo sa mga jinn upang magpatulong sila sa mga ito sa ninanais nila. Ang hatol sa mga ito ay ang kawalang-pananampalataya at ang pagkaligaw kapag nag-angkin sila ng kaalaman sa nakalingid.

Nagsalaysay nga si Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ niya: {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: **"Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula saka nagtanong doon tungkol sa isang bagay, hindi tatanggapin sa kanya ang pagdarasal ng apatnapung araw."}**

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: **"Ang sinumang pumunta sa isang panghinaharap na manghuhula saka naniniwala roon sa sinasabi niyon ay tumanggi ngang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."}** Nagsalaysay nito si Abū Dāwud. Nagsadokumento nito ang Apat na May mga Sunnah. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Imām Al-Ḥākim ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang may pananalitang: **"Ang sinumang pumunta sa isang pangnakaraang manghuhula o isang panghinaharap na manghuhula saka naniwala roon sa sinasabi niyon, tumanggi nga siyang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."**

Ayon kay \`Imrān bin Ḥuṣayn\` (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi kabilang sa atin ang sinumang naniwala sa masamang pangitain o nagpahanap ng**

**masamang-pangitain, o nanghula o nagpahula, o nanggaway o nagpagaway. Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula saka naniwala sa sinasabi nito ay tumanggi ngang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."** Nagsalaysay nito si Al-Bazzār nang may kawing ng pagpapaabot na mahusay.

Nasaad sa mga marangal na ḥadīth na ito ang pagsaway laban sa pagpunta sa mga pangnakaraang manghuhula, mga panghinaharap na manghuhula, mga manggagaway, at mga tulad nila; at sa pagtatanong sa kanila, paniniwala sa kanila. Nasaad sa mga ito ang banta laban doon.

Hindi pinapayagan na magpalinlang dahil sa katapatan nila sa ilan sa mga bagay ni dahil sa dami ng pumupunta sa kanila na mga tao sapagkat tunay na ang mga ito ay mga mangmang. Hindi pinapayagan ang paglinlang ng mga tao dahil sa kanila dahil ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumaway nga sa pagpunta sa kanila, pagtatanong sa kanila, at paniniwala sa kanila dahil sa dulot niyon na nakasasamang

mabigat, panganib na malaki, at mga kahihinatnang kahila-hilakbot at dahil sila ay mga sinungaling na masasamang-loob.

May nasaad din sa mga ḥadīth na ito na isang patunay sa kawalang-pananampalataya ng manghuhula at manggagaway dahil sila ay nag-aangkin ng kaalaman ng nakalingid – at iyon ay kawalang-pananampalataya – at dahil sila ay hindi umaabot sa pakay nila malibang sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga jinn at pagsamba sa mga ito bukod pa kay Allāh. Iyon ay kawalang-pananampalataya kay Allāh at pagtatambal sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya). Ang naniniwala sa kanila sa pag-aangkin nila ng kaalaman sa nakalingid ay nagiging tulad nila. Ang bawat nakatatanggap ng mga bagay na ito buhat sa nagsasagawa ng mga ito ay nawalang-kaugnayan nga sa kanya ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Hindi rin pinapayagan sa Muslim na sumailalim sa anumang inaangkin nila bilang panggagamot gaya ng pagpapalamuti nila ng mga talisman o pagbubuhos ng tingga at tulad niyan na mga

pamahiin na ginagawa nila sapagkat tunay na ito ay kabilang sa panghuhula at panloloko sa mga tao. Ang sinumang nalugod doon ay umalalay nga sa kanila sa kabulaanan nila at kawalang-pananampalataya nila.

Hindi rin pinapayagan para sa isa man sa mga Muslim na pumunta sa kanila upang magtanong sa kanila tungkol sa kung sino ang mapangangasawa ng anak niya o kamag-anak niya o tungkol sa kung ano ang namamagitan sa mag-asawa at mga pamilya ng mga ito na pag-ibig at katapatan o pagkamuhi at pagkalayo ng loob at tulad niyan at pagkalayo ng loob at tulad niyan dahil ito ay kabilang sa nakalingid na walang nakaaalam kundi si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya).

Kaya ang kinakailangan sa mga nanunungkulan sa mga tungkulin, mga alagad ng batas, at iba pa sa kanila kabilang sa mga may kapangyarihan at kapamahalaan ang pagmamasama sa pagpunta sa mga panghinaharap na manghuhula, mga pangnakaraang manghuhula, at tulad nila; ang pagpigil sa sinumang nagsasagawa ng anuman

kabilang doon sa mga pampublikong lugar at iba pa sa mga iyon; ang pagmamasama sa kanila nang matinding pagmamasama; at ang pagmamasama sa sinumang pumupunta sa kanila.

Ganito ang panggagaway sapagkat tunay na ito ay kabilang sa mga ipinagbabawal na pangkawalang-pananampalataya, gaya ng sinabi ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) hinggil sa pumapatungkol sa dalawang anghel:

﴿...وَمَا يُعَلِّمَانِ مِنۡ أَحَدٍ حَتَّىٰ يَقُولَآ إِنَّمَا نَحۡنُ فِتۡنَةٞ فَلَا تَكۡفُرۡۖ فَيَتَعَلَّمُونَ مِنۡهُمَا مَا يُفَرِّقُونَ بِهِۦ بَيۡنَ ٱلۡمَرۡءِ وَزَوۡجِهِۦۚ وَمَا هُم بِضَآرِّينَ بِهِۦ مِنۡ أَحَدٍ إِلَّا بِإِذۡنِ ٱللَّهِۚ وَيَتَعَلَّمُونَ مَا يَضُرُّهُمۡ وَلَا يَنفَعُهُمۡۚ وَلَقَدۡ عَلِمُواْ لَمَنِ ٱشۡتَرَىٰهُ مَا لَهُۥ فِي ٱلۡأٓخِرَةِ مِنۡ خَلَٰقٖۚ وَلَبِئۡسَ مَا شَرَوۡاْ بِهِۦٓ أَنفُسَهُمۡۚ لَوۡ كَانُواْ يَعۡلَمُونَ﴾

{... Hindi nagtuturo silang dalawa sa isa man hanggang sa magsabi silang dalawa: "Kami ay tukso lamang, kaya huwag kang tumangging sumampalataya." Kaya natututo sila mula sa kanilang dalawa ng nagpapahihiwalay sa pagitan ng lalaki at maybahay nito. Sila ay hindi mga nakapipinsala sa pamamagitan nito sa isa man

malibang ayon sa pahintulot ni Allāh. Natututo sila ng nakapipinsala sa kanila at hindi nagpapakinabang sa kanila. Talaga ngang nakaalam sila na talagang ang sinumang bumili nito ay walang ukol sa kanya sa Kabilang-buhay na anumang bahagi. Talagang kay saklap ng pinagbilihan nila ng mga sarili nila, kung sakaling sila noon ay nakaaalam.} (Qur'ān 2:102)

Kaya nagpatunay ang mga marangal na talatang ito na ang panggagaway ay kawalang-pananampalataya at na ang mga manggagaway ay nagpapahiwalay sa lalaki at maybahay nito. Nagpatunay rin ito na ang panggagaway ay hindi isang tagapag-epekto mismo ng pakinabang ni ng pinsala. Nakaaapekto lamang ito ayon sa pahintulot ni Allāh na pansansinukob na pampagtatakda dahil si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay ang lumikha ng kabutihan at kasamaan.

Nagpatunay rin ang mga marangal na talata na ang mga natututo ng panggagaway ay natututo lamang ng nakapipinsala sa kanila at hindi nagpapakinabang sa kanila at na walang ukol sa

kanila sa ganang kay Allāh na anumang bahagi. Ito ay isang mabigat na banta, na nagpapatunay sa tindi ng kalugihan nila sa Mundo at Kabilang-buhay at na sila ay nagbenta ng mga sarili nila kapalit ng pinakahamak sa mga halaga. Dahil dito, pumula sa kanila si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) doon sa sabi Niya:

﴿...وَلَبِئْسَ مَا شَرَوْاْ بِهِۦٓ أَنفُسَهُمْۚ لَوْ كَانُواْ يَعْلَمُونَ﴾

{Talagang kay saklap ng pinagbilihan nila sa mga sarili nila, kung sakaling sila noon ay nakaaalam.} (Qur’ān 2:102) Ang "pinagbilihan" dito ay nangangahulugang pagtitinda.

Talagang bumigat ang pinsala at tumindi ang kalagayan sa mga gumagawa-gawa na ito na nagmana ng mga kaalamang ito buhat sa mga tagapagtambal at nanloko sila sa pamamagitan ng mga ito sa mahihina ang mga isip. Tunay na tayo ay kay Allāh at tunay na tayo ay tungo sa Kanya mga babalik. Kasapatan sa atin si Allāh at kay inam ang Pinananaligan.

Hinihiling natin kay Allāh ang kagalingan at ang kaligtasan laban sa kasamaan ng mga

manggagaway, mga manghuhula, at nalalabi sa mga salamangkero. Hinihiling natin sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) na ipagsanggalang Niya ang mga Muslim sa kasamaan nila, na ituon Niya ang mga tagapamahala ng mga Muslim sa pag-iingat laban sa kanila at pagpapatupad ng kahatulan Niya sa kanila upang makapagpahinga ang mga tao sa pinsala nila at mga karima-rimarim na gawain nila; tunay na Siya ay Galante, Mapagbigay.

Talaga ngang nagsabatas si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) para sa mga lingkod Niya ng ipinananangalang nila sa kasamaan ng panggagaway bago ng pagkaganap nito. Nagbigay-liwanag Siya sa kanila (kaluwalhatian sa Kanya) ng maipanlulunas nila matapos ng pagkaganap nito bilang awa mula sa Kanya sa kanila, bilang paggawa ng maganda mula sa Kanya sa kanila, at bilang paglulubos ng biyaya Niya sa kanila.

Sa sumusunod ay may isang paglilinaw para sa mga bagay na maipananangalang sa panganib ng panggagaway bago ng pagkaganap nito. Ang mga bagay na ipinanlulunas matapos ng pagkaganap

nito ay kabilang sa mga bagay-bagay na pinahihintulutan sa Batas. Ang paglilinaw niyon ay gaya ng sumusunod:

A. Ang maipanananggalang sa panganib ng panggagaway bago ng pagkaganap nito. Ang pinakamahalaga roon at ang pinakakapaki-pakinabang niyon ay ang pagpapatanggol sa pamamagitan ng mga dhikr na legal, mga panalangin, at mga ipinarating na dalangin ng pagpapakupkop. Kabilang doon ang pagbigkas ng āyatulkursīy, na pinakadakilang talata sa Marangal na Qur'ān, matapos ng bawat isinatungkuling ṣalāh matapos ng mga dhikr na isinabatas matapos ng salām. Ito ay ang sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلۡحَيُّ ٱلۡقَيُّومُۚ لَا تَأۡخُذُهُۥ سِنَةٞ وَلَا نَوۡمٞۚ لَّهُۥ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلۡأَرۡضِۗ مَن ذَا ٱلَّذِي يَشۡفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذۡنِهِۦۚ يَعۡلَمُ مَا بَيۡنَ أَيۡدِيهِمۡ وَمَا خَلۡفَهُمۡۖ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيۡءٖ مِّنۡ عِلۡمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا شَآءَۚ وَسِعَ كُرۡسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفۡظُهُمَاۚ وَهُوَ ٱلۡعَلِيُّ ٱلۡعَظِيمُ ٢٥٥﴾

{Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. Walang nakatatangay sa Kanya

na isang antok ni isang pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino itong mamamagitan sa piling Niya malibang ayon pahintulot Niya? Nakaaalam Siya sa anumang nasa harapan nila at anumang nasa likuran nila. Hindi sila nakapapaligid sa anuman mula sa kaalaman Niya malibang ayon sa niloob Niya. Sumakop ang silya Niya sa mga langit at lupa at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.} (Qur'ān 2:255) Kabilang doon ang pagbigkas din nito bago matulog sapagkat natumpak nga [ang ḥadīth] ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na: {Siya ay nagsabi: **"Ang sinumang bumigkas ng āyatulkursīy sa gabi ay hindi matitigil sa kanya na may isang tagapag-ingat mula kay Allāh at walang lalapit sa kanya na isang demonyo hanggang sa magmadaling-araw."}**

Kabilang doon ang pagbigkas:

﴿قُلۡ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ١﴾

Sūrah Al-Ikhlāṣ

﴿قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلۡفَلَقِ١﴾

Sūrah Al-Falaq

﴿قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ١﴾

Sūrah An-Nās (Qur’ān 114:1). Matapos ng bawat isinatungkuling ṣalāh, bibigkasin ang tatlong sūrah na ito nang tatlong ulit sa simula ng maghapon matapos ng ṣalāh na fajr at sa simula ng gabi matapos ng ṣalāh na maghrib.

Kabilang din doon ang pagbigkas ng dalawang talata mula sa huling bahagi ng Sūrah Al-Baqarah sa simula ng gabi. Ang dalawang ito ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

﴿ءَامَنَ ٱلرَّسُولُ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيۡهِ مِن رَّبِّهِۦ وَٱلۡمُؤۡمِنُونَۚ كُلٌّ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَمَلَٰٓئِكَتِهِۦ وَكُتُبِهِۦ وَرُسُلِهِۦ لَا نُفَرِّقُ بَيۡنَ أَحَدٖ مِّن رُّسُلِهِۦۚ وَقَالُواْ سَمِعۡنَا وَأَطَعۡنَاۖ غُفۡرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيۡكَ ٱلۡمَصِيرُ٢٨٥﴾

{Āmana -rrasūlu bi-mā unzila ilayhi mir -rrabihī wa-lmu’minūn. Kullun ... (Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya [mula sa Qur’ān] mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ...)}

Bibigkasin ang nabanggit hanggang sa pinakawakas ng sūrah.

batay [sa ḥadīth] ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na: {iya ay nagsabi: **"Ang sinumang bumigkas sa dalawang talata mula sa hulihan ng Kabanatang Al-Baqarah sa isang gabi ay makakasapat ang dalawang ito sa kanya."}** Ang kahulugan, at si Allāh ay higit na maalam: Nakasapat ang dalawang ito sa kanya laban sa bawat kasamaan. Kabilang doon ang pagpaparami ng panalangin ng pagpapakupkop sa pamamagitan ng pagsabi ng: "A`ūdhu bi-kalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa kasamaan ng nilikha Niya)" sa gabi at maghapon at sa sandali ng pagtuloy sa alinmang tuluyan sa estruktura o disyerto o himpapawid o dagat batay sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang tumuloy sa isang tuluyan saka nagsabi: "A`ūdhu bi-kalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa kasamaan ng anumang nilikha**

**Niya)," walang pipinsala sa kanya na anuman hanggang sa lumisan siya mula sa tinuluyan niyang iyon."**

Kabilang din doon na magsabi ang Muslim sa simula ng maghapon at simula ng gabi nang tatlong ulit: **"Bismi -llāhi -lladhī lā yaḍurru ma`a -smihi shay'un fi -l'arḍi wa lā fi -ssamā'i, wa huwa -ssamī`u -l`alīm. (Sa ngalan ni Allāh na walang makapipinsala sa pangalan Niya na anuman sa lupa ni sa langit at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakaaalam.)"**

Ito ay dahil sa katumpakan ng pagpapaibig kaugnay roon ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at na iyon ay isang kadahilanan para sa kaligtasan sa bawat kasamaan.

B. Ang maipanlulunas sa panggagaway matapos ng pagkaganap nito. Ito rin ay sa pamamagitan ng ilang bagay:

1. Ang pagpaparami ng pagsusumamo kay Allāh at paghiling sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) na pawiin ang kapinsalaan at alisin ang kasiraan.

2. Ang pag-uukol ng mga pagsisikap sa pag-alam sa kinalalagyan ng panggagaway sa lupa o bundok o iba pa riyan. Kaya kapag nalaman ito, nailabas ito, at nasira ito, mawawalang-saysay ang panggagaway. Ito ay kabilang sa pinakakapaki-pakinabang na paglunas sa panggagaway.

3. Ang ruqyah sa pamamagitan ng mga dhikr at mga sambiting legal. Ang mga ito ay marami, na kabilang doon:

Ang napagtibay sa sabi ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Allāhumma, rabba -nnāsi, adhhibi -lba'sa, wa-shfi anta -shshāfī lā shifā'a illā shifā'uka shifā'an lā yughādiru saqamā (O Allāh, Panginoon ng mga tao, mag-alis Ka ng kasiraan at magpagaling Ka; Ikaw ay ang Tagapagpagaling: walang pagpapagaling kundi ang pagpapagaling Mo bilang pagpapagaling na hindi nag-iiwan ng karamdaman)."** Magsasabi nito nang tatlong ulit.

Kabilang din doon ang ruqyah na ipinandadalangin ni Anghel Gabriel sa Propeta

(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ito ay ang pagsabi ng: **"Bismi -llāhi arqīka min kulli shay'in yu'dhīka wa-min sharri kulli nafsin aw `aynin ḥāsidin; Allāhu yashfīka, bismi -llāhi arqīk.(Sa ngalan ni Allāh, bumibigkas ako ng ruqyah sa iyo laban sa bawat bagay na pumipinsala sa iyo at laban sa bawat kaluluwa o matang naiinggit; si Allāh ay magpagaling nawa sa iyo; sa ngalan ni Allāh, bumibigkas ako ng ruqyah sa iyo.)"** Mag-uulit siya niyon nang tatlong ulit.

Kabilang doon – at ito ay lunas na kapaki-pakinabang para sa lalaki kapag nawalang-kakayahan siya sa pakikipagtalik sa maybahay niya – na kumuha siya ng pitong dahon ng berdeng sidr saka durugin niya ang mga ito ng bato o tulad nito, ilagay niya ito sa isang lalagyan, buhusan niya ito ng tubig na sasapat para sa paligo, at bigkasin niya rito:

ang Āyatulkursīy (Qur'ān 2:255),

﴿قُلْ يَٰٓأَيُّهَا ٱلْكَٰفِرُونَ ١﴾

ang Sūrah Al-Ikhlāṣ (Qur'ān 109),

﴿قُلۡ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ١﴾

ang Sūrah Al-Ikhlāṣ (Qur’ān 112),

﴿قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلۡفَلَقِ ١﴾

ang Sūrah Al-Falaq (Qur’ān 113), at

﴿قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ١﴾

ang Sūrah An-Nās (Qur’ān 114:1).

[Kabilang din] ang mga talata na panlaban sa panggagaway na nasa Sūrah Al-A`rāf. Ang mga ito ay ang sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَأَوۡحَيۡنَآ إِلَىٰ مُوسَىٰٓ أَنۡ أَلۡقِ عَصَاكَۖ فَإِذَا هِيَ تَلۡقَفُ مَا يَأۡفِكُونَ ١١٧ فَوَقَعَ
ٱلۡحَقُّ وَبَطَلَ مَا كَانُواْ يَعۡمَلُونَ ١١٨ فَغُلِبُواْ هُنَالِكَ وَٱنقَلَبُواْ صَٰغِرِينَ ١١٩﴾

{117. Wa-awḥaynā ilā mūsā an alqi bi-`aṣāka fa-idhā hiya talqafu mā ya’fikūn. (Nagkasi Kami kay Moises, na [nagsasabi]: "Pumukol ka ng tungkod mo," kaya biglang ito ay lumalamon sa ipinanlilinlang nila.)

118. Fa-waqa`a -lḥaqqu wa-baṭala mā kānū

ya`malūn. (Kaya napagtibay ang katotohanan at napawalang-saysay ang dati nilang ginagawa.)

119. Fa-ghulibū hunālika wa-nqalabū ṣāghirīn. (Kaya nadaig sila roon at umuwi na mga nanliliit.)} (Qur’ān 7:117-119)

[Kabilang din] ang mga talata sa Sūrah Yūnus, na ang sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَقَالَ فِرۡعَوۡنُ ٱئۡتُونِي بِكُلِّ سَٰحِرٍ عَلِيمٖ ٧٩ فَلَمَّا جَآءَ ٱلسَّحَرَةُ قَالَ لَهُم مُّوسَىٰٓ أَلۡقُواْ مَآ أَنتُم مُّلۡقُونَ ٨٠ فَلَمَّآ أَلۡقَوۡاْ قَالَ مُوسَىٰ مَا جِئۡتُم بِهِ ٱلسِّحۡرُۖ إِنَّ ٱللَّهَ سَيُبۡطِلُهُۥٓ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُصۡلِحُ عَمَلَ ٱلۡمُفۡسِدِينَ ٨١ وَيُحِقُّ ٱللَّهُ ٱلۡحَقَّ بِكَلِمَٰتِهِۦ وَلَوۡ كَرِهَ ٱلۡمُجۡرِمُونَ ٨٢﴾

{79. Wa-qāla fir`awnu -’tūnī bi-kulli sāḥirin `alīm. (Nagsabi si Paraon: "Magdala kayo sa akin ng bawat manggagaway na maalam.")

80. Fa-lammā jā’a -ssaḥaratu qāla lahum mūsā alqū mā antum mulqūn. (Kaya noong dumating ang mga manggagaway ay nagsabi sa kanila si Moises: "Pumukol kayo ng anumang kayo ay mga

pupukol.")

81. Fa-lammā qāla mūsā mā ji’tum bihi -ssiḥru; inna -llāha sa-yubṭiluhū inna -llāha lā yuṣliḥu `amala -lmufsidīn. (Kaya noong pumukol sila ay nagsabi si Moises: "Ang inihatid ninyo ay ang panggagaway. Tunay na si Allāh ay magpapawalang-saysay rito. Tunay na si Allāh ay hindi nagsasaayos sa gawa ng mga tagatiwali.)

82. Wa-yuḥiqqu -llāhu -lḥaqqa bi-kalimātihī wa-law kariha -lmujrimūn. (Nagsasakatotohanan si Allāh sa katotohanan sa pamamagitan ng mga salita Niya kahit pa man nasuklam ang mga salarin.)} (Qur’ān 10:79-82)

[Kabilang din] ang mga talata sa Sūrah Ṭāha:

﴿قَالُواْ يَٰمُوسَىٰٓ إِمَّآ أَن تُلۡقِيَ وَإِمَّآ أَن نَّكُونَ أَوَّلَ مَنۡ أَلۡقَىٰ ٦٥ قَالَ بَلۡ أَلۡقُواْۖ
فَإِذَا حِبَالُهُمۡ وَعِصِيُّهُمۡ يُخَيَّلُ إِلَيۡهِ مِن سِحۡرِهِمۡ أَنَّهَا تَسۡعَىٰ ٦٦ فَأَوۡجَسَ فِي
نَفۡسِهِۦ خِيفَةٗ مُّوسَىٰ ٦٧ قُلۡنَا لَا تَخَفۡ إِنَّكَ أَنتَ ٱلۡأَعۡلَىٰ ٦٨ وَأَلۡقِ مَا فِي يَمِينِكَ
تَلۡقَفۡ مَا صَنَعُوٓاْۖ إِنَّمَا صَنَعُواْ كَيۡدُ سَٰحِرٖۖ وَلَا يُفۡلِحُ ٱلسَّاحِرُ حَيۡثُ أَتَىٰ ٦٩﴾

{65. Qālū yā-mūsā immā an tulqiya wa-immā an nakūna awwala man alqā. (Nagsabi sila: "O Moises, maaari na pumukol ka at maaari na maging kami ay kauna-unahan sa sinumang pupukol.")

66. Qāla bal alqū; fa-idhā ḥibāluhum wa-`iṣīyuhum yukhayyalu ilayhi min siḥrihim annahā tas`ā. (Nagsabi [si Moises]: "Bagkus pumukol kayo." Kaya biglang ang mga lubid nila at ang mga tungkod nila ay ginuniguni sa kanya, dahil sa panggagaway nila, na ang mga ito ay sumisibad.)

67. Fa-awjasa fī nafsihī khīfata mūsā. (Kaya nakadama sa sarili niya ng isang pangangamba si Moises.)

68. Qulnā lā takhaf innaka anta -l'a`lā. (Nagsabi Kami: "Huwag kang mangamba; tunay na ikaw ay ang pinakamataas.")

69. Wa-alqi mā fī yamīnika talqaf mā ṣana`ū;

innamā ṣana`ū kayda sāḥirin wa-lā yufliḥu -sāḥiru ḥaythu atā. (Magpukol ka ng nasa kanang kamay mo, lalamon ito sa niyari nila. Yumari lamang sila ng isang panlalansi ng isang manggagaway. Hindi nagtatagumpay ang manggagaway saanman siya pumunta.)} (Qur'ān 20:65-69)

Matapos bigkasin sa tubig ang nabanggit, iinom mula rito ng tatlong higop at ipaliligo ang natitira. Sa pamamagitan niyon, maglalaho ang sakit kung loloobin ni Allāh. Kung hiniling ng pangangailangan para gamitin ito ng dalawang ulit o higit, walang masama [na gawin iyon] hanggang sa maglaho ang sakit.

Ang mga dhikr at ang mga panalangin ng pagpapakupkop na ito ay kabilang sa pinakadakila sa mga kadahilanan sa pagkakasanggalang sa kasamaan ng panggagaway at iba pa rito na mga kasamaan. Ang mga ito rin ay kabilang sa pinakadakilang sandata para sa pag-aalis ng epekto ng panggagaway matapos ng pagkaganap nito sa sinumang nagpanatili sa mga ito nang may katapatan, pananampalataya, pagtitiwala kay Allāh, pagsandal sa Kanya, at pagkabukas ng

dibdib sa ipinahiwatig nito.

Ito ay ang naging madali ang paglilinaw kabilang sa mga nauukol na ipinananggalang sa panggagaway at ipinanggagamot dito. Si Allāh ay ang Karapat-dapat sa pagtutuon.

Dito ay may darating na isang mahalagang usapin. Ito ay ang paglulunas sa panggagaway sa pamamagitan ng gawain ng mga manggagaway na naisasagawa sa pamamagitan ng pagpapakalapit-loob sa mga jinn sa pamamagitan ng pag-aalay ng hayop o iba pa rito kabilang sa mga pampalapit-loob. Ito ay hindi pinapayagan dahil ito ay kabilang sa gawain ng demonyo, bagkus kabilang sa Malaking Shirk. Hindi rin pinapayagan ang paggamot nito sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga panghinaharap na manghuhula, mga pangnakaraang manghuhula, at mga salamangkero; at ng paggamit ng sinasabi nila dahil sila ay hindi sumasampalataya at dahil sila ay mga sinungaling na masasamang-loob, na nag-aangkin ng kaalaman sa nakalingid, at nanlilinlang sa mga tao. Nagbigay-babala nga ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa

pagpunta sa kanila, pagtatanong sa kanila, at paniniwala sa kanila, gaya ng naunang paglilinaw roon sa unang bahagi ng mensaheng ito. Kaya ang kinakailangan ay ang pag-iingat laban doon. Natumpak nga [ang ḥadīth] ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay tinanong tungkol sa nushrah kaya nagsabi siya: **"Ito ay kabilang sa gawain ng demonyo."** Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad at Imām Abū Dāwud nang may kawing ng pagpapaabot na mahusay.

Ang nushrah ay ang paglulunas sa panggagaway para sa ginaway. Ang tinutukoy ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pananalita niyang ito ay ang nushrah na ginagawa ng mga kampon ng Kamangmangan. Ito ay ang paghiling sa manggagaway upang lunasan nito ang panggagaway o ang paglunas nito sa pamamagitan ng isang panggagaway na tulad nito mula sa ibang manggagaway.

Hinggil naman sa paglunas nito sa pamamagitan ng ruqyah, mga legal na panalangin ng pagpapakupkop, at mga ipinahihintulot na

gamot, walang masama roon gaya ng naunang nabanggit. Nagsateksto niyon ang Paham na si Ibnu Al-Qayyim at si Shaykh `Abdurraḥmān bin Ḥasan sa [aklat na] Fatḥ Al-Majīd (ang awa ni Allāh ay sumakanilang dalawa). Nagsateksto rin niyon ang iba pa sa kanilang dalawa kabilang sa mga may kaalaman.

Si Allāh ay ang hinihilingan na magtuon sa mga Muslim para sa kagalingan laban sa bawat kasamaan at na mangalaga sa kanila ng Relihiyon nila at magtustos sa kanila ng pagkaunawa rito at kagalingan laban sa bawat anumang sumasalungat sa Batas Niya.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan Niya ang Lingkod Niya at Sugo Niyang si Muḥammad, ang mag-anak nito, at ang mga Kasamahan nito.

***

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

# Ang Ikasampung Mensahe:

# Ang Pagbibigay-babala Laban sa Pagpapatayo ng mga Masjid sa mga Libingan

Sa ngalan ni Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Sugo ni Allāh.

Sa pagpapatuloy, napag-alaman ko nga sa inilathala sa ikatlong isyu ng magasin na Rābiṭah Al-`Ulūm Al-Islāmīyah sa paksang "Mga Balita sa mga Muslim sa Isang Buwan" na ang Al-`Ulūm Al-Islāmīyah sa Kahariang Jordaneo Hāshimeo ay naglalayon ng pagpapatayo ng isang masjid sa yungib na natuklasan kamakailan sa nayon ng Rahib. Ito ang yungib na sinasabing Ahl Al-Kahf (mga nanuluyan sa yungib) na nasasaad ang pagkabanggit sa kanila sa Marangal na Qur’ān na pinaghigaan nila.

Bilang pagsasaalang-alang sa tungkulin ng pagpapayo alang-alang kay Allāh at alang-alang sa

mga lingkod Niya, nagturing ako na magtuon ng isang pananalita sa magasin mismo na Rābiṭah Al-`Ulūm Al-Islāmīyah sa Kahariang Jordaneo Hāshimeo, na ang nilalaman nito ay ang payo sa Rābiṭah tungkol sa pagpapatupad sa nilayon nito na pagpapatayo ng isang masjid sa nabanggit na yungib. Walang iba iyon kundi pagpapatayo ng mga masjid sa mga libingan ng mga propeta, mga maaayos na tao, at mga relikiya, na nagsaad ang kumpletong Batas Islāmiko ng pagbabawal doon, pagbibigay-babala laban doon, at pagsumpa sa sinumang gumawa niyon dahil sa pagiging ito ay kabilang sa mga kaparaanan ng Shirk at pagpapakalabis-labis sa pagpipitagan sa mga propeta at mga maaayos na tao. Ang reyalidad ay isang tagasaksi sa katumpakan ng inihatid ng Sharī`ah, isang patunay na ito ay mula sa ganang kay Allāh (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya), isang patotoong nagniningning, at isang katwirang tandisan sa katapatan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa anumang inihatid niya buhat kay Allāh at ipinaabot niya sa Kalipunan. Ang bawat sinumang

nagbulay-bulay sa mga kalagayan ng Mundong Islāmiko at sa nangyari rito na Shirk at pagpapakalabis-labis ay dahilan sa pagpapatayo ng mga masjid sa mga mausoleo, pagdakila sa mga ito, pagmumuwebles sa mga ito, pagpaparikit sa mga ito, at pagtatalaga ng mga bantay-pinto para sa mga ito sa kabila ng pagkakaalam nang tiyakan na ang mga ito ay kabilang sa mga kaparaanan ng Shirk at na bahagi ng mga kagandahan ng Batas Islāmiko ang pagbabawal sa mga ito at ang pagbibigay-babala laban sa pagpapatayo ng mga ito.

Kabilang sa nasaad kaugnay roon ang isinalaysay ng Dalawang Shaykh na sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) ayon kay `Ā’ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Isinumpa ni Allāh ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano; ginawa nila ang mga libingan ng mga propeta nila na mga sambahan."} Nagsabi pa si `Ā’ishah: {Nagbibigay-babala siya ng niyari nila.} Nagsabi siya: {Kung hindi dahil**

**doon, talaga sanang inangat ang libingan niya. Gayon pa man, siya ay natakot na gawin itong isang masjid.}** Nasaad sa Ṣaḥīḥān din na sina Ummu Salamah at Ummu Ḥabībah (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) ay bumanggit sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang simbahang nakita nilang dalawa sa lupain ng Etyopya at nasa loob niyon na mga imahen. Kaya naman nagsabi siya (basbasan Niya ito at pangalagaan): **"Ang mga iyon, kapag namatay sa kanila ang maayos na tao, ay nagpapatayo sa ibabaw ng libingan niya ng isang sambahan at nagsasaimahen doon ng mga imaheng iyon. Ang mga iyon ay masasamang nilikha sa ganang kay Allāh."**

Nasaad sa Ṣaḥīḥ Muslim ayon kay Jundub bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), limang araw bago siya mamatay, habang siya ay nagsasabi: **"Tunay na ako ay nagpapawalang-kaugnayan kay Allāh na magkaroon ako mula sa inyo ng isang matalik na kaibigan sapagkat tunay na si Allāh**

**ay gumawa nga sa akin bilang matalik na kaibigan gaya ng paggawa Niya kay Abraham bilang matalik na kaibigan. Kung sakaling ako ay gagawa mula sa Kalipunan ko ng isang matalik na kaibigan, talagang gagawin ko si Abū Bakr bilang matalik na kaibigan. Pansinin at tunay na ang mga bago pa ninyo noon ay gumagawa sa mga libingan ng mga propeta nila at mga maaayos na tao nila bilang mga sambahan. Pansinin, kaya huwag kayong gumawa sa mga libingan bilang mga masjid sapagkat tunay na ako ay sumasaway sa inyo laban doon."}** Ang mga ḥadīth kaugnay sa paksang ito ay marami.

Nagtadhana ang mga imām ng mga maalam ng mga Muslim mula sa lahat ng Apat na Doktrinang Legal at iba pa sa kanila ng pagsaway laban sa paggawa ng mga masjid sa mga libingan. Nagbigay-babala sila laban doon bilang pagsasagawa sa Sunnah ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), bilang pagpapayo sa Kalipunang Islām, at bilang pagbibigay-babala rito na masadlak ito sa kinasadlakan ng mga bago nito

kabilang sa mga nagpakalabis-labis sa mga Hudyo at mga Kristiyano at mga kawangis nila kabilang sa mga ligaw ng Kalipunang Islām ng ito.

Kaya ang kinakailangan sa Rābiṭah Al-`Ulūm Al-Islāmīyah sa Jordan at iba pa rito kabilang sa mga Muslim ang pagsunod sa Sunnah, ang pagtahak sa landas ng mga imām, ang pag-iingat laban sa binigyang-babala ni Allāh at ng Sugo Niya sapagkat naroon ang kaayusan ng mga tao, ang kaligayahan nila, at ang tagumpay nila sa Mundo at Kabilang-buhay. Nag-ugnay nga ang ilan sa mga tao kaugnay sa paksang ito sa sabi Niya (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya) kaugnay sa kuwento ng mga nanuluyan sa yungib:

﴿...قَالَ ٱلَّذِينَ غَلَبُواْ عَلَىٰٓ أَمۡرِهِمۡ لَنَتَّخِذَنَّ عَلَيۡهِم مَّسۡجِدٗا﴾

{... Nagsabi ang mga nanaig sa usapin nila: "Talagang gagawa nga kami sa ibabaw nila ng isang patirapaan."} (Qur'ān 18:21)

Ang sagot doon ay na sabihing tunay na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay nagpabatid tungkol sa mga pangulo at mga may kapangyarihan sa panahong iyon na sila ay

nagsabi ng mga nasabing ito ngunit iyon ay hindi sa paraan ng pagkalugod at pagkilala sa kanila at ito lamang ay sa paraan ng pamumula, pamimintas, at pagpapalayo ng loob mula sa kagagawan nila. Nagpapatunay roon na ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na pinagpababaan ng talatang ito, at siya ang pinakamaalam sa mga tao sa pagbibigay-pakahalugan dito, ay sumaway nga sa Kalipunan niya laban sa paggawa ng mga masjid sa mga libingan, nagbigay-babala sa kanila laban doon, at sumumpa at namula sa sinumang gumawa niyon.

Kung sakaling iyon ay pinapayagan, talagang hindi sana naghigpit ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa gayong mabigat na paghihigpit at nagpalabis doon hanggang sa isinumpa niya ang sinumang gumawa niyon at ipinabatid niya na iyon ay kabilang sa masasama sa nilikha sa ganang kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Ito ay may dulot na kasapatan at pagkumbinsi sa tagahanap ng katotohanan. Kung sakaling nagpalagay tayo na ang paggawa ng mga masjid sa mga libingan ay

pinapayagan sa mga bago natin, hindi naman pinapayagan sa atin ang pagtulad sa kanila roon dahil ang Batas natin ay tagapagpawalang-bisa sa mga batas bago nito, ang Sugo natin (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) ay ang pangwakas sa mga sugo, at ang Batas niya ay kumpletong pangkalahatan. Sumaway nga siya sa atin laban sa paggawa ng mga masjid sa mga libingan kaya hindi pinapayagan sa atin ang pakikipagsalungatan sa kanya at kinailangan sa atin ang pagsunod sa kanya, ang pagkapit sa inihatid niya, ang pag-iwan sa anumang nakipagsalungatan doon na mga matandang batas at mga kaugaliang minamaganda sa ganang gumawa niyon dahil walang higit na kumpleto kaysa sa Batas ni Allāh at walang pagpatnubay na higit na maganda kaysa sa pagpatnubay ng Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan).

Si Allāh ang hinihilingan na magtuon Siya sa atin at sa mga Muslim sa kalahatan sa pagpapakatatag sa Relihiyon Niya, pagkapit sa Batas ng Sugo Niyang si Muḥammad (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) sa mga sinasabi

at mga ginagawa, sa panlabas at panloob, at sa nalalabi sa mga kapakanan hanggang sa makipagkita tayo kay Allāh (kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya); tunay na Siya ay Madinigin, Malapit.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Lingkod Niya at Sugo Niyang si Muḥammad, ang mag-anak nito, ang mga Kasamahan nito, at ang sinumang napatnubayan ng patnubay nito hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

***

بِسْمِ اللهِ الرَّحمَنِ الرَّحِيمِ

# Ang Ikalabing-isang Mensahe:

# Ang Paglilibing ng mga Patay sa mga Masjid

Sa ngalan ni Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Sugo ni Allāh, mag-anak niya, at sinumang napatnubayan sa pamamagitan ng patnubay niya. Sa pagpapatuloy:

Napag-alaman ko nga sa diyaryong Al-Khurṭūm sa isyu na 17/4/1410 Hijrah (15/11/1989 CE) saka natagpuan ko rito na nailathala nga rito ang isang pahayag hinggil sa paglibing kay Ginoong Muḥammad Al-Ḥasan Al-Idrīsīy sa tabi ng ama niya sa Masjid nila sa Lungsod ng Umm Durman at iba pa.

Dahil nag-obliga si Allāh ng pagpapayo sa mga Muslim at paglilinaw ng pagmamasama sa nakasasama, isinaalang-alang ko ang pagtawag-pansin na ang paglilibing sa mga masjid ay isang bagay na hindi pinapayagan; bagkus ito ay

kabilang sa mga kaparaanan ng Shirk at kabilang sa mga gawain ng mga Hudyo at mga Kristiyano, na pumula sa kanila si Allāh sa mga ito at sumumpa sa kanila ang Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan), gaya ng nasaad sa Ṣaḥīḥān ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya), ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Siya ay nagsabi: **"Isinusumpa ni Allāh ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano; ginawa nila ang mga libingan ng mga propeta nila bilang mga sambahan."}** Nasaad sa Ṣaḥīḥ ayon kay Jundub bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanya), ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Siya ay nagsabi: **"Pansinin at tunay na ang mga bago pa ninyo noon ay gumagawa sa mga libingan ng mga propeta nila at mga maayos na tao nila bilang mga sambahan. Pansinin, kaya huwag kayong gumawa sa mga libingan bilang mga masjid sapagkat tunay na ako ay sumasaway sa inyo laban doon."}** Ang mga ḥadīth kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

Kaya ang kinakailangan sa mga Muslim sa

bawat lugar, sa mga pamahalaan at mga mamamayan, na mangilag silang magkasala kay Allāh, na magbigay-babala sila sa anumang sinaway Niya, at maglibing sila ng mga patay nila sa labas ng mga masjid, kung paanong ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila) ay naglilibing noon ng mga patay sa labas ng mga masjid at gayundin ang mga tagasunod nila sa paggawa ng maganda.

Hinggil naman sa pagkakalagak ng libingan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at dalawang Kasamahan niyang sina Abū Bakr at `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) sa Masjid niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), walang katwiran dahil dito sa paglilibing ng mga patay sa mga masjid dahil siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay inilibing sa bahay niya, sa silid ni `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya), pagkatapos inilibing ang dalawang Kasamahan niya sa tabi niya. Noong nagpaluwang si Al-Walīd bin `Abdilmalik ng Masjid, ipinasok ang kuwarto sa Masjid noong

simula ng unang ikaisandaang taon ng Hijrah. Minasama nga sa kanya iyon ng mga alagad ng kaalaman subalit siya ay nagturing na iyon ay hindi makahahadlang sa pagpapaluwang ng Masjid at na ang usapin ay maliwanag na hindi napaghihinalaan.

Dahil doon, lumiliwanag para sa bawat Muslim na siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang dalawang Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) ay hindi inilibing sa Masjid. Ang pagkapasok nila sa Masjid dahilan sa pagpapaluwang ay hindi isang katwiran sa pagpayag sa paglilibing sa mga masjid dahil sila ay hindi nasa Masjid – sila lamang ay nasa bahay niya (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) – at dahil ang ginawa ni Al-Walīd ay hindi nababagay na maging katwiran ng sinuman doon. Ang katwiran ay nasa Qur'ān at Sunnah lamang at nasa Ijmā` ng Kanunu-nunuan ng Kalipunang Islām. Malugod nawa si Allāh sa kanila at gumawa nawa Siya sa atin na kabilang sa mga tagasunod nila sa paggawa ng maganda.

Para sa pagpapayo at pagkawala ng maisisisi,

naganap ang pagsulat nito noong 14/5/1415 Hijrah (19/10/1994).

Si Allāh ay ang Katangkilik sa pagtutuon. Basbasan ni Allāh at pangalagaan Niya ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya, at ang mga tagasunod nila sa paggawa ng maganda.

***

بِسْمِ اللهِ الرَّحمَنِ الرَّحِيمِ

# Ang Ikalabindalawang Mensahe:

# Ang Paglilinaw sa Kawalang-Pananampalataya at Pagkaligaw ng Sinumang Nag-akala na Pinapayagan sa Isang Tao ang Paglabas sa Sharī`ah ni Muḥammad (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa pangwakas sa mga propeta at mga isinugo ang Propeta nating si Muḥammad at ukol sa mag-anak niya at mga Kasamahan niya nang magkakasama.

Sa pagpapatuloy, napag-alaman ko sa artikulong inilathala ng pahayagang Ash-Sharq Al-Awsaṭ sa isyu nitong numero: 5834 at petsang 5/6/1415 Hijrah (11/10/1994 CE), na isinulat ng isang tumatawag sa sarili niya bilang `Abdulfattāḥ Al-Ḥāyik, sa ilalim ng pamagat na: Ang Maling Pagkaintindi.

Ang buod ng artikulo: Ang pagkakaila niya sa isang nalalamang bahagi ng Relihiyong Islām dahil sa kalinawan at dahil sa teksto at ijmā`. Ito ay ang pagkapangkalahatan ng mensahe ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa lahat ng mga tao. Ang pag-aangkin niya na ang sinumang hindi sumunod kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at hindi tumalima sa kanya, bagkus nanatili ito sa pagiging isang Hudyo o isang Kristiyano, ito ay nasa isang relihiyong totoo. Pagkatapos nagmataas siya sa Panginoon ng mga nilalang (kaluwalhatian sa Kanya) sa kasanhian sa pagdudulot ng pagdurusa sa mga tagatangging sumampalataya at mga suwail at nagturing siya na iyon ay bahagi ng kawalang-kapararakan.

Nagsagawa siya ng paglilihis ng mga tekstong pangkapahayagan at paglalagay ng mga ito sa hindi mga kinalalagyan ng mga ito. Nagpakahulugan siya ng mga ito sa pamamagitan ng idinidikta ng pithaya niya. Tumutol siya sa mga patunay na pangkapahayagan at mga tekstong tahasang nagpapatunay sa pagkapangkalahatan ng mensahe ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh

at pangalagaan), sa kawalang-pananampalataya ng sinumang nakarinig sa kanya ngunit hindi sumunod sa kanya, na si Allāh ay hindi tumatanggap ng iba pa sa Islām bilang relihiyon, at iba pa riyan mula sa mga tekstong tahas na tinutulan niya upang malinlang sa pamamagitan ng pananalita niya ang mga mangmang. Ang ginawa niyang ito ay isang kawalang-pananampalatayang tahasan, isang pagtalikod sa Islām, at isang pagpapasinungaling kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) at sa Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), gaya ng pagkakaalam niyon ng sinumang nakabasa ng usapin mula sa mga alagad ng kaalaman at pananampalataya.

Ang kinakailangan sa nakatalaga sa tungkulin ay ang pagsampa ng kaso niya sa hukuman para sa paghiling ng pagbabalik-loob niya at paghatol sa kanya ayon sa hinihiling ng dinalisay na batas.

Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay naglinaw nga ng pagkapangkalahatan ng mensahe ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at pagkakinakailangan ng pagsunod

sa kanya ng lahat ng mga jinn at mga tao. Doon ay hindi namamangmang ang sinumang may pinakamababang taglay na kaalaman kabilang sa mga Muslim.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿قُلۡ يَـٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِنِّي رَسُولُ ٱللَّهِ إِلَيۡكُمۡ جَمِيعًا ٱلَّذِي لَهُۥ مُلۡكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضِۖ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ يُحۡيِۦ وَيُمِيتُۖ فَـَٔامِنُواْ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِ ٱلنَّبِيِّ ٱلۡأُمِّيِّ ٱلَّذِي يُؤۡمِنُ بِٱللَّهِ وَكَلِمَٰتِهِۦ وَٱتَّبِعُوهُ لَعَلَّكُمۡ تَهۡتَدُونَ ١٥٨﴾

{Sabihin mo: "O mga tao, tunay na ako ay Sugo ni Allāh sa inyo nang lahatan, na ukol sa Kanya ang paghahari sa mga langit at lupa. Walang Diyos kundi Siya; nagbibigay-buhay Siya at nagbibigay-kamatayan Siya. Kaya sumampalataya kayo kay Allāh at sa Sugo Niya, ang Propeta na iliterato, na sumasampalataya kay Allāh at sa mga salita Niya. Sumunod kayo sa kanya, nang sa gayon kayo ay mapapatnubayan."} (Qur’ān 7:158) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿...وَأُوحِيَ إِلَيَّ هَٰذَا ٱلۡقُرۡءَانُ لِأُنذِرَكُم بِهِۦ وَمَنۢ بَلَغَ...﴾

{... Ikinasi sa akin ang Qur’ān na ito upang

magbabala ako sa inyo nito at sa sinumang naabot nito ...} (Qur’ān 6:19) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿قُلۡ إِن كُنتُمۡ تُحِبُّونَ ٱللَّهَ فَٱتَّبِعُونِي يُحۡبِبۡكُمُ ٱللَّهُ وَيَغۡفِرۡ لَكُمۡ ذُنُوبَكُمۡۚ وَٱللَّهُ غَفُورٞ رَّحِيمٞ ٣١﴾

{ Sabihin mo [O Propeta Muḥammad]: "Kung kayo ay umiibig kay Allāh, sumunod kayo sa akin; iibig sa inyo si Allāh at magpapatawad Siya sa inyo ng mga pagkakasala ninyo. Si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain."} (Qur’ān 3:31) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَمَن يَبۡتَغِ غَيۡرَ ٱلۡإِسۡلَٰمِ دِينٗا فَلَن يُقۡبَلَ مِنۡهُ وَهُوَ فِي ٱلۡأٓخِرَةِ مِنَ ٱلۡخَٰسِرِينَ ٨٥﴾

{Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga lugi.} (Qur’ān 3:85) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَمَآ أَرۡسَلۡنَٰكَ إِلَّا كَآفَّةٗ لِّلنَّاسِ بَشِيرٗا وَنَذِيرٗا...﴾

{Hindi Kami nagsugo sa iyo maliban sa

kalahatan para sa mga tao bilang mapagbalita ng nakagagalak at bilang mapagbabala ...} (Qur'ān 34:28) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَمَآ أَرۡسَلۡنَٰكَ إِلَّا رَحۡمَةٗ لِّلۡعَٰلَمِينَ ١٠٧﴾

{Hindi Kami nagsugo sa iyo kundi bilang awa para sa mga nilalalang.} (Qur'ān 21:107) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿...وَقُل لِّلَّذِينَ أُوتُواْ ٱلۡكِتَٰبَ وَٱلۡأُمِّيِّـۧنَ ءَأَسۡلَمۡتُمۡۚ فَإِنۡ أَسۡلَمُواْ فَقَدِ ٱهۡتَدَواْۖ وَّإِن تَوَلَّوۡاْ فَإِنَّمَا عَلَيۡكَ ٱلۡبَلَٰغُۗ وَٱللَّهُ بَصِيرُۢ بِٱلۡعِبَادِ﴾

{... Sabihin mo sa mga binigyan ng Kasulatan at mga iliterato: "Nagpasakop ba kayo?" Kung nagpasakop sila ay napatnubayan nga sila; at kung tumalikod sila, tanging kailangan sa iyo ang pagpapaabot. Si Allāh ay Nakakikita sa mga lingkod.} (Qur'ān 3:20) Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿تَبَارَكَ ٱلَّذِي نَزَّلَ ٱلۡفُرۡقَانَ عَلَىٰ عَبۡدِهِۦ لِيَكُونَ لِلۡعَٰلَمِينَ نَذِيرًا ١﴾

{Napakamapagpala ang nagbaba ng [Qur'ān bilang] pamantayan sa Lingkod Niya upang ito para sa mga nilalang ay maging isang

mapagbabala} (Qur'ān 25:1)

Nagsalaysay sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na: {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: **"Binigyan ako ng limang hindi binigyan ng mga ito ang isa man bago ko: iniadya ako sa pamamagitan ng pagkasindak [ng mga kaaway] sa layo ng paglalakbay ng isang buwan, ginawa para sa akin ang lupa bilang mapagpapatirapaan at bilang pandalisay kaya ang alinmang lalaki kabilang sa Kalipunan ko na inabutan ng ṣalāh ay magdasal siya, ipinahintulot sa akin ang mga samsam samantalang hindi ito ipinahintulot sa isa man bago ko, binigyan ako ng Pamamagitan, at ang propeta ay ipinapadala sa kalipunan niya sa partikular samantalang ipinadala ako sa mga tao sa pangkalahatan."}**

Ito ay isang paglilinaw na tahasan dahil sa pagkapangkalahatan at pagkasaklaw ng mensahe ng Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa lahat ng mga tao, na ito ay

nagpawalang-bisa sa lahat ng mga naunang batas, at na ang sinumang hindi sumunod kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at hindi tumalima sa kanya, iyon ay isang tagatangging sumampalataya na tagasuway na karapat-dapat sa parusa ni Allāh. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

﴿...وَمَن يَكۡفُرۡ بِهِۦ مِنَ ٱلۡأَحۡزَابِ فَٱلنَّارُ مَوۡعِدُهُۥۚ...﴾

{... Ang sinumang tumangging sumampalataya rito [sa Qur'ān] kabilang sa mga lapian, ang Apoy ay ipinangako sa kanya. ...} (Qur'ān 11:17) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿...فَلۡيَحۡذَرِ ٱلَّذِينَ يُخَالِفُونَ عَنۡ أَمۡرِهِۦٓ أَن تُصِيبَهُمۡ فِتۡنَةٌ أَوۡ يُصِيبَهُمۡ عَذَابٌ أَلِيمٌ﴾

{... Kaya mag-ingat ang mga sumasalungat sa utos niya na baka may tumama sa kanila na isang sigalot o may tumama sa kanila na isang pagdurusang masakit.} (Qur'ān 24:63) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَمَن يَعۡصِ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ وَيَتَعَدَّ حُدُودَهُۥ يُدۡخِلۡهُ نَارًا خَٰلِدًا فِيهَا وَلَهُۥ

﴿عَذَابٌ مُّهِينٌ ١٤﴾

{Ang sinumang sumusuway kay Allāh at sa Sugo Niya at lumalampas sa mga hangganan Niya ay magpapapasok Siya sa Apoy bilang mananatili roon at ukol sa kanya ay isang pagdurusang manghahamak.} (Qur'ān 4:14) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿...وَمَن يَتَبَدَّلِ ٱلْكُفْرَ بِٱلْإِيمَٰنِ فَقَدْ ضَلَّ سَوَآءَ ٱلسَّبِيلِ﴾

{...Ang sinumang magpapalit ng kawalang-pananampalataya sa pananampalataya ay lumihis nga palayo sa katumpakan ng landas.} (Qur'ān 2:108) Ang mga talata [ng Qur'ān] kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay nag-ugnay nga ng pagtalima sa Sugo (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa pagtalima sa Kanya. Naglinaw Siya na ang sinumang naniwala sa iba pa sa Islām, ito ay lugi. Walang tatanggapin mula rito na isang kusang-loob na pagsamba ni isang tungkuling pagsamba sapagkat nagsabi Siya:

﴿وَمَنْ يَبْتَغِ غَيْرَ الْإِسْلَامِ دِينًا فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الْآخِرَةِ مِنَ

﴿الْخَاسِرِينَ ﴾ ٨٥

{Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga lugi.} (Qur’ān 3:85) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿مَنْ يُطِعِ الرَّسُولَ فَقَدْ أَطَاعَ اللَّهَ...﴾

{Ang sinumang tumatalima sa Sugo ay tumalima nga kay Allāh.} (Qur’ān 4:80) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿قُلْ أَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ فَإِنْ تَوَلَّوْا فَإِنَّمَا عَلَيْهِ مَا حُمِّلَ وَعَلَيْكُمْ مَا حُمِّلْتُمْ وَإِنْ تُطِيعُوهُ تَهْتَدُوا...﴾

{Sabihin mo: "Tumalima kayo kay Allāh at tumalima kayo sa Sugo; ngunit kung tatalikod kayo, tanging kailangan sa kanya ang ipinapasan sa kanya at kailangan sa inyo ang ipinapasan sa inyo. Kung tatalima kayo sa kanya ay mapapatnubayan kayo.} (Qur'ān 24:54) Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿إِنَّ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ أَهْلِ الْكِتَابِ وَالْمُشْرِكِينَ فِي نَارِ جَهَنَّمَ خَالِدِينَ

﴿فِيهَا أُولَٰئِكَ هُمْ شَرُّ الْبَرِيَّةِ ۝٦﴾

{Tunay na ang mga tumangging sumampalataya kabilang sa mga May Kasulatan at mga tagapagtambal ay magiging nasa Apoy ng Impiyerno bilang mga mananatili roon. Ang mga iyon ay ang pinakamasama sa sangkinapal.} (Qur'ān 98:6)

Nagsalaysay si Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ niya na: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: **"Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ni Muḥammad ay nasa kamay Niya, walang nakaririnig hinggil sa akin na isa mula sa Kalipunang ito, na isang Hudyo ni isang Kristiyano, pagkatapos namatay iyon habang hindi sumampalataya sa ipinasugo sa akin, malibang iyon ay magiging kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno."}**

Naglinaw nga ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng gawa niya at sabi niya ng kawalang-saysay ng relihiyon ng sinumang hindi pumasok sa Relihiyong Islām sapagkat nakipagdigmaan nga siya sa mga Hudyo

at mga Kristiyano kung paanong nakipagdigmaan siya sa iba pa sa kanila kabilang sa mga tagatangging sumampalataya at tumanggap siya mula sa nagbigay sa kanya kabilang sa kanila ng jizyah nang sa gayon hindi sila pumigil sa pag-abot ng paanyaya sa natitira sa kanila at nang sa gayon pumasok sa Islām ang sinumang nagnais kabilang sa kanila nang walang pangamba sa mga kalipi nito na bumalakid sa kanya o pumigil sa kanya o pumatay sa kanya.

Nagsalaysay nga sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Samantalang kami ay nasa masjid, lumabas ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi: **"Humayo kayo sa mga Hudyo." Kaya lumisan kami kasama niya hanggang sa dumating kami sa Bet Midrash. Tumayo ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nanawagan sa kanila saka nagsabi siya: "O katipunan ng mga Hudyo, umanib kayo sa Islām, maliligtas kayo." Kaya nagsabi sila: "Nakapagpaabot ka na, O Ama ni Al-Qāsim."**

**Kaya nagsabi sa kanila ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Iyon ay ninanais ko; umanib kayo sa Islām, maliligtas kayo." Kaya nagsabi sila: "Nakapagpaabot ka na, O Ama ni Al-Qāsim." Kaya nagsabi sa kanila ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Iyon ay ninanais ko." Pagkatapos nagsabi siya nito sa ikatlong pagkakataon.}** Teksto ng ḥadīth.

Ang tinutukoy ay na siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay pumunta sa mga may relihiyon kabilang sa mga Hudyo sa Bet Midrash nila saka nag-anyaya sa kanila tungo sa Islām at nagsabi sa kanila: "Umanib kayo sa Islām, maliligtas kayo." Umulit-ulit siya nito sa kanila.

Gayundin, nagpadala siya ng sulat niya kay Heraclius, na nag-aanyaya rito tungo sa Islām at nagpapabatid rito na kung tatanggi ito, tunay na nakaatang dito ang kasalanan ng mga tumanggi sa Islām dahilan sa pagtanggi nito roon. Nagsalaysay nga sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ nilang dalawa na si Heraclius ay nagpatawag ng sulat ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at

pangalagaan) saka nagbasa nito saka nasaad dito: **"Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain. Mula kay Muḥammad na Sugo ni Allāh tungo kay Heraclius na Dakila ng Bizancio. Kapayapaan ay ukol sa sinumang sumunod sa patnubay. Sa pagsisimula, tunay na ako ay nag-aanyaya sa iyo sa pamamagitan ng paanyaya ng Islām. Umanib ka sa Islām, maliligtas ka: magbibigay sa iyo si Allāh ng pabuya sa iyo nang dalawang ulit; ngunit kung tatalikod ka, tunay na nakaatang sa iyo ang kasalanan ng mga tagabukid.**

﴿يَـٰٓأَهۡلَ ٱلۡكِتَـٰبِ تَعَالَوۡاْ إِلَىٰ كَلِمَةٖ سَوَآءِۭ بَيۡنَنَا وَبَيۡنَكُمۡ أَلَّا نَعۡبُدَ إِلَّا ٱللَّهَ وَلَا نُشۡرِكَ بِهِۦ شَيۡـٔٗا وَلَا يَتَّخِذَ بَعۡضُنَا بَعۡضًا أَرۡبَابٗا مِّن دُونِ ٱللَّهِۚ فَإِن تَوَلَّوۡاْ فَقُولُواْ ٱشۡهَدُواْ بِأَنَّا مُسۡلِمُونَ ٦٤﴾

{Sabihin mo: "O mga May Kasulatan, halikayo sa isang salitang magkatulad sa pagitan namin at ninyo: na hindi tayo sasamba kundi kay Allāh, hindi tayo magtatambal sa Kanya ng anuman, at hindi gagawa ang iba sa atin sa iba bilang mga panginoon bukod pa kay Allāh." Ngunit kung tumalikod sila ay sabihin ninyo: "Sumaksi kayo na

kami ay mga Muslim."}" (Qur’ān 3:64)

Pagkatapos noong umayaw sila at tumanggi sila sa pagpasok sa Islām, nakipaglaban sa kanila siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila) at nagsatungkulin siya sa kanila ng jizyah.

Para sa pagbibigay-diin sa pagkaligaw nila at na sila ay nasa isang relihiyong walang-saysay matapos ng pagkapawalang-bisa nito dahil sa Relihiyon ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), nag-utos si Allāh sa Muslim na humiling kay Allāh sa bawat araw, sa bawat dasal, at sa bawat pagyukod na magpatnubay sa kanya sa landasing tuwid na tumpak na tinatanggap, ang Islām: na magpaiwas sa kanya sa daan ng mga kinagalitan, ang mga Hudyo at ang mga kawangis nila na nakaaalam na sila ay nasa kabulaanan at nagpupumilit doon; na magpaiwas sa kanya sa daan ng mga ligaw na nagpapakamananamba nang walang kaalaman at nag-aakala na sila ay nasa isang daan ng patnubay samantalang sila ay nasa daan ng kaligawan, ang mga Kristiyano at ang mga nakiwangis sa kanila kabilang sa mga iba

pang kalipunan nagpapakamananamba sa pagkaligaw at kamangmangan. Ang lahat ng iyon ay upang makaalam ang Muslim ng kaalaman ng katiyakan na ang bawat relihiyong iba pa sa Islām ay kabulaanan at na ang bawat sinumang nagpapakamananamba kay Allāh ayon sa iba pa sa Islām ay ligaw. Ang sinumang hindi naniniwala roon ay hindi kabilang sa mga Muslim. Ang mga patunay sa paksang ito ay marami mula sa Qur'ān at Sunnah.

Kaya ang kinakailangan sa may-akda ng artikulong ito na si `Abdulfattāḥ ay na magdali-dali siya sa tapat na pagbabalik-loob at na magsulat siya ng isang artikulong nagpapahayag dito ng pagbabalik-loob niya. Ang sinumang nagbalik-loob kay Allāh ng isang tapat na pagbabalik-loob, tatanggap si Allāh sa kanya ng pagbabalik-loob batay sa sabi ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿...وَتُوبُوٓاْ إِلَى ٱللَّهِ جَمِيعًا أَيُّهَ ٱلۡمُؤۡمِنُونَ لَعَلَّكُمۡ تُفۡلِحُونَ﴾

{... Magbalik-loob kayo kay Allāh nang lahatan, O mga mananampalataya, nang sa gayon kayo ay magtatagumpay.} (Qur'ān 24:31) (Qur'ān 24:31)

Ang sabi pa Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَٱلَّذِينَ لَا يَدۡعُونَ مَعَ ٱللَّهِ إِلَٰهًا ءَاخَرَ وَلَا يَقۡتُلُونَ ٱلنَّفۡسَ ٱلَّتِي حَرَّمَ ٱللَّهُ إِلَّا بِٱلۡحَقِّ وَلَا يَزۡنُونَۚ وَمَن يَفۡعَلۡ ذَٰلِكَ يَلۡقَ أَثَامٗا ٦٨ يُضَٰعَفۡ لَهُ ٱلۡعَذَابُ يَوۡمَ ٱلۡقِيَٰمَةِ وَيَخۡلُدۡ فِيهِۦ مُهَانًا ٦٩ إِلَّا مَن تَابَ وَءَامَنَ وَعَمِلَ عَمَلٗا صَٰلِحٗا فَأُوْلَٰٓئِكَ يُبَدِّلُ ٱللَّهُ سَيِّـَٔاتِهِمۡ حَسَنَٰتٖۗ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورٗا رَّحِيمٗا ٧٠﴾

{68. [Sila] ang mga hindi nananalangin kasama kay Allāh sa isang diyos na iba pa, hindi pumapatay ng taong ipinagbawal ni Allāh malibang ayon sa karapatan, at hindi nangangalunya. Ang sinumang gumawa niyon ay makatatagpo siya ng kaparusahan sa kasalanan:

69. pag-iibayuhin para sa kanya ang pagdurusa sa Araw ng Pagbangon at mamalagi siya roon na hinahamak,

70. maliban sa sinumang nagbalik-loob, sumampalataya, at gumawa ng gawang maayos sapagkat ang mga iyon ay papalitan ni Allāh ng mga gawang maganda ang mga gawang masagwa nila. Laging si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain.}

(Qur’ān 25: 68-70) (Qur'ān 25:68-70) Batay rin sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang Islām ay nagwawasak ng anumang bago nito. Ang pagbabalik-loob ay nagwawasak ng anumang bago nito."** at sabi pa niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang nagbalik-loob mula sa pagkakasala ay gaya ng sinumang walang pagkakasala sa kanya."**

Ang mga talata at ang mga ḥadīth kaugnay sa kahulugang ito ay marami.

Humihiling ako kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) na ipakita Niya sa atin ang katotohanan bilang katotohanan at itustos Niya sa atin ang pagsunod doon; na ipakita Niya sa atin ang kabulaanan bilang kabulaanan at itustos Niya sa atin ang pag-iwas doon; na ipagmagandang-loob Niya sa atin, sa manunulat na si `Abdulfattāḥ, at sa lahat ng mga Muslim ang tapat na pagbabalik-loob; at na kupkupin Niya tayo sa kalahatan laban sa mga panliligaw ng mga sigalot at pagtalima sa pithaya at demonyo; tunay na Siya ay ang Katangkilik doon at ang Nakakakakaya niyon.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, ang mga Kasamahan niya, at ang sinumang sumunod sa kanila sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas.

❇❇❇

# Index

Ang Unang Mensahe.................................................2

Ang Tumpak na Paniniwala at ang Sumasalungat Dito ....................................................2

Ang Unang Saligan: Ang Pananampalataya kay Allāh (Napakataas Siya) ...............................................8

Ang Ikalawang Saligan: Ang Paniniwala sa mga Anghel ..................................................................31

Ang Ikatlong Saligan. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan. Ito ay naglalaman din ng dalawang usapin:...................................................................33

Ang Ikaapat na Saligan. Ang Pananampalataya sa mga Sugo.............................................................37

Ang Ikalimang Saligan. Ang Pananampalataya sa Huling Araw.....................................................39

Ang Ikaanim na Saligan. Ang Pananampalataya sa Pagtatakda.......................................................41

Ang mga Paniniwalang Tagakontra sa Tumpak

na Pinaniniwalaan ........................................................ 49

Ang Ikalawang Mensahe: Hinggil sa Kahatulan ng Pagpapasaklolo sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) ........................................ 64

Ang Ikatlong Mensahe ........................................ 91

Hinggil sa Kahatulan ng Pagpapasaklolo sa mga Jinn at mga Demonyo at Pamamanata sa Kanila 91

Ang Ikaapat na Mensahe ...................................124

Hinggil sa Kahatulan ng Pagpapakamananamba sa Pagsambit ng mga Sambiting Pambid\`ah at Pangshirk ...........................................................124

Ang Ikalimang Mensahe: ...................................164

Ang Kahatulan sa Pagdiriwang ng Kaarawan ng Propeta at Iba pa Rito na mga Kaarawan ...........164

Ang Ikaanim na Mensahe ..................................181

Ang Kahatulan sa Pagdiriwang ng Gabi ng Isrā' at Mi\`rāj...........................................................181

Ang Ikapitong Mensahe ....................................191

Ang Kahatulan ng Pagdiriwang Gabi ng

Kalagitnaan ng Sha`bān .........................................191
Ang Ikawalong Mensahe...................................213
Mahalagang Pagtawag-pansin sa Kasinungalingan ng Tagubiling Iniugnay ...........213
Ni Shaykh Aḥmad na Tagapagsilbi ng Pampropetang Marangal na Ḥaram .....................213
Ang Ikasiyam na Mensahe: Ang Kahatulan sa Panggagaway at Panghuhula at ang Nauugnay Rito ...............................................................................240
Ang Ikasampung Mensahe: Ang Pagbibigay-babala Laban sa Pagpapatayo ng mga Masjid sa mga Libingan ........................................................266
Ang Ikalabing-isang Mensahe: Ang Paglilibing ng mga Patay sa mga Masjid...................................275
Ang Ikalabindalawang Mensahe: Ang Paglilinaw sa Kawalang-Pananampalataya at Pagkaligaw ng Sinumang Nag-akala na Pinapayagan sa Isang Tao ang Paglabas sa Sharī`ah ni Muḥammad (Basbasan Siya ni Allāh at

Pangalagaan) ........................................................... 280

❇❇❇

tl397v4.0 - 17/08/2026

حرمين

رئاسة الشؤون الدينية
بالمسجد الحرام والمسجد النبوي

# رسالة الحرمين

# Message of The Two Holy Mosques

Guidance content for the visitors of the Holy Mosque and the Prophet's Mosque in languages.

978-603-517-072-7